# Pangunahing Halalan

## Martes, Hunyo 2, 2026


Opisyal na Patnubay na Impormasyon para sa Botante

## Huwag nang Ipaantala, Bumoto Na Agad!

**Ibalik ang inyong balota pagkatapos ninyo itong matanggap.**

**Ang panahon ng maagang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay magsisimula sa Mayo 4, 2026.**

**Bukas ang mga botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Hunyo 2, 2026, ang Araw ng Halalan!**



### PINAGKAKATIWALAANG IMPORMASYON NG CALIFORNIA

Makakatanggap ang bawat rehistradong botante sa California ng balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Ang mga balota ay ipapadala sa koreo sa o bago ang Mayo 4.

Ibalik ang inyong mga balota pagkatapos ninyo itong matanggap at markahan.

Magbubukas ang mga drop box ng balota sa Mayo 5.

Magkakaroon ng mga opsyon para sa personal na pagboto sa lahat ng county.

Madaling makita sa cellphone
I-SCAN AKO

### Sertipiko ng Pagiging Tama

Ako, si Shirley N. Weber, ang Kalihim ng Estado ng Estado ng California, ay nagpapatunay, sa pamamagitan nito, na ang impormasyong nakapaloob dito ay ihaharap sa mga manghahalal ng Estado ng California sa Pangunahing Halalan na isasagawa sa buong Estado sa Hunyo 2, 2026, at na ang patnubay na ito ay wastong inihanda alinsunod sa batas. Saksihan ang aking kamay at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, ngayong ika-9 na araw ng Marso, 2026.

**Shirley N. Weber, Ph.D.**
**Kalihim ng Estado**

BATAS SA

# MGA KARAPATAN

NG BOTANTE

## MAYROON KAYO NG MGA SUMUSUNOD NA KARAPATAN:

1 **Ang karapatang bumoto kung kayo ay isang rehistradong botante.** Kayo ay kwalipikadong bumoto kung:

- isa kayong mamamayan ng U.S. na nakatira sa California
- 18 taong gulang pataas na kayo
- kayo ay rehistrado sa kung saan kayo kasalukuyang nakatira
- hindi kayo kasalukuyang nakapiit sa isang pang-estado o pederal na bilangguan dahil sa pagkakahatol sa isang krimen, at
- hindi kayo kasalukuyang itinuturing ng hukuman na walang kakayahan para bumoto dahil sa kalagayan ng isip

2 **Ang karapatang bumoto kung isa kayong rehistradong botante kahit na wala ang pangalan ninyo sa listahan.** Boboto kayo gamit ang isang pansamantalang balota. Bibilangin ang inyong boto kung matutukoy ng mga opisyal ng halalan na kwalipikado kayong bumoto.

3 **Ang karapatang bumoto kung nasa pila pa rin kayo kapag nagsara ang mga botohan.**

4 **Ang karapatang bumoto gamit ang lihim na balota** nang walang nang-aabala sa inyo o nagsasabi sa inyo kung paano bumoto.

5 **Ang karapatang makakuha ng bagong balota kung nagkamali kayo,** kung hindi pa ninyo naihuhulog ang inyong balota. Maaari ninyong gawin ang sumusunod:

**Humingi ng** panibagong balota **sa isang opisyal ng halalan sa lugar ng botohan,**
**Papalitan ng panibago ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo**
sa isang opisina ng halalan, o sa inyong lugar ng botohan, o
**Bumoto gamit ang pansamantalang balota.**

6 **Ang karapatang makatanggap ng tulong sa paghuhulog ng inyong balota** mula sa sinumang inyong pipiliin, maliban sa inyong employer o kinatawan ng unyon.

7 **Ang karapatang ihulog ang inyong nakumpletong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa anumang lugar ng botohan** sa California.

8 **Ang karapatang makatanggap ng mga materyal ng halalan sa wikang iba pa sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa inyong pagbobotohan na presinto na gumagamit ng wikang iyon.

9 **Ang karapatang magtanong sa mga opisyal ng halalan tungkol sa mga pamamaraan ng halalan** at mapanood ang proseso ng halalan. Kung hindi masasagot ng taong tatanungin ninyo ang inyong mga tanong, dapat niya kayong ituro sa tamang taong makakapagbigay ng sagot. Kung kayo ay nakakaabala, maaari niyang ihinto ang pagsagot sa inyo.

10 **Ang karapatang mag-ulat ng anumang ilegal o mapanlinlang na aktibidad sa halalan** sa isang opisyal ng halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.

- Sa web sa **www.sos.ca.gov**
- Sa pamamagitan ng telepono sa **(800) 339-2957**
- Sa pamamagitan ng email sa **elections@sos.ca.gov**

**KUNG NANINIWALA KAYONG PINAGKAITAN KAYO NG ALINMAN SA MGA KARAPATANG ITO,** TUMAWAG SA KUMPIDENSYAL NA LIBRENG HOTLINE PARA SA BOTANTE NG KALIHIM NG ESTADO SA **(800) 339-2957.**

# TALAAN NG MGA NILALAMAN

PAHINA

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO 10

### IMPORMASYON NG BOTANTE

Batas Sa Mga Karapatan Ng Botante . . . . . . . 2
Mga Nangungunang Tagaambag . . . . . . . 3
Mga Mapagkukunan sa Website ng Kalihim ng Estado . . . . 3
I-track ang Inyong Balota . . . . . . . 3
Mensahe mula sa Kalihim ng Estado . . . . . . . 4
Huwag nang Ipaantala, Bumoto Na Agad! . . . . . . . 5
Mas Maraming Araw, Mas Maraming Paraan ng VCA . . . . . . 5
Mga Maikling Impormasyon . . . . . . . 6
Mga Halalan sa California . . . . . . . 7
Impormasyon Tungkol sa Mga Pahayag ng Kandidato . . . . . 8
Motor Voter sa California . . . . . . . 57
Impormasyon sa Pagiging Pribado ng Pagpaparehistro ng Botante . . . . . . . 57
Abiso sa Electioneering . . . . . . . 58
Abiso sa Katiwalian sa Proseso ng Pagboto . . . . . . . 59
ID ng Botante sa California at Mga Kinakailangan sa Pagpaparehistro . . . . . . . 60
Malayuang Naa-aacess na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo . . . . . . . 61
Tulong sa Mga Botanteng May Kapansanan . . . . . . . 62
Mga Petsang Dapat Tandaan . . . . . . . 63

# Mga Nangungunang Tagaambag sa Mga Kandidato ng Estado

Kapag nakalikom ng hindi bababa sa $1 milyon ang isang komite (isang tao o grupo ng mga taong tumatanggap o gumagastos ng pera para maimpluwensyahan ang mga botante na sumuporta o hindi sumuporta ng mga kandidato), dapat iulat ng komite ang nangungunang 10 tagaambag nito sa Komisyon sa Mga Patas na Kasanayan sa Pulitika (FPPC) ng California. Dapat i-update ng komite ang listahan kung may anumang pagbabago.

Available ang mga listahang ito sa website ng FPPC sa: *fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html*

Upang malaman ang mga kontribusyon sa kampanya para sa mga kandidato o panukalang balota, bisitahin ang website ng Kalihim ng Estado sa *powersearch.sos.ca.gov*.

NANGUNGUNANG 10

# Bisitahin ang Website ng Kalihim ng Estado upang:

- Tingnan ang patnubay sa botante na ito sa iba pang wika sa *voterguide.sos.ca.gov*
- Upang i-order ang patnubay na ito sa audio at malaking print na bersyon sa Ingles, Chinese, Hindi, Japanese, Khmer, Korean, Spanish, Tagalog, Thai, at Vietnamese nang walang bayad, pumunta sa *vote.ca.gov*
- Hanapin ang drop box, lugar ng botohan, o sentro ng boto na pinakamalapit sa inyo sa *caearlyvoting.sos.ca.gov*
- Hanapin ang inyong lugar ng botohan o sentro ng boto sa Araw ng Halalan sa *sos.ca.gov/elections/polling-place* O *voterstatus.sos.ca.gov*
- Tingnan ang katayuan at impormasyon ng inyong pagpaparehistro sa *voterstatus.sos.ca.gov*
- Panoorin ang mga live na resulta ng halalan pagkatapos magsara ng botohan sa Araw ng Halalan sa *electionresults.sos.ca.gov*

# I-track ang Inyong Balota

Makakatanggap ang lahat ng botante ng mahahalagang update tungkol sa kanilang mga balota sa pamamagitan ng opisyal na tool sa pag-track na "Nasaan ang Aking Balota? (Where's My Ballot?)" ng California. Ang pag-sign up ay wala pang tatlong minuto!

Maaari ninyong piliing makatanggap ng mga notification sa katayuan ng inyong balota sa pamamagitan ng text (SMS), email, o voice call, pati ng mga alerto kung may anumang isyu sa inyong balota at mga instruksyon sa kung paano ito maitatama upang matiyak na mabibilang ang inyong boto.

Huwag palampasin ang pagkakataong i-track ang inyong balota mula sa simula hanggang sa makumpleto ito! Bumisita sa *wheresmyballot.sos.ca.gov* para sa higit pang impormasyon.

NASAAN ANG AKING BALOTA?

# Mensahe mula sa Kalihim ng Estado

Minamahal na Botante ng California,

Salamat sa paglalaan ng oras upang malaman ang tungkol sa mga kandidatong lilitaw sa balota ng Pangunahing Halalan sa Hunyo 2026. Ang Patnubay na Impormasyon para sa Botante na ito ay idinisenyo upang magbigay sa inyo ng mahalaga at walang kinikilingang impormasyon upang matulungan kayo na gumawa ng matatalinong pasya sa pagboto.

Ipinagmamalaki ng California na magbigay sa mga botante ng ligtas, naa-access, at walang kinikilingang halalan. Ang bawat aktibong rehistradong botante ay makakatanggap ng balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, kung saan ligtas at madali silang makakaboto. Maaari ninyong ibalik ang inyong balota sa isang opisyal na drop box ng balota, sa pamamagitan ng personal na pagboto sa isang lokasyon ng pagboto, o pagpapadala nito sa pamamagitan ng United States Postal Service. May mga pagkakataon sa maagang pagboto sa maraming komunidad, at nananatiling opsyon ang Araw ng Halalan para sa mga mas gustong bumoto nang personal.

Ang inyong boto ay ang inyong boses. Ang paglahok sa mga halalan ay nakakatulong sa paghubog sa kinabukasan ng ating mga komunidad, estado, at bansa. Ang Opisina ng Kalihim ng Estado ay mahigpit na nakikipagtulungan sa mga opisyal ng halalan ng county upang matiyak na ang bawat karapat-dapat na taga-California ay may pagkakataong magparehistro, bumoto, at mabilang ang kanilang balota sa tama at ligtas na paraan.

Ang patnubay na ito ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga kandidato sa buong estado at ng mga mapagkukunan sa pagboto na magagamit ninyo. Hinihikayat ko kayong suriin ito nang mabuti at maghanap kayo ng karagdagang mapagkakatiwalaang impormasyon tungkol sa halalan sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterstatus.sos.ca.gov* o pakikipag-ugnayan sa opisina ng halalan sa inyong county.

Ang lakas ng California ay nagmumula sa paglahok ng mga botante nito. Kapag bumoboto kayo, nakakatulong kayo na tiyaking sumasalamin ang ating demokrasya sa mga tinig at pinapahalagahan ng ating diverse na estado.

Salamat sa pagiging isang aktibo at may kaalaman na botante.

# Huwag nang Ipaantala, Bumoto Na Agad!

Ang lahat ng botante sa California ay papadalhan sa pamamagitan ng koreo ng balota na may kasamang return envelope na bayad na ang postage para sa Pangunahing Halalan sa Hunyo 2, 2026. Magsisimulang magpadala ng mga balota ang mga opisyal ng halalan ng county nang hindi lalampas ng Mayo 4, 2026.

Maagang iparinig ang inyong boses. Huwag nang ipaantala, bumoto na agad. Maaari kayong bumoto sa inyong balota kapag natanggap na ninyo ito sa koreo.

Umaasa sa inyo ang demokrasya! Sundin ang limang madaling hakbang na ito upang magamit ang karapatan ninyong bumoto:

**Kumpletuhin ito.**

Markahan ang inyong mga napili sa balota.

**Iselyado ito.**

I-secure ang inyong balota sa return envelope ng balota na natanggap ninyo mula sa opisina ng halalan ng inyong county.

**Lagdaan ito.**

Lagdaan ang labas ng return envelope ng inyong balota.

Tiyaking tumutugma ang lagda ninyo sa lagda sa inyong lisensya sa pagmamaneho/ID ng estado sa CA, o sa ibinigay ninyo nang kayo ay magparehistro upang bumoto. Paghahambingin ng opisina ng halalan sa inyong county ang mga ito bago nila bilangin ang inyong balota.

**Ibalik ito.**

Sa pamamagitan drop box—Ihulog ang inyong nakumpletong balota sa return envelope sa isang ligtas na opisyal na drop box sa inyong county anumang oras mula Mayo 5 hanggang sa pagsasara ng botohan sa Hunyo 2.

Sa personal—Ihulog ang inyong nakumpletong balota sa return envelope sa isang ligtas na drop box, lugar ng botohan, sentro ng boto, o opisina ng halalan ng county bago mag-8:00 p.m. sa Hunyo 2. Magkakaroon ng mga lokasyon ng pagboto sa lahat ng county bago ang Araw ng Halalan. Magbibigay ang mga lokasyon ng pagboto ng pagpaparehistro ng botante, mga kapalit na balota, madaling gamitin na machine sa pagboto, at tulong sa wika.

Sa pamamagitan ng koreo—Ibalik ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo kapag natanggap na ninyo ito. Ang mga ipapadalang balota ay dapat ma-postmark sa o bago ang Araw ng Halalan at matanggap hindi hihigit sa 7 araw pagkalipas ng Araw ng Halalan. Para matiyak na mapo-postmark ang balota ninyo bago ang Araw ng Halalan, tiyaking ipadala ito nang hindi bababa sa limang araw bago ang Araw ng Halalan sa Hunyo 2, 2026. Kung sa Araw ng Halalan kayo magpapadala, kumuha ng hand-stamped na postmark sa isang empleyado ng post office sa loob ng United States Post Office.

**I-track ito.**

Mag-sign up sa *wheresmyballot.sos.ca.gov* upang makatanggap ng mga update sa katayuan ng inyong balota sa pamamagitan ng text message (SMS), email, o voice call. Huwag palampasin ang pagkakataong i-track ang inyong balota mula sa simula hanggang sa makumpleto ito!

# Mas Maraming Araw, Mas Maraming Paraan ng Pagboto

CALIFORNIA VOTER'S CHOICE ACT

### sa Batas sa Pagpipilian ng Botante ng California

Bukas ang mga sentro ng boto para sa personal na pagboto nang hanggang sa 10 araw bago ang Araw ng Halalan sa mga county na may Batas sa Pagpipilian ng Botante.

Kung nakatira kayo sa alinman sa mga sumusunod na county, maaari kayong bumoto nang personal sa anumang sentro ng boto sa inyong county.

- Alameda
- Amador
- Butte
- Calaveras
- El Dorado
- Fresno
- Humboldt
- Imperial
- Kings
- Los Angeles
- Madera
- Marin
- Mariposa
- Merced
- Napa
- Nevada
- Orange
- Placer
- Riverside
- Sacramento
- San Benito
- San Diego
- San Mateo
- Santa Clara
- Santa Cruz
- Sonoma
- Stanislaus
- Tuolumne
- Ventura
- Yolo

Para malaman pa, bumisita sa *vca.sos.ca.gov*.

# Mga Maikling Impormasyon para sa Pangunahing Halalan sa Hunyo 2, 2026

**Paano ako magpaparehistro upang bumoto?**

Magparehistro upang bumoto o i-update ang inyong pagpaparehistro online sa *registertovote.ca.gov*. Kung gusto ninyong magsagot ng aktwal na form, makikita ang mga application para sa pagpaparehistro ng botante sa mga post office, opisina ng halalan ng county, at silid-aklatan.

**Paano kung hindi ako umabot sa deadline ng pagpaparehistro ng botante?**

Kung hindi kayo aabot sa deadline upang magparehistro upang bumoto, maaari pa rin kayong pumunta sa opisina ng halalan, sentro ng boto, o lugar ng botohan sa inyong county sa o bago ang Araw ng Halalan para kumpletuhin ang pagpaparehistro ng botante na may kundisyon (na karaniwang tinatawag na “Pagpaparehistro ng Botante sa Parehong Araw”). Makipag-ugnayan sa opisina ng halalan sa inyong county para sa higit pang impormasyon o bumisita sa *vote.ca.gov*.

**Paano kung kailangan kong malaman ang katayuan ng aking pagpaparehistro bilang botante?**

Para malaman ang katayuan ng inyong pagpaparehistro bilang botante, puwede ninyong gamitin ang tool na “Aking Katayuan Bilang Botante (My Voter Status)” sa *voterstatus.sos.ca.gov*.

**Kailan ko matatanggap ang aking balota?**

Papadalhan ang lahat ng aktibong rehistradong botante ng balota para sa Pangunahing Halalan sa Hunyo 2, 2026. Mayo 4, 2026 ang huling araw ng na magsisimulang magpadala ng mga balota ang mga county.

**Kailan ko matatanggap ang aking Opisyal na Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Estado?**

Matatanggap ng mga rehistradong botante ang kanilang Opisyal na Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Estado ilang linggo bago ang Araw ng Halalan. Makikita rin ito online sa *voterguide.sos.ca.gov*.

**Paano kung kailangan ko ng kapalit na balota?**

Kung hindi ninyo natanggap ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo, o kung nawala o nasira ang inyong orihinal na balota, puwede kayong mag-apply para sa kapalit na balota. Makikita ang application para sa kapalit na balota sa *https://elections.cdn.sos.ca.gov/vote-by-mail/pdf/replacement-application.pdf*.

Maaari din kayong humiling ng kapalit na balota sa opisina ng halalan sa inyong county sa pamamagitan ng telepono, email, fax, o iba pang elektronikong paraan.

**Paano ko maibabalik ang aking balota?**

Maaari ninyong ibalik ang inyong balota:

- <u>Sa pamamagitan ng drop box:</u> Puwede ninyong personal na dalhin ang inyong balota sa anumang botohan o lokasyon kung saan ihuhulog ang balota sa California bago mag-8:00 p.m. sa Araw ng Halalan.
- <u>Sa personal:</u> Ang mga lokasyon ng botohan ay itinatakda ng mga opisyal ng halalan ng county at bukas mula **7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan, Martes, Hunyo 2, 2026**. Upang makahanap ng lokasyon para sa maagang pagboto bago ang Araw ng Halalan, bumisita sa *caearlyvoting.sos.ca.gov*.
- <u>Sa pamamagitan ng koreo:</u> Ibalik ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo kapag natanggap na ninyo ito. Ang mga ipapadalang balota ay dapat ma-postmark sa o bago ang Araw ng Halalan at matanggap nang hindi lalampas sa 7 araw pagkalipas ng Araw ng Halalan. Para matiyak na mapo-postmark ang balota ninyo bago ang Araw ng Halalan, tiyaking ipadala ito nang hindi bababa sa limang araw bago ang Araw ng Halalan sa Hunyo 2, 2026. Kung sa Araw ng Halalan kayo magpapadala, kumuha ng hand-stamped na postmark sa isang empleyado ng post office sa loob ng United States Post Office.

**Paano ko mahahanap ang aking pinakamalapit na drop box, lugar ng botohan, o sentro ng boto?**

- Bumisita sa *caearlyvoting.sos.ca.gov* upang mahanap ang iyong pinakamalapit na drop box, lugar ng botohan, o sentro ng boto.
- Makipag-ugnayan sa opisina ng halalan sa inyong county.

**Paano ko mata-track ang aking balota upang malaman kung natanggap at nabilang na ito?**

Maaaring makatanggap ang mga botante ng mga notification sa katayuan ng kanilang ibinalik na balota sa pamamagitan ng pag-sign up sa tool na “*Nasaan ang Aking Balota? (Where’s My Ballot?)*”.

Mag-sign up sa *wheresmyballot.sos.ca.gov* upang makatanggap ng mga awtomatikong update sa pamamagitan ng text message (SMS), email, o voice call.

Maaari din kayong pumunta sa *voterstatus.sos.ca.gov* upang malaman kung nabilang ang inyong boto.

**Mahahalagang Deadline:**

| | |
|---|---|
| Huling araw upang simulan ng mga county na magpadala ng mga balota | Mayo 4 |
| Huling araw upang magparehistro upang bumoto | Mayo 18 |
| Pagpaparehistro ng botante na may kundisyon | Mayo 19–Hunyo 2 |
| Dapat ibalik ang lahat ng balota* | Hunyo 2 |

*Ang lahat ng balotang ipapadala sa pamamagitan ng koreo ay dapat ma-postmark sa o bago ang Hunyo 2 at matanggap ng mga opisina ng halalan ng county nang hindi lalampas sa Hunyo 9.

# Mga Halalan sa California

Iniaatas ng Batas sa Open Primary para sa Nangungunang Dalawang Kandidato na ilista ang lahat ng kandidato para sa isang katungkulan na hinirang ng botante sa iisang balota. Dating tinatawag na may partidong mga katungkulan, kasama sa mga katungkulan na hinirang ng botante ang mga pambatasang katungkulan sa estado, katungkulan sa kongreso ng U.S., at konstitusyonal na katungkulan sa estado.

Sa bukas na pangunahin at pangkalahatang halalan, maaari ninyong iboto ang sinumang kandidato, anuman ang kagustuhan sa partido na tinukoy ninyo sa inyong form ng pagpaparehistro ng botante. Sa pangunahing halalan, ang dalawang kandidatong nakatanggap ng pinakamaraming boto—maging anuman ang kagustuhan sa partido—ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan. Kung ang isang kandidato ay makakatanggap ng karamihan ng boto (hindi bababa sa 50 porsyento + 1), dapat pa ring magsagawa ng pangkalahatang halalan.

Hindi naaangkop ang sistema ng open primary ng California sa mga kandidatong tumatakbo para maging Presidente ng U.S., sentral na komite ng county, o mga lokal na katungkulan.

Maaari pa ring tumakbo sa pangunahing halalan ang mga kandidatong hindi nakalista sa balota para sa mga katungkulan na hinirang ng botante. Gayunpaman, magagawa lang ng isang kandidatong hindi nakalista sa balota na magpatuloy sa pangkalahatang halalan kung ang kandidato ay isa sa dalawang makakakuha ng pinakamaraming boto sa pangunahing halalan. Bukod pa rito, walang proseso ng independiyenteng nominasyon para sa isang pangkalahatang halalan.

Iniaatas ng batas ng California na i-print ang mga sumusunod na impormasyon sa patnubay na ito.

## Mga Katungkulan na Hinirang ng Botante

Walang karapatan ang mga partidong pampulitika na pormal na humirang ng mga kandidato para sa mga katungkulan na nominado ng botante sa pangunahing halalan. Ang kandidatong hinirang para sa katungkulan na hinirang ng botante sa pangunahing halalan ang magiging nominado ng mga tao at hindi ang opisyal na nominado ng anumang partido sa pangkalahatang halalan. Dapat sabihin sa balota ng kandidato para sa nominasyon sa katungkulan na nominado ng botante ang kanyang gustong kwalipikadong partido, o ang kawalan niya ng gustong partido, ngunit ang kandidato lang ang pipili sa itatalagang gustong partido, at ipapakita lang ito para sa impormasyon ng mga botante. Hindi ito nangangahulugan na ang kandidato ay hinihirang o iniendorso ng itinalagang partido, o na may kaugnayan sa pagitan ng partido at kandidato, at hindi dapat ituring ang sinumang kandidatong hinirang ng mga botante bilang opisyal na hinirang na kandidato ng anumang partidong pampulitika. Sa patnubay na impormasyon para sa botante ng county, maaaring ilista ng mga partido ang mga kandidato para sa mga katungkulan na hinirang ng botante na nakatanggap ng opisyal na pag-eendorso ng partido.

Maaaring iboto ng sinumang botante ang kahit na sinong kandidato para sa katungkulan na hinirang ng botante kung matutugunan nila ang iba pang kinakailangang kwalipikasyon para makaboto sa katungkulang iyon. Ang nangungunang dalawang makakatanggap ng pinakamaraming boto sa pangunahing halalan ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan para sa katungkulan na hinirang ng botante kahit iisa lang ang isinaad na itinalagang gustong partido ng parehong kandidato. Walang karapatan ang anumang partido na patuluyin sa pangkalahatang halalan ang isang kandidato sa pamamagitan ng pagtatalaga nito ng gustong partido, maliban na lang kung ang kandidato ay isa sa dalawa sa mga may pinakamaraming boto sa pangunahing halalan.

## Mga Walang Partidong Katungkulan

Walang karapatan ang mga partidong pampulitika na maghirang ng mga kandidato para sa mga walang partidong katungkulan sa pangunahing halalan, at ang isang kandidato sa pangunahing halalan ay hindi opisyal na nominado ng anumang partido para sa partikular na katungkulan sa pangkalahatang halalan. Hindi maaaring italaga ng isang kandidato para sa nominasyon sa isang walang partidong katungkulan ang kanyang gustong partido, o ang kawalan niya ng gustong partido, sa balota. Ang nangungunang dalawang may pinakamaraming boto sa pangunahing halalan ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan para sa walang partidong katungkulan.

# Impormasyon Tungkol sa Mga Pahayag ng Kandidato

Ang patnubay sa botanteng ito ay may mga kasamang pahayag ng kandidato mula sa mga kandidato para sa pambuong-estadong konstitusyonal na katungkulan na nagsisimula sa pahina 10 ng patnubay na ito.

## Mga Pambuong-estadong Konstitusyonal na Katungkulan

Kasama sa batas ng California ang mga boluntaryong limitasyon sa paggastos para sa mga kandidatong tumatakbo para sa katungkulan sa estado na pinipiling panatilihin ang kanilang mga gastos sa kampanya nang mas mababa sa mga tinukoy na halagang dolyar. Ang mga kandidato para sa mga pambuong-estadong konstitusyonal na katungkulan na tatanggapin ang mga limitasyon sa paggastos ay puwedeng bumili ng espasyo para sa isang pahayag ng kandidato (na hanggang 250 salita) sa patnubay sa botante na ito.

Ang mga limitasyon sa boluntaryong paggastos para sa mga sumusunod na katungkulan para sa Pangunahing Halalan sa Hunyo 2, 2026 ay: • Gobernador—$11,767,000 • Bise Gobernador, Kalihim ng Estado, Controller, Tagaingat-Yaman, Attorney General, Komisyonado ng Insurance, at Superintendent ng Pampublikong Pagtuturo—$7,844,000 • Miyembro ng Board of Equalization—$1,961,000

Sa mga sumusunod na listahan ng kandidato, ang asterisk (*) ay tumutukoy sa isang kandidato para sa pambuong-estadong konstitusyonal na katungkulan na tinanggap ang mga limitasyon sa boluntaryong paggastos sa kampanya ng California at kaya, may opsyong bumili ng espasyo para sa pahayag ng kandidato sa patnubay sa botante na ito. May ilang kwalipikadong kandidato na tinanggap ang mga limitasyon sa paggastos ang pinipiling hindi bumili ng espasyo para sa isang pahayag ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi tinanggap ang mga limitasyon sa paggastos ay hindi pinapayagang magsumite ng mga pahayag.

Para sa pinal na sertipikadong listahan ng mga kandidato, na dapat naisapinal pagkatapos ilathala ang patnubay na ito, pumunta sa *vote.ca.gov*.

**Gobernador**

| | |
|---|---|
| Akinyemi Agbede* | Demokratiko |
| Mohammad Arif* | Demokratiko |
| James Athans Jr.* | Republikano |
| Larry Azevedo | Demokratiko |
| Naomi Bar-Lev* | Walang Kwalipikadong Kinakatigang Partido |
| Xavier Becerra | Demokratiko |
| Chad Bianco* | Republikano |
| Carolina Buhler* | Demokratiko |
| Joseph Cabrera* | Walang Kinakatigang Partido |
| Elaine Culotti* | Walang Kinakatigang Partido |
| Patricia De Luca Basualdo* | Republikano |
| Louis A. DeBarraicua | Demokratiko |
| LivingForGod AndCountry DeMott* | Walang Kinakatigang Partido |
| Randeep S. Dhillon* | Republikano |
| Sophia Edum-A-Sam | Demokratiko |
| Serge Fiankan* | Walang Kinakatigang Partido |
| Lukasz Adam Filinski | Walang Kinakatigang Partido |
| Max Fomin* | Walang Kagustuhan sa Partido |
| Derek Grasty* | Demokratiko |
| Don J. Grundmann* | Walang Kwalipikadong Kinakatigang Partido |
| Jon Henderson* | Walang Kinakatigang Partido |
| Lewis Herms* | Walang Kinakatigang Partido |
| Rafael M. Hernandez* | Republikano |
| Steve Hilton | Republikano |
| Joel Jacob | Demokratiko |
| Dawit E. Kellel | Walang Kinakatigang Partido |
| Gary Howard Kidgell* | Demokratiko |
| Anne Komarovsk* | Walang Kinakatigang Partido |
| Alicia Olivia Lapp* | Republikano |
| Matthew Chase Levy* | Demokratiko |
| Duane Terrence Loynes Jr.* | Walang Kwalipikadong Kinakatigang Partido |
| Matt Mahan | Demokratiko |
| Amanda Martin* | Walang Kinakatigang Partido |
| Brent Maupin* | Walang Kinakatigang Partido |
| Daniel Mercuri* | Walang Kinakatigang Partido |
| Leo Naranjo IV* | Republikano |
| Tim Nelson | Republikano |
| Barack D. Obama Shaw* | Demokratiko |
| Mauro Alberto Orozco | Walang Kinakatigang Partido |
| Thunder Parley | Demokratiko |
| Katie Porter* | Demokratiko |
| Raji Rab* | Demokratiko |
| Satish Rao* | Demokratiko |
| Ramsey Robinson* | Kapayapaan at Kalayaan |
| Reza Safarnejad* | Walang Kinakatigang Partido |
| Sam Sandak | Walang Kinakatigang Partido |
| Christine R. Sarmiento* | Walang Kinakatigang Partido |
| Frederic C. Schultz* | Walang Kinakatigang Partido |
| Scott P Shields* | Demokratiko |
| Gretha Solorzano* | Republikano |
| Tom Steyer | Demokratiko |
| Eric Swalwell | Demokratiko |
| Ebony Taylor | Republikano |
| Tony K. Thurmond* | Demokratiko |
| Margaret Trowe* | Walang Kwalipikadong Kinakatigang Partido |
| Antonio Villaraigosa | Demokratiko |
| Tom Woodard | Libertarian |
| Betty T. Yee* | Demokratiko |
| Nancy D. Young* | Walang Kinakatigang Partido |
| Leo Samuel Zacky* | Republikano |
| Erin "Zez" Zezulak* | Demokratiko |
| David Zickefoose | Republikano |

**Bise Gobernador**

| | |
|---|---|
| Rakesh Christian | Republikano |
| David Collenberg | Republikano |
| Sean Collinson | Walang Kinakatigang Partido |
| David Fennell* | Republikano |
| Josh Fryday* | Demokratiko |
| Janelle Kellman* | Demokratiko |

**Bise Gobernador Ipinagpatuloy**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Jason Lopez* | Demokratiko | Gloria Romero* | Republikano |
| Ebie Lynch* | Republikano | Skip Shelton | Republikano |
| Fiona Ma* | Demokratiko | Abdur Rahman Sikder* | Demokratiko |
| Oliver Ma* | Demokratiko | Alice Stek* | Kapayapaan at Kalayaan |
| Tim Myers* | Demokratiko | Michael Tubbs* | Demokratiko |

**Kalihim ng Estado**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Gary N. Blenner* | Luntian | Donald P. (Don) Wagner* | Republikano |
| Michael Feinstein* | Luntian | Shirley N. Weber* | Demokratiko |

**Controller**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Meghann Adams* | Kapayapaan at Kalayaan | Herb W Morgan* | Republikano |
| Malia M. Cohen* | Demokratiko | | |

**Tagaingat-Yaman**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Anna M. Caballero* | Demokratiko | David Serpa* | Republikano |
| Jennifer Hawks* | Republikano | Glenn Turner* | Luntian |
| Eleni Kounalakis* | Demokratiko | Tony Vazquez* | Demokratiko |

**Attorney General**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Rob Bonta | Demokratiko | Marjorie Mikels* | Luntian |
| Michael E. Gates* | Republikano | | |

**Komisyonado ng Insurance**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Eric Thor Aarnio* | Republikano | Jane Kim* | Demokratiko |
| Ben Allen* | Demokratiko | Stacy A. Korsgaden* | Republikano |
| Steven Craig Bradford* | Demokratiko | Sean Lee* | Republikano |
| Merritt Farren* | Republikano | Eduardo “Lalo” Vargas* | Kapayapaan at Kalayaan |
| Robert P Howell* | Republikano | Patrick Wolff* | Demokratiko |

**Board of Equalization Distrito 1**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Dusty Beach* | Republikano | Nader F Shahatit* | Republikano |
| Nelson Esparza* | Demokratiko | Donald E. Williamson* | Demokratiko |
| Shannon Grove* | Republikano | | |

**Board of Equalization Distrito 2**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Sally J. Lieber* | Demokratiko | John Pimentel* | Demokratiko |
| J Brett Marymee* | Republikano | Bill Shireman* | Republikano |
| Mark McComas | Republikano | John W. Zaruka | Republikano |

**Board of Equalization Distrito 3**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Carlo Basail | Republikano | Marie Manvel | Walang Kinakatigang Partido |
| Rudy Bermudez | Demokratiko | Rey Portela* | Republikano |
| Mike Gipson* | Demokratiko | Baru Alejandro Sanchez* | Demokratiko |
| Stephan Hohil | Republikano | Samuel P. Sukaton | Demokratiko |
| Zhijing Liu | Demokratiko | Yvonne Yiu* | Demokratiko |

**Board of Equalization Distrito 4**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Martín Arias* | Demokratiko | Cody Petterson* | Demokratiko |
| Denis Bilodeau* | Republikano | Tom Umberg* | Demokratiko |
| Gardner C. Osborne* | Libertarian | | |

**Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Richard Barrera* | Walang Partido | Gus Mattammal* | Walang Partido |
| Wendy Castaneda Leal | Walang Partido | Al Muratsuchi* | Walang Partido |
| Nichelle M. Henderson* | Walang Partido | Josh Newman* | Walang Partido |
| Frank Lara* | Walang Partido | Anthony Rendon* | Walang Partido |
| Ainye Long* | Walang Partido | Sonja Shaw* | Walang Partido |

Para sa mga layunin ng patnubay na ito, ang mga kandidatong nakalista bilang “Walang Kinakatigang Partido” ay maaaring pinili ito, o walang pinili noong nagparehistro upang bumoto. Ang mga kandidatong nakalista bilang “Walang Kwalipikadong Kinakatigang Partido” ay may isinaad na kinakatigang partido na hindi kasalukuyang kwalipikado sa California noong nagparehistro sila upang bumoto.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## GOBERNADOR

- Bilang punong ehekutibong opisyal ng estado, pinapangasiwaan ang karamihan ng mga departamento at ahensya ng estado, at nagtatalaga ng mga hukom.
- Nagpapanukala ng mga bagong batas, nag-aapruba ng o tumatanggi sa pagsasabatas, at isinusumite ang taunang badyet ng estado sa Lehislatura.
- Nagpapagalaw at nagdidirekta sa mga mapagkukunan ng estado kapag may emergency.



### Katie Porter | DEMOKRATIKO

Ginugol ko ang buong karera ko sa pagpapanagot sa mga may kapangyarihan kapag sila ay nagsisinungaling o lumabag sa mga patakaran. Bilang Gobernador, makakalaban ko si Donald Trump at ang sinumang magtatangkang manakit ng mga pamilya sa California. Bilang Miyembro ng Kongreso, hinarap ko ang mga bilyonaryong CEO at ang hindi marurunong na opisyal ni Trump, gamit ang isang whiteboard upang ipakita ang mga katotohanan at ilantad ang katiwalian at pandaraya. Nabawi ko ang bilyun-bilyon para sa mga may-ari ng bahay sa California nang dayain sila ng malalaking bangko, pinuwersa ko ang mga kumpanya ng gamot na itigil ang labis na paniningil sa mga nagbabayad ng buwis, at umaksyon ako para maghatid ang Administrasyong Trump ng libreng pagsusuri sa COVID para sa lahat. Hindi tulad ng karamihan ng ibang Demokratiko, tinatanggihan ko ang mga donasyon mula sa mga korporasyon at lobbyist. Masyadong malakas ang kapangyarihan ng mga espesyal na interes at PAC na iyon sa Sacramento at ginagawa nilang hindi abot-kaya ang California para sa ating lahat. Hindi ako mabibili, kaya makakaasa kayo na mapapababa ko ang mga gastusin ninyo, gagarantiyahan ko ang de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan, at poprotektahan ko ang kapaligiran. Bilang nag-iisang ina ng tatlong anak, ako mismo ang nagtutulak ng grocery cart, naglalagay ng gasolina sa minivan, at nagbabayad ng mga buwanang bayarin. Nasaksihan ko ang paglaki ng mga gastusin tulad ng mga utility at insurance at ang hindi sapat na halaga ng dolyar, tulad ng maraming taga-California. Bilang inyong Gobernador, babawasan ko ang mga gastusin para sa mga pamilya at tataasan ko ang sahod para sa mga manggagawa. Narito kung paano: Aalisin ko ang mga buwis sa kita para sa mga taga-California na kumikita ng wala pang $100,000, magtatayo ako ng mga matitirhang kayang bayaran ng mga manggagawa, ititigil ko ang paniningil ng matrikula sa ating mga pampublikong unibersidad, at gagawin kong libre ang pangangalaga sa bata para sa lahat ng taga-California. Alamin pa sa *KatiePorter.com*.

1700 Tribute Rd., Suite 201, Sacramento, CA 95815 | Tel: (909) 457-7850
E-mail: info@katieporter.com | Facebook: @KatiePorterCA | X: @KatiePorterCA



### Betty T. Yee | DEMOKRATIKO

Hindi natin maaayos ang krisis sa pagiging abot-kaya nang walang Gobernador na kayang ayusin ang badyet ng estado. Ang patuloy na problema sa badyet ay nakakaapekto sa mga pamumuhunan sa ating mga paaralan, pangangalagang pangkalusugan, pabahay, pangangalaga sa bata, mga nakatatanda, at kapaligiran. Ako lang ang tanging kandidato na nagsilbi bilang direktor ng badyet ng estado, isang inihalal na miyembro ng Board of Equalization ng Estado, at State Controller. Hinarap ko ang mga katiwalian at mayayaman, tiniyak kong nagbabayad sila ng tamang buwis. May natuklasan akong $7.3 bilyon sa maling paggastos. Hindi ako kailanman nangutang sa labas para bayaran ang mga bayarin ng estado. Prinotektahan ko ang mga pondo para sa pagreretiro ng mga empleyado sa paaralan. Ito ang inaasahan at nararapat sa mga masisipag na taga-California, isang bihasang lider na nagtatrabaho para sa kanila. Araw-araw, nahihirapan ang mga pamilya sa mga pagpapasyang pang-ekonomiya tungkol sa kung anong mga bayarin ang babayaran at kung ano ang hindi. Nakikita ko ito habang tinutulungan ko ang mga pamilya na matugunan ang mga pangangailangan sa pangangalaga ng mga nakatatanda at bata. Hindi natin maaaring hayaan na lalong mapag-iwanan ang mga pamilya. At hindi natin dapat pasanin ang susunod na henerasyon ng mga gastusing pipigil sa kanilang kakayahan na magtagumpay at umunlad. Gayunpaman, magagawa nating mamuhunan sa ating mga mamamayan, at palaguin ang ating ekonomiya sa pamamagitan ng paggawa ng mga trabahong may magandang suweldo sa bawat sulok ng estado. Samahan ang Progressive Democrats of America, Asian Americans and Pacific Islanders Victory Fund, National Women's Political Caucus of California, California Women's List, Democratic Activists for Women Now, at ang mga lokal na inihalal na opisyal sa pagsuporta sa bihasang responsableng pamumuno upang maging kapaki-pakinabang ang California para sa lahat. Buong galang kong hinihiling ang inyong boto.

16633 Ventura Blvd., Suite 1008, Encino, CA 91436 | Tel: (818) 884-1818
E-mail: info@bettyyee.com | Facebook: facebook.com/BettyYeeforCA | Instagram: instagram.com/bettyyeeforcalifornia

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kwalipikado na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## GOBERNADOR



### Anne Komarovsk | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Kumusta Botante: *Please-Help-Make-CaliforniA-Great-Again-Thank-You-NPP26.com HowTheWestWasOne.org*

9663 Santa Monica Blvd., Beverly Hills, CA 90210 | Tel: (202) 844-0026
E-mail: NPP26@Aol.com | NPP26.com | Facebook: FaceBook.com/AnneKomarovsk

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maing kwalipikado na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## GOBERNADOR



### Gary Howard Kidgell | DEMOKRATIKO

Gumagawa ng pamana na naghahatid ng abot-kayang solusyon para sa pang-araw-araw na pangangailangan ng mga taga-California

Santa Clara, CA | Tel: (415) 471-6699
E-mail: ghkcalifornia@gmail.com | @Kidgell4CA2026 | KidgellforCalifornia.com



### Tony K. Thurmond | DEMOKRATIKO

Ipinanganak sa isang imigranteng inang taga-Panama, si Tony Thurmond at ang kanyang kapatid ay pinalaki ng isang pinsan na hindi nila nakilala matapos mamatay ang kanilang ina noong anim na taong gulang pa lang si Tony. Lumaki sa kahirapan, ang pamilya ni Tony ay umasa sa tulong publiko at mahuhusay na pampublikong paaralan upang makaahon sa kahirapan, na mga karanasang nagbigay inspirasyon sa kanyang panghabambuhay na dedikasyon sa pagkakapantay-pantay at oportunidad para sa lahat ng taga-California. Siya ay naging isang social worker, Miyembro ng Konseho ng Lungsod, Miyembro ng Lupon ng Paaralan, Miyembro ng Assembly, at kalaunan ay Superintendent ng $150 bilyong sistema ng pampublikong paaralan ng California. Bilang Superintendent ng Estado, itinaguyod ni Tony ang isang batas upang pigilan ang ICE na makapasok sa Mga Paaralan ng California. Tumulong siya sa paggawa ng isang universal preschool para sa mga 4 na taong gulang, at mga universal meal para sa mga nagugutom na bata. Tumulong si Thurmond sa pagpasa ng bilyun-bilyong pondo upang gawing mas ligtas ang mga paaralan sa pamamagitan ng pag-aalis ng asbestos at iba pang toxin. Nauunawaan ni Tony na bulok ang sistemang pampulitika natin. Mula sa mabilis na pagtaas ng presyo ng pagkain at mga groserya hanggang sa isang pederal na pamahalaan na umaatake sa ating mga kalayaang sibil, nasa krisis ang ating estado. Samantala, lalong yumayaman ang mga bilyonaryo. Kaya nga niya ipinaglalaban ang buwis sa mga bilyonaryo, pangangalagang pangkalusugan para sa lahat, pag-alis sa ICE, 2 milyong bagong unit ng pabahay, ganap na pagpopondo sa ating mga pampublikong paaralan, pangangalaga sa aborsyon na legal at naa-access, pag-aalis ng mga armas na nagdudulot ng pinsala sa ating mga lansangan, at pagprotekta sa demokrasya. Kailangan natin ng isang pinunong paninindigan sa mga bilyonaryo, sa pederal na pamahalaan, at lalaban para sa mga ordinaryong manggagawang taga-California. Kailangan natin si Tony Thurmond. Sa Hunyo 2, iboto si Tony Thurmond para sa Gobernador. Bisitahin ang *tonythurmond.com*.

312 Clay St. #300, Oakland, CA 94607 | E-mail: tony@tonythurmond.com
X: x.com/TonyThurmond | Facebook: www.facebook.com/tonythurmond

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kwalipikado na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## GOBERNADOR



### Margaret Trowe | WALANG KWALIPIKADONG KINAKATIGANG PARTIDO

Si Margaret Trowe, na limang dekada nang miyembro ng Socialist Workers Party, ay isang housekeeper ng hotel, miyembro ng unyong UNITE-HERE. Nag-organisa ng pagkakaisa, sumali sa mga welga ng mga manggagawa sa hotel, paaralan, at ospital. Nananawagan para sa laban na sinusuportahan ng unyon para sa amnestiya sa mga hindi nakadokumentong manggagawa upang bumuo ng pagkakaisa ng uring manggagawa. Matagal nang lumalaban sa racism, para sa mga karapatan ng kababaihan at laban sa mga giyera ng Washington, mula Vietnam hanggang Venezuela. Ipinagtatanggol ang karapatan ng Israel na umiral at ipagtanggol ang sarili nito. Naninindigan laban sa tumitinding poot sa mga Hudyo. Isang tagasuporta ng Rebolusyong Cubano na nagdala ng mga manggagawa sa kapangyarihan. Nagsasabing "U.S., huwag kang makialam sa Cuba! Wakasan ang Pagbabawal sa Ekonomiya ng US sa Cuba!" Ipinagtatanggol ang malayang pananalita, patas na pagtrato ng lahat, at iba pang Konstitusyonal na proteksyon. Nangangampanya para sa pangangailangan ng mga manggagawa na agawin ang kapangyarihang pampulitika—ang tanging solusyon sa pandaigdigang krisis sa ekonomiya, pulitika, at moralidad ng kapitalismo at ang tanging paraan upang pigilan ang pagsulong ng mga kapitalistang pinuno patungo sa Ikatlong Digmaang Pandaigdig.

675 Hegenberger Rd., Suite 250, Oakland, CA 94621 | Tel: (510) 686-1351
E-mail: SocialistWorkers2026campaign@gmail.com | www.themilitant.com



### Erin "Zez" Zezulak | DEMOKRATIKO


Kumusta sa mga taga-California, ako si Erin *Zez* Zezulak, RN, IBCLC, MPH, isang nars, tagapagturo, may-ari ng maliit na negosyo, tagapayo, at ina. Ako ay ipinanganak, pinalaki, at nag-aral sa California. Ang aking ina na Demokratiko at guro sa paaralan at ang aking ama na wildlife biologist, Republikan, at masugid na mangangaso ay nagbigay sa amin ng aking mga kapatid na babae ng multidimensional na pagtingin sa California. Kasunod ng mga hayop na pinag-aralan ng aking ama, nanirahan ako sa maraming magagandang Parke ng Estado at National Park, pati na rin kasama ang aking lolo't lola sa mga lugar ng Los Angeles at San Francisco Bay. *Pamilyar ako sa California.* Ang halos 30 taon na pakikipagtulungan ko sa mga pasyente at pamilya sa sistemang medikal ng California ay nakatulong sa akin na magplano para sa isang nagkakaisa at patas na sistema ng pangangalagang pangkalusugan para sa lahat ng taong naninirahan sa California. Kasama dapat ang edukasyon, kaligtasan, at proteksyon sa pagkakapantay-pantay para sa lahat ng taga-California. Dapat ay maprotektahan tayong lahat mula sa diskriminasyon at mga kasanayan na labag sa konstitusyon. Hindi papayagan ang ICE sa California gamit ang mga kasalukuyan nitong taktika. Ang pakikipagtulungan ko sa aking lolo, na isang kontratista ng gusali, ay nakatulong sa akin na makita kung paano lubos na mapaganda ang ating mga lungsod, na magbibigay-daan sa abot-kayang pabahay para sa lahat. Ang paninirahan sa mga komunidad na pang-agrikultura ay nagbigay inspirasyon sa aking mga plano sa pamamahala ng tubig upang maalis ang cycle ng tagtuyot/pagbaha na nakakaapekto sa pagsasaka, ekonomiya, at mga komunidad ng California. Bilang isang piloto na nagsasanay, nagplano ako ng mga estratehiya para sa pagsugpo sa mga sunog sa kagubatan mula sa himpapawid at para sa maagang pagtuklas ng sunog upang mabawasan ang pagkawasak ng mga sunog sa kagubatan. *Pamilyar ako sa California. Magsisikap akong bumuo ng isang mas mahusay na California para sa lahat bilang inyong susunod na Gobernador. Salamat sa inyong boto.*

P.O. Box 4518, Davis, CA 95617 | Tel: (530) 304-8737
E-mail: erinzezulak@gmail.com | Facebook | Instagram

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kwalipikaxo na lumabas sa balota.


# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## GOBERNADOR



### Duane Terrence Loynes Jr. | WALANG KWALIPIKADONG KINATIGANG PARTIDO

Binibigyang-diin ng plataporma ng American Solidarity Party ang pangangailangang suportahan ang dignidad ng tao mula sa pagkakabuo hanggang sa natural na kamatayan, na kinabibilangan ng hindi pa isinisilang na sanggol, ina na nasa krisis sa pagbubuntis, imigrante, dokumentado man o hindi, mga batang nanganganib na mawalan ng ina o ama, nakatatanda o may sakit na nanganganib na mapilitang wakasan ang sarili nilang buhay, manggagawang nahihirapang suportahan ang pamilya o bumili ng bahay, at ang mga walang matirhan na walang masisilungan at malayo sa pamilya. Kung sumasang-ayon kayo sa pangangailangang suportahan ang dignidad na ito gamit ang mga patakaran para sa interes ng lahat, magdesisyon ngayon na magparehistro sa American Solidarity Party sa pamamagitan ng pagsunod sa mga instruksyon dito
*https://ca.solidarity-party.org/learn_more/register-to-vote/*



### Matthew Chase Levy | DEMOKRATIKO


Si Matthew Chase Levy ay isang negosyanteng nakabase sa California, kinikilalang siyentipiko sa buong mundo at tumatakbo para sa pagka-Gobernador bilang isang political outsider. Siya ang nagtatag ng NobleAI, na isang Science-Based AI platform na nagpapabilis sa pagtuklas at inobasyon sa mga sektor ng chemistry, materyales, at enerhiya, at ng AE Blue Capital, na isang venture firm na sumusuporta sa fusion at iba pang advanced na teknolohiya sa malinis na enerhiya na mahalaga sa pagtugon sa lumalaking gastos sa enerhiya, mga isyu sa pagiging maaasahan ng grid, at mga pangmatagalang layunin sa decarbonization ng California. Ang kanyang karanasan sa mga pagsisikap na ito ay makakatulong sa mga praktikal na solusyon sa mga problema ng lipunan, magpaparami ng trabaho, at magpapanatili sa napakahalagang papel ng California bilang isang pandaigdigang pinuno sa paggamit ng agham para sa kapakinabangan ng lahat ng taga-California. Si Levy ay may B.A. mula sa UCLA at Master's at Ph.D. sa physics mula sa Rice University. Habang tinatapos ang kanyang doctorate, nagsagawa siya ng pananaliksik sa Lawrence Livermore National Laboratory tungkol sa estratehikong seguridad ng US. Ito ang nagbigay-daan sa kanya na maging ang kauna-unahang American physicist na ginawaran ng Isaac Newton International Fellowship ng Royal Society sa Oxford University. Ang maagang internasyonal na karanasan sa Tokyo—bago at sa mga taon niya sa UCLA—kasama ang kanyang trabaho sa UK, ay nagbibigay sa kanya ng natatanging pananaw sa pandaigdigang pagbabago at mga hamon na kinakaharap ng mga pamilya sa California. Si Levy ay isang Fellow sa Wolfson College, Oxford; Tagapangasiwa ng The Washington Institute; at nagsisilbi sa Komite ng Pananalapi para sa Alkalde ng Oakland at dating Kongresista na si Barbara Lee. Si Levy ay naninirahan sa Oakland kasama ang kanyang asawang si Debbie Senesky, na isang propesor sa Stanford, at ang kanyang 12 taong gulang na anak na babae. *www.Matthewchaselevy.com*

P.O. Box 4679, Oakland, CA, 94505 | Tel: (510) 269-7469
E-mail: matthew@matthewchaselevy.com | Instagram: matthewchaselevy | X: matthewclevy

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kwalipikado na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## GOBERNADOR



### Akinyemi Agbede | DEMOKRATIKO

Nagbibigay-kapangyarihan sa kinabukasan ng California, bisitahin ang aking website sa *www.thenextgovernorofcalifornia2026.net*.

545 S. San Pedro Street, Los Angeles, CA 90013 | Tel: (213) 509-7673
E-mail: yemibode@hotmail.com | www.thenextgovernorofcalifornia2026.net

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kwalipikado na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## GOBERNADOR



### Joseph Cabrera | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Ang California ay itinayo sa isang pangako: na sa pamamagitan ng pagsisikap at pagbabago, magagawa ng sinumang mamamayan na magkaroon ng masaganang buhay. Ngayon, ang pangakong iyan ay kumukupas na sa ilalim ng partisan gridlock at $31 bilyong badyet sa transportasyon na nag-iiwan sa ating mga kalsada na sira-sira. Tumatakbo ako para sa pagka-Gobernador upang ibigay ang "Malayang Pagsasaayos" na lubos na kinakailangan ng ating estado. Humihingi ng mga bagong buwis ang mga pulitiko sa Sacramento, ngunit ang sarili nilang badyet—Iskedyul 11—ipinapakita na inaantala nila ang $30.1 bilyong sa hindi pa nagagastos, bono money na inaprubahan ng botante. Mayroon tayong halos $500 milyon para sa pagbabawas ng trapiko na hindi pa nagagamit mula pa noong 2006. Bilang may-ari ng negosyo, alam kong hindi kayo hihingi ng bagong credit card kung hindi pa ninyo nagagamit ang nasa bulsa ninyo. Kailangan din nating harapin ang ating mga humanitarian na krisis. Ang kawalan ng tirahan, pagbagsak ng pagganap sa paaralan, at ang ating krisis sa kalusugan ng pag-iisip ay sintomas lahat ng parehong bigong lupon na hindi inihalal na mga opisyal ng gobyerno. Sa loob ng napakatagal na panahon, ginagamit natin ang ating mga kulungan bilang bodega para sa mga may sakit sa pag-iisip habang hinahayaan naman nating maging mga kampo ang ating mga kalye. Ililipat ko ang mga mapagkukunan mula sa paglaki at sa pagtrato sa komunidad, pagtuon sa pagbawi sa halip na pabalik-balik sa kulungan. Panghuli, dapat nating ibalik at ayusin ulit ang Donahoe Higher Education Act. Ibabalik ko ang ating mga pampublikong unibersidad sa modelong accessible at nakabatay sa merito na dating dahilan kung bakit kinaiinggitan ng mundo ang California. Sa pag-audit ng mga “ghost project” at pag-redirect ng mga natitipid sa interes, mapopondohan natin ang ating mga paaralan at klinika nang hindi tinataasan ang inyong mga buwis. Ako ay isang independent uniter mula sa Inland Empire, hindi isang matagal na pulitiko. Buong galang kong hinihiling ang inyong boto upang magawang ayusin ang California.

1941 California Ave., PO Box 77217, Corona, CA 92887 | Tel: (909) 757-4615



### Elaine Culotti | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Sawang-sawa na ang mga taga-California sa pulitika. Gusto nila ng mga solusyon. Tumatakbo ako para sa pagka-Gobernador upang pag-isahin ang California sa pamamagitan ng mga praktikal na resulta at ibalik ang California dream. Naniniwala ako sa isang simpleng pangako: kung gusto ninyo ng trabaho sa California, dapat ay makahanap kayo rito. Ang ating estado ay itinayo ng mga negosyante, maliliit na negosyo, magsasaka, mga inovatora at mga manggagawang handang makipagsapalaran at magtrabaho nang mabuti. Ang tungkulin ng pamahalaan ay gumawa ng mga kondisyon para sa oportunidad, hindi maging hadlang. Mula noong 1991, ako ay nakapagtayo na ng mga negosyo at nakagawa ng mga trabaho sa California. Naglakbay ako sa buong estado para makipagpulong sa mga alkalde at lokal na pinuno mula sa magkabilang partido. Gusto nilang lahat ng parehong mahalaga: mga ligtas na kalye, mahuhusay na paaralan, maunlad na lokal na ekonomiya, at pananagutan para sa perang ibinabayad ng mga nagbabayad ng buwis. Ang California ang dapat maging estado ng hinaharap, hindi isang estado kung saan ang mga pamilya at employer ay napipilitang umalis. Ang kita sa buwis ay hindi isang modelo ng negosyo. Ang paglago, pagbabago, at paggawa ng trabaho ay. Malinaw ang mga priyoridad ko. Pagpapaunlad ng Ekonomiya na nagpapadali sa regulasyon, sumusuporta sa maliliit na negosyo, nagpapalakas sa pagsasanay sa mga manggagawa, at nagpapalawak ng oportunidad sa bawat rehiyon. Kalusugan at Kaligtasan na nagpopondo sa napatunayan nang paggamot sa kalusugan ng pag-iisip, mga praktikal na solusyon sa pabahay, at responsableng kaligtasan ng publiko. Ibalik ang Kapangyarihan sa Mamamayan sa pamamagitan ng pagpapanumbalik ng lokal na kontrol, pagtatapos sa mga hindi pinopondohang kautusan, pagbubunyag ng pandaraya, at pagtiyak ng ganap na transparency sa kung paano ginagastos ang mga buwis. Sama-sama, magagawa nating gumawa ulit ng mga oportunidad at magpatuloy bilang Isang California.

2 Civic Center Dr., Unit 4338, San Rafael, CA 94913-5703
E-mail: contact@culottiforcalifornia.com | www.culottiforcalifornia.com | Instagram: @elaineculotti

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa kawatuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kwalipikado na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## GOBERNADOR



### Gretha Solórzano | REPUBLIKANO

Ang pangalan ko ay Gretha Solórzano. Ako ay isang siyentipikong nagsanay sa UC Berkeley, retiradong nuclear na inhinyero, at kandidato para sa Gobernador ng California. Bilang isang pragmatic moderate, nakatuon ako sa pag-unawa sa mga pagkakaiba sa pulitika at pag-isahin ang mga taga-California—mga konserbatibo, liberal, at independiyente—sa mga praktikal na solusyon na gumagana. Simple lang ang misyon ko: *gawing abot-kaya at sustainable ulit ang California*. Papalakasin ko ang ating ekonomiya sa pamamagitan ng mga estratehikong pamumuhunan sa mga advanced na imprastruktura ng enerhiya at tubig, kabilang ang pag-redirect sa lokal na produksyon ng *$32.7 bilyon* na kasalukuyan nating ginagastos sa dayuhang langis upang mapahusay ang seguridad sa enerhiya at mapanatili ang mga trabaho dito sa bansa. Tutugunan ko rin ang kakulangan sa pabahay sa California, at babaligtarin ko ang pagbagsak ng ating sistema ng edukasyon. Gamit ang aking teknikal na kadalubhasaan, disiplina sa pananalapi, at pamumunong nakatuon sa resulta, gagawa ako ng mga trabaho, papaliitin ko ang mga gastusin sa utility, at maghahatid ako ng pangmatagalang pag-unlad para sa lahat ng taga-California.

Tel: (949) 534-5402 | E-mail: CAGovGrethaSolo@outlook.com
X: x.com/GrethaSolorzano | TikTok: TikTok.com/@CA.Gov.Gretha



### Christine R. Sarmiento | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO


Tumatakbo ako para sa pagka-Gobernador ng California upang maghatid *ng mahusay, responsableng* pamumuno na nakatuon sa mga resulta. Bilang isang nars at operations manager, nagtrabaho ako sa mga lugar na *matindi ang pressure* kung saan ang mga pagkakamali ay may *tunay na kahihinatnan* at *mahalaga ang pananagutan*. Isa rin akong ina na nagtrabaho nang full time habang nag-aaral sa kolehiyo—kaya naiintindihan ko ang stress, sakripisyo, at responsibilidad ayon sa *sarili kong karanasan*.  *Praktikal*, hindi abstract, ang mga hamon sa California. *Ang pagiging abot-kaya, kaligtasan ng publiko, access sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, at pagiging maaasahan ng imprastruktura* ay nakakaapekto sa mga pamilya *araw-araw*. Hindi sira ang sistema, *hindi maganda ito*. Sa pamamagitan ng mga tamang hakbang, unti-unti natin itong mapapabuti araw-araw, at gagaling tayo. Hinihingi ko ang inyong konsiderasyon at tiwala upang makatulong umunlad ang California.

3100 Big Dalton Ave., Ste. 170-336, Baldwin Park, CA 91706 | Tel: (213) 444-6204
E-mail: info@christineforgovernor.com | christineforgovernor.com | X: x.com/C_R_Sarmiento

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maing kwalipikado na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO


## GOBERNADOR



### Frederic C. Schultz | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Mangyaring ihalal ako bilang gobernador para iligtas ang ating mga karapatan/buhay. Nasa Emergency tayo: Magdedeklara ako ng State of Emergency, para iligtas tayo! Araw-araw tayong pinapatay ng mga mamamatay-tao sa pamahalaan, dahil sa “krimen” na paghingi ng asylum, pagdodokumento ng mga pag-atake, at pagpoprotesta. 800,000 ang inaaresto ng California taun-taon, karamihan ay dahil sa mga hindi naaayon sa konstitusyon na walang biktima/consensual na “krimen,” na umaalipin sa 200,000 araw-araw, nang hindi sinasabi sa mga hurado na *pwede* tayong bumoto palagi ng “hindi nagkasala”. Ang pagbabawal/regulasyon ng “gamot” ay nagdudulot ng trilyon sa medikal na gastos, pagpatay, kahirapan sa buong mundo, paggawa ng milyun-milyong refugee, pagpapahirap sa mga may sakit na tao hanggang sa mamatay. Milyun-milyong Amerikano ang walang matirhan, kalahating mahirap. Magbubuwis tayo ng 5% kayamanan sa $10,000,000 at kita na mahigit $1,000,000, na magbibigay ng $1,100,000,000,000 taun-taon, kahit na sa retroactive na paraan. Pansamantalang itigil ang pagtaas ng upa! Walang mga lockdown o sapilitang pagbabakuna: opsyonal at totoong pagkain sa halip! Sinusuportahan ko ang pagpili ng paaralan at tinututulan ko ang reverse na diskriminasyon: pantay na oportunidad sa halip. Dadagdagan natin sa 2,000,000, mula 900 ang California State Guard, isa kada silid-aralan, na magtitigil sa karamihan ng mga pagpatay, kasama ang ICE sa buong bansa, pipigil sa batas militar, pagsasara ng mga kampo ng pang-aalipin/pagpatay, at patawarin ang mga inosenteng alipin! Magpapatupad tayo ng mga karapatan na gumawa mga desisyon tungkol sa sariling katawan, sa aborsyon, assisted suicide, at mga baril. Mga karapatang pantao sa pabahay ($10,000 na bahay), sapat na sahod, mga trabaho, kita, mas mataas na edukasyon/trade, pangangalagang pangkalusugan (sa buong bansa), pagkain (sa buong mundo), pangangalaga sa bata, at pampublikong transportasyon nang walang nakamamatay na high-speed na tren. Libre utility/gasolina, pero ligtas na kapaligiran. Ipagbabawal natin ang mga pesticide, factory farm, at "autonomous" na sasakyan. Walang buwis sa pagbebenta o buwis sa kita na walang pang $100,000! Ipapatupad natin ang ating mga karapatan sa demokrasya: Pantay na boto at pagkakataong maglingkod (mga eleksyon na pinopondohan ng publiko). Mga karapatan sa privacy: Walang malawakang pagmamatyag, at mga “Flock” spying cameras. Carina Sanchez Lieutenant Governor, Dan Kapelovitz Attorney General. Palayain ang Mga Tao! #*Fred4CA.com*!

Tel: (858) 888-0461 | E-mail: Fred4CA.com@gmail.com | Instagram: Instagram.com/Fred4CA | X: X.com/FredericEsq



### Scott P Shields | DEMOKRATIKO

Bisitahin ang *ShieldsForGovernor.com*

12912 Brookhurst Street, Garden Grove, CA 92840 | Tel: (650) 313-0727
E-mail: info@votethecandidate.com | thecryptogovernor.com | shieldsforgovernor.com

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring magging kwalipikado na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO


## GOBERNADOR



### Jon Henderson | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Kung magkasama tayong magkaisa, matatagumpay tayo. Hindi pa nahahati nang ganito ang ating pulitika sa California, at nasasayang dito ang ating oras, pera, at tiwala. Ako si Jon Henderson, at tumatakbo ako para sa pagka-Gobernador bilang isang Independent dahil ang kailangan ng California ay balanse, hindi sisihan. Masyadong magkakaiba ang ating estado, ayon sa rehiyon, lahi, kita, edad, at ideolohiya, para pamahalaan lang ng iisang panig. Mamamahala ako para sa lahat ng masisipag na nagtatrabaho, nagtataguyod ng pamilya, nagpapatakbo ng negosyo, naglilingkod sa komunidad, o sadyang naghahangad ng patas na pagkakataon. Naniniwala ako sa Ginintuang Aral para sa Golden State. Isang maipagmamalaking produkto ng mga pampublikong paaralan sa California, nakapagtayo ako ng maraming kumpanya mula sa wala. Alam ko kung paano magtakda ng mga layunin, sukatin ang mga resulta, at ihatid. Dapat mag-operate ang pamahalaan sa ilalim ng legal na obligasyon, nang inuuna ang kapakanan ng publiko. Ilalagay ko ang mga sarili kong asset sa isang blind trust, at isusulong ko na iatas ang mga blind trust para sa mga mambabatas ng California. HIndi makontrol na katiwalian at mga salungatan ng interes. Kung aalisin natin ang insentibo na kumita mula sa mga pampublikong posisyon, mabubuo natin ulit nang tiwala ng iba't ibang partido. Ang aking aklat na California 2.0: An Independent Vision for California's Abundant Future ay nagbibigay ng blueprint na may mga solusyon sa ating pinakamalalaking hamon, mula sa pabahay hanggang sa mga sunog sa kagubatan, gamit ang dati nang makabagong teknolohiya. Tumatakbo ako para sa karamihan ng mga taga-California na nasa gitna na sawang-sawa na sa mga sukdulan. Kung naniniwala kayo na malayang pag-iisip, pagiging balanse, at pananagutan ang nararapat sa ating estado sa katapatan ng tagasuporta, ikalulugod kong makuha ang inyong boto.

1802 Tice Valley Blvd., Walnut Creek, CA 94595 | Tel: (925) 592-4501
E-mail: jhenderson@echo45advisors.com | Instagram: www.instagram.com/jonhendersonca | X: x.com/JonHendersonCA



### Rafael M. Hernandez | REPUBLIKANO

Para sa Akin: Mga tao ng California ang Dapat Unahin. Ang mga layunin ko ay: 1. Pababain ang mataas na halaga ng pamumuhay. 2. Gumawa ng mas maraming trabahong may magandang suweldo. 3. Ayusin ang krisis sa kawalan ng tirahan. 4. Magtayo ng mga abot-kayang tirahan.

Tel: (805) 732-1350 | E-mail: rafagarecords2009@hotmail.com
Instagram: Rafael4CAGovernor6-2-26 | TikTok: rafaelcagov2026

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kwalipikado na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO


## GOBERNADOR



### Lewis Herms | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Ang pagiging Gobernador ay dapat pagsikapan dahil mga pinunong naglilingkod, hindi namamahala, ang nararapat sa mga taga-California. Bilang ang *"We The People Guy"* naniniwala ako na dapat palitan ng pananagutan at kalayaan ang pulitikang nakasanayan. Nagkaroon na ng pagkakataon ang mga dati nang pulitiko; panahon na para ibalik ang sentido kumon at pamumuno na epektibo para sa mga tao ng California.

803 Camarillo Springs Rd., 1st Floor, Camarillo, CA 93012 | Tel: (805) 774-1660
E-mail: info@hermsforcali.com | X: @wowlewi | Facebook: @ScrewBigGovernment



### Max Fomin | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO


Pipigilan ang mileage tax, lilimitahan ang kawalan ng tirahan, itigil ang kawalan ng trabaho, tatapos sa krimen, bibigyan ng tirahan ang mga walang matirhan, uusig sa katiwalian, gagawa ng $, gaya ng kape ko na punung-puno ng yelo.

1221 W. 3rd Street, Unit 438, Los Angeles, CA 90017 | Tel: (424) 944-7511
E-mail: max4mkt@gmail.com | Instagram: @newmericans | www.newmericans.com

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kwalipikado na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## GOBERNADOR



### Serge Fiankan | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Ang misyon ko ay pagbuklurin ang mga taga-California, sa mga rehiyon, background, at pampulitikang partido, upang bumuo ng isang estado na kumikilos para sa mga taong naninirahan dito. Tumatakbo ako upang maghatid ng praktikal, transparent, at responsableng pamumuno na inuuna ang mga solusyon kaysa sa ideolohiya at ang mga tao kaysa sa pulitika. Nangangahulugan ito ng pagpapanumbalik ng tiwala sa pamahalaan, reporma sa mga sistemang hindi na nagsisilbi sa atin, at pagpapalakas ng mga komunidad, mula sa mga lalawigan hanggang sa mga pangunahing lungsod, upang ang bawat taga-California ay magkaroon ng pagkakataon, abot-kayang buhay, at ligtas na lugar na matatawag na tahanan.

P.O. Box 2451, Saratoga, CA 95070 | Tel: (408) 898-0901
E-mail: info@sf4gov.com | www.sf4gov.com | YouTube: www.youtube.com/@SF4GOV



### Amanda Martin | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO


Ina, Builder, Negosyante na lumulutas sa mga problema ng California!

E-mail: info@AmandaForCalifornia.org | Instagram: www.instagram.com/amandaforcalifornia/ | X: x.com/AmandaForCali

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kwalipikado na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## GOBERNADOR



### Daniel Mercuri | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Ang aking panunungkulan ay HINDI para mamuno, kundi para maglingkod sa lahat ng taga-California. Ako ay isang Beterano ng US Navy at katutubong taga-California na malawak ang kaalaman at pag-unawa sa ating Konstitusyon upang: imbestigahan, kasuhan, usigin, at *ikulong* ang mga tiwaling bureaucrat, protektahan ang mga bata mula sa mga pedophile at child sex trafficker, pigilan ang mga nagdodoktrina sa paaralan, pausin ang edukasyon ng mga mag-aaral, palakasin ang mga karapatan ng magulang, wakasan ang ginagawang kriminal ang mga biktima at pagbiktima sa kriminal, unahin ang legal na mamamayan kaysa sa ilegal, parusahan ang money laundering sa pamahalaan, wakasan ang buwis ng estado sa mga tip, pagreretiro, ari-arian, at kita habang muling pinapalakas ang maliliit na negosyo at pinipigilan ang labis na pagpapatupad ng mga regulasyon. Magiging malaya tayo sa enerhiya, hihigpitan natin ang CEQA, at magbibigay tayo ng kalayaang medikal. Ang katayuan ng mga tao ay mananatiling mas mataas kaysa sa pamahalaan sa lahat ng oras sa ilalim ng aking administrasyon. Ito na ang isang pagkakataon ninyo na gumawa ng pagbabago sa pamamagitan ng pagboto sa labas ng mga napiling establisyimento. Hindi ko kayo bibiguin! *www.danielforcalgovernor.com*

2828 Cochran St. #139, Simi Valley, CA 93065 | Tel: (805) 390-9309
E-mail: daniel@danielforcalgovernor.com | X: @daniel4calgov26 | Instagram: daniel4calgovernor



### Naomi Bar-Lev | WALANG KWALIPIKADONG KINAKATIGANG PARTIDO


Talagang binigo tayo ng sistema ng partido. Hindi mapapatawad ang hindi kumpletong pag-uulat ng media. Kasama sa aking karanasan ang BA sa Economics sa UCLA, pagiging real estate broker nang mahigit 20 taon, karanasan sa konstruksyon, bise presidente, pamamahala ng daan-daang loan officers at ahente, at pagkakaroon ng malakas na negosyo sa Airbnb. May mga ginawang pagpapaganda sa aking ari-arian upang madoble ang kita ng negosyo, sa mismong taon na nagsimula ang paninira at espionage laban sa akin. Sa pagtatagumpay ko sa tuluy-tuloy na pag-atake, naliwanagan ako! Sumulat ako ng panimulang aklat tungkol sa nangingibabaw na paniniil, labis na katiwalian, paggamit nito sa pulisya, mga hukuman, teknolohiya, at corporatism (*https://www.linkedin.com/in/naomi-bar-lev-56b894346*). Nilalabag na ngayon ng malalaking pakikipagsosyo sa teknolohiya ang mga karapatang sibil at karapatan ng mamimili pati na rin ang anti-trust na batas. Nasa sentro ay ang mga fusion center, hub ng impormasyon at teknolohiyang pang-militar—6 na sentro sa buong estado na pinapatakbo ng “lokal na pulisya”. Kinonekta nila ang lahat ng device, naging posible ang paniniktik laban sa indibidwal at negosyo, na siyang nagpabago sa mga hukuman. Hindi ako kaibigan ng mga pulitiko. Bilang gobernador, ang mga fusion center ay gagamitin para sa seryosong imbestigasyon ng pandaraya, pagnanakaw, at pag-aaksaya, na isang magandang mapagkukunan ng kita na may mas maliit na badyet. Babalik ang mga pulis sa mga lugar, lalabanan nila ang krimen, at patas silang tatanggap ng mga ulat mula sa mga mamamayan gamit ang isang database na sumusunod sa konstitusyon. Ire-recall ang mga telepono at device, ibabalik ang mga nakaraang serbisyo, telepono, alarm system, wifi . . . Aalisin ang mga “pakikipagsosyo” at kasunduan sa hindi paghahayag sa pamahalaan. Sunud-sunod na kukuha ng mga empleyado upang makumpleto ang mga tauhan sa mga ahensya para sa mga karapatan ng mamimili at karapatang sibil, at papalitan ang mga pinuno ng lokal at estado ng mga lingkod bayan. Walang buwis sa benta, kita, o ari-arian. Aalisin ang mga bayarin sa paradahan at bayarin sa permit.

2244 2nd Ave. #39, San Diego, CA 92101 | Tel: (619) 317-3634 | E-mail: lawfulwon@gmail.com

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kwalipikado na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## GOBERNADOR



### **Chad Bianco** | REPUBLIKANO

Ako si Chad Bianco. Ako ay isang asawa, ama, at ang Sheriff ng Riverside County. Hindi ako umangat dahil sa pulitika. Umangat ako sa pamamagitan ng serbisyo sa publiko. Bilang Sheriff, pinamumunuan ko ang isa sa pinakamalaking ahensya ng pagpapatupad ng batas sa California. Nabawasan natin ang marahas na krimen, nanindigan para sa mga biktima, at sinuportahan ang mga lalaki at babaeng nagpoprotekta sa ating mga komunidad. Nakagawa ako ng mahihirap na desisyon sa ilalim ng pressure, sa mga sitwasyong may tunay na kahihinatnan. Ang pamumuno ay hindi tungkol sa mga slogan. Kapag hindi ginagamit ang sentido kumon, mga ordinaryong tao ang nagbabayad. Ang California ay nasa isang punto ng pagbabago. Napakaraming pamilya ang nahihirapan para lang mabuhay. Mas mahaba ang oras sa trabaho ng mga nanay at tatay pero kapos pa rin. Nagkakaubusan ng trabaho, kaya napipilitan ang ating mga anak na maghanap sa ibang lugar ng oportunidad. Parang imposibleng bumili ng bahay. Tumataas ang presyo ng gasolina, mga groserya, at utility bawat buwan. Ginagawa na ng mga tao ang lahat ng tama at naiipit pa rin. Bilang Gobernador, ibabalik ko ang pananagutan at sentido kumon sa pamahalaan ng estado. Wawakasan ko ang bureaucracy na pumipigil sa mga pamilya na makabangon pagkatapos ng mga sunog sa kagubatan. Hihingi ako ng tunay na resulta para sa bilyun-bilyong ginagastos sa kawalan ng tirahan, at wawakasan ko ang paggastos nang walang pananagutan. Maaaring hindi tayo magkasundo sa lahat ng bagay, ngunit iisa ang mga pangunahin nating hangarin: ligtas na komunidad, oportunidad para sa ating mga anak, at patas na pagkakataon na umunlad. Bilang asawa, ama, at Sheriff, alam ko ang ibig sabihin ng responsibilidad. Alam ko kung ano ang pamumuno. Nakita ko na ang pinakamaganda at pinakamasama, at alam kong kaya pa nating pagbutihin pa. Hinihingi ko ang inyong boto.

3649 Mission Inn Ave., Floor 2, Riverside, CA 92501 | Tel: (951) 782-7886
Instagram: @sheriffbianco | Facebook: Sheriff Chad Bianco



### **Derek Grasty** | DEMOKRATIKO

Nagmula ako sa isang komunidad ng uring manggagawa. Naniniwala ako na dapat magkaroon ng magandang kalidad ng buhay ang lahat. Ang ibig sabihin nito ay abot-kayang pabahay, ligtas na komunidad, at de-kalidad na edukasyon. Ang mga karanasan ko sa buhay ay nagturo sa akin na lahat ay posible. Ang aking trabaho sa California bilang isang guro, punong-guro, at public servant na sumusuporta ng mga magkakaibang komunidad ay naghanda sa akin na harapin ang mga isyu sa buong estado. Sama-sama, aalisin natin ang mga kidnapper (ICE) sa ating mga lansangan, gagawin nating abot-kaya ang pabahay para sa mga nagtatrabahong pamilya, unang tagaresponde, guro, bumbero, at nars. Susuportahan ang edukasyon sa pamamagitan ng pre-school, mga espesyalista sa pagbasa, at tagapayo sa kalusugan ng pag-iisip upang matulungan ang ating mga mag-aaral na umunlad. Gawin nating tunay na Golden State ang California. *www.GrastyforGovernor.com*

2231 Will Wool Road, San Jose, CA 95112
E-mail: GrastyforGovernor@gmail.com | www.GrastyforGovernor.com | Facebook: Grasty for Governor

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring magong kwalipikado na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## GOBERNADOR

***Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado.***

*Walang Isinumiteng Larawan*

### Don J. Grundmann | WALANG KWALIPIKADONG KINAKATIGANG PARTIDO

Pinatay si Kirk gamit ang shaped-charge bomb na ginamit ng Israel. Alam ng pamahalaan. YouTube—Bakit kinailangang mamatay ni Kirk (Why Kirk had to die). Pinatay ng Israel ang mga marino ng Liberty. Ang mga "mag-aaral ng sining" sa Israel ay naglagay ng mga kable sa Twin Towers para sa kontroladong demolisyon noong 9/11. HINDI sinira ng mga eroplano ang mga tower. Ginawa iyon ng Israel. 3,000 ang pinatay upang gumawa ng bagong "Pearl Harbor" at bigyang-katwiran ang pakikipagdigma para sa Israel. Ang "mga sumasayaw na Israeli" (mga ahente ng Mossad) ay patunay ng kaalaman sa pag-atake. Alam ng pamahalaan. Israel (ang ating pinakamalaking kaaway), HINDI Iran, ang gagamit ng suitcase nuke sa U.S. sa pamamagitan ng "Samson Option"—ang pag-atake gamit ang hindi totoong bandila para sisihin ang Iran/Russia at tuluyang wakasan ang ating bansa. Ang Israel, ang TUNAY na terorista, ang gumawa at nagpopondo ng Hamas sa pamamagitan ng Qatar. Hindi na mabilang ang mga krimen sa giyera ng Israel/ni Netanyahu. Wala nang karagdagang pondo para sa Israel. Tinatawag nila ang mga Palestino AT Kristiyano AT ang Amerika na “Amalek”—ang kanilang sinumpaang kaaway magpakailanman. Tayo ay mga "goyim" (masahol pa sa hayop/tupa) na kanilang iaalipin. Bobo tayo. Pinamumunuan ng Israel ang ating nasakop na Republika. Sinasabi ng Talmud—ang kanilang Bibliya—sinasabing si Kristo na kumukulo sa Israel ay pinayagan/pinagplanuhan/isinulong ang pag-atake ng Hamas (pinatay nila ang mga sarili nilang tao) para bigyang-katwiran ang genocide at magnakaw ng bilyon sa mga karapatan sa langis/gasolina ng Gaza. Kristiyanong Zionismo = lason sa kaluluwa. Walang umiiral na "Mga pagpapahalaga ng Judeo at Kristiyano" sa Talmudic . . . *DestroyTheZOG.org*. Constitution Party ng California, Christian Nationalist Party na affiliate sa estado. *CNParty.org*.—ginagawa pa. *Fight-the-Power.org*. *CPofCA.org*. *StopNumber24.org*. Gawing publiko ang FED. Mag-print ng mga Perang Papel ng Estados Unidos na walang interes. $300,000 na hamon ng Freedom Law School. *BlackGenocide.org*. Pumatay ang Planned Parenthood ng 20 MILYONG black = TUNAY na “White Supremacy.”, *HenryMakow.com*. *NationalStraightPrideCoalition.org. Gtvflyers.com*

2010 El Camino Real #351, CA | Tel: (510) 895-6789 | E-mail: STOPtheIRS@hotmail.com



### Ramsey Robinson | KAPAYAPAAN AT KALAYAAN

*Ang ipinaglalaban ko ay California para sa Mga Tao, hindi para sa mga Bilyonaryo.* Ang itinagong kayamanan ng 194 na bilyonaryo sa California ay mahigit pa sa mayroon ang 27 milyon sa atin. Hindi iyon aksidente—isa itong dinaya na sistema. Pinayayaman natin ang California, ngunit hindi natin kayang magbayad ng upa, gamot, o disenteng paaralan para sa ating mga anak dahil kinukuha ng mga bilyonaryo ang yaman na ating ginagawa. Humihingi ang ating kampanyang sosyalista ng garantisadong pabahay na hindi lalampas sa 20% ng kita, libreng pangangalagang pangkalusugan, libreng pangangalaga sa bata, at mga trabaho sa unyon na hindi bababa sa $30/oras na may garantisadong marangal na pagreretiro. Itigil ang mga deportasyon, buwagin ang ICE! Lumalaban ako para sa sosyalismo—isang sistema kung saan kaming mga nagtatrabaho ay may kapangyarihang pampulitika at pang-ekonomiya upang matugunan ang aming mga pangangailangan. Sama-sama, tuluyan nating wawakasan ang paghahari-harian ng bilyonaryo. Iboto ang Sosyalista! Iboto ang *leftunityslate.org*. Magparehistro sa Partido ng Kapayapaan at Kalayaan.

Tel: (510) 560-3514 | E-mail: info@ramsey4gov.com | Instagram: @ramsey4gov | TikTok: @ramsey4gov

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO


## GOBERNADOR



### Satish Rao | DEMOKRATIKO

Mahusay, epektibo, at makatao. Iyan ang pagsubok. Ang bawat patakaran ay nakakatulong sa ilan at nakakasama sa iba, kaya kinakailangan ng mabusising talakayan. Kadalasan, tribalismo, kapangyarihan, at hindi sapat na insentibo ang nagdidikta sa resulta. Ginagawa itong simple ng edukasyon. Binigo ng California ang mga mahinang mag-aaral sa pangunahing gawain: ang matutong magbasa. Samantala, mas maganda pa ang nagawa ng mga lugar na itinuro sa atin na balewalain. Ang matalinong paraan? Ang mga salita ay binubuo ng mga letra—mga pangunahin, hindi mahika. Ang arithmetic ay hindi isang hate crime. Ngunit sa California, ang mga pangunahin ay tinatrato na parang kontrabida at ang pagiging masalimuot bilang kabanalan: isang aklat sa physics na may isang libong pahina at naaprubahan ng estado na mabuti sa matibay na mga likod at margin ng publisher, ngunit hindi nababasa. Ang mga taong nangasiwa sa kabiguan ang patuloy na kumokontrol sa mga institusyon. Hindi iyan sabwatan; burukrasya iyan. Sa mga unibersidad, ang kapangyarihan ay nakatuon sa administrasyon, at ang badyet ay sumusunod sa kapangyarihan. Sa University of California, Berkeley—kung saan ako nagtatrabaho—ang kompensasyon lang para sa mga kawaning hindi pang-akademiko ay umaabot sa halos $30,000 para sa bawat mag-aaral. Iyon ay bago kayo magbayad ng isang instructor, propesor, TA, tutor, mambabasa, assistant sa laboratoryo, o mananaliksik. At hindi ito tumitigil sa paglala. Sa California, may regulasyon para sa bawat problema—at kadalasan ay hindi ito nalulutas habang nagkakaroon ng mga bagong problema. Nagsisikap si Gobernador Newsom—palaging nakaayos ang buhok. Gayunpaman, namamahala siya sa isang hindi tapat na sistema na pinakikinabangan ng pinaka-interes at mga pangakong ibinibida nila. Mayaman ang California sa mga tao, lugar, at posisyon. Oras na para tayo mismo ang umaksyon: gawin ang epektibo, itigil ang hindi, at tratuhin ang mga tao nang may dignidad.

E-mail: satish4guv@gmail.com | www.satish4guv.org | www.rao4guv.org



### Raji Rab | DEMOKRATIKO

Nahaharap ang California sa 20B pagkalugi at krisis sa pagiging abot-kaya. Ang solusyon ay karagdagang kita, pagsusulong ng space age, at hindi babalik sa basics. Ako lang ang kandidato na may Plano Ngayon na magdadala ng bilyun-bilyong pandaigdigang pamumuhunan, balanseng badyet, surplus para sa lahat ng departamento, paggawa ng mga murang gamot at pabahay para sa maraming pamilya, luluwagan ang mga regulasyon, ibababa ang buwis, pangangalagang pangkalusugan na para sa lahat, at 1.5 milyong trabaho sa unang taon. Ako ay isang piloto, tagapagturo, negosyante, may-ari at nagpapatakbo ng airline, nag-mentor ng mga mag-aaral, naglingkod sa mga karapatang sibil, at sumusuporta ng Amnestiya sa imigrasyon. *www.rajirabforgovernor.com*

22736 Vanowen St., Suite 105 Gov Sec, West Hills, CA 91307
E-mail: info@rajirabforgovernor.com | TikTok: @rajirabforgovernor | Instagram: @rajirabforgovernor

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## GOBERNADOR



### Randeep S. Dhillon | REPUBLIKANO

Ako si Dr. Randeep S Dhillon, isang ekonomista at propesyonal sa pananalapi, na tumatakbo para sa Gobernador ng California upang magbigay ng praktikal na pamumuno na nakatuon sa pagiging abot-kaya, kaligtasan ng publiko, at pangmatagalang seguridad ng ekonomiya. Ang mga hamon sa California ay nakakaapekto sa bawat komunidad. Nahaharap ang mga pamilya sa mataas na halaga ng pamumuhay, nangangailangan ang mga magsasaka ng maaasahang tubig, nahihirapan ang maliliit na negosyo sa tumataas na gastusin, at hangad ng mga komunidad na maibalik ang kaligtasan. Ang mga hamon na ito ay nangangailangan ng balanse at mahuhusay na solusyon sa ekonomiya na ginagabayan ng mga katotohanan at pananagutan. Kasama sa aking propesyonal na karanasan ang ekonomiya, pananalapi, inobasyon sa pangangalagang pangkalusugan, at malawakang operasyon. Naniniwala ako na dapat responsable sa pananalapi, transparent, at nakatuon sa mga resulta ang pamahalaan. Ang pinansyal na katatagan ay nagpapalakas ng mga pamilya, sinusuportahan ang mga komunidad, at ibinabalik ang tiwala sa mga institusyon. Bilang Gobernador, poprotektahan ko ang agrikultura ng California sa pamamagitan ng pagtiyak ng patas, maaasahan, at abot-kayang tubig, kabilang ang pare-parehong pagpepresyo sa mga water district upang makapagplano, mamuhunan, at makagawa ang mga magsasaka. Ang mga komunidad sa probinsya ay dapat ituring bilang mga katuwang sa kinabukasan ng California. Mahalaga ang abot-kayang enerhiya para sa mga sambahayan at negosyo. Sinusuportahan ko ang responsableng produksyon ng krudo sa California kasabay ng pagpapaunlad ng renewable energy upang ma-stabilize ang gastos sa gasolina, maprotektahan ang mga trabaho, at mabawasan ang pagdepende sa enerhiya mula sa ibang bansa. Dapat ding manguna ang California sa teknolohiya. Susuportahan ko ang mga operating system, software, at hardware na pag-aari ng California upang manatili rito ang inobasyon, trabaho, at data. Susuportahan ko ang maliliit na negosyo sa pamamagitan ng pagbawas ng mga regulasyon at pagpapalawak sa access sa kapital upang umasenso at makakuha ng mga empleyado ang mga negosyante. Mahalaga ang kaligtasan ng publiko. Ang pagnanakaw sa tindahan ng anumang halaga ay isang krimen, at dapat ipatupad nang patas ang mga batas. Sinusuportahan ko ang ekonomikong pag-unlad ng kababaihan, mga solusyon sa kawalan ng tirahan ng mga beterano sa pamamagitan ng pabahay at trabaho, at ang mahigpit na aksyon laban sa ilegal na droga.

1615 South H Street, Bakersfield, CA 93304 | Tel: (661) 374-0005
E-mail: Dhillon@Cagov2026.com | Facebook: Facebook.com/Cagov2026 | Instagram: Instagram.com/Cagov2026



### LivingForGod AndCountry DeMott | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Ang Aking Legal na Pangalan na LivingForGod ay Nangangahulugan sa: Pamumuhay na Nagpapakita sa Mabuting Pag-uugali ni Hesukristo; ito ang aking pundasyon, ang aking operating system, at compass. Bilang chaplain, sa aking palagay, ang anumang tagumpay na nagawa mula sa pundasyon ng panlilinlang at katiwalian ay parang pagtatayo ng kastilyo sa buhangin. Kaya kapag may dumaang malakas na bagyo, hindi ako matitinag! Pagdating sa uri ng turbulence na nagpapabagsak ng mga eroplano, ako ang magiging piloto na sasalo sa bagyo para makahinga muli ang mga pasahero (Kayo ang Mga Tao). Bilang matagumpay na negosyante, itinayo ko ang Big Time Pest Control mula sa wala, pagkatapos ay ibinenta ko ito sa trading upper management upang magsilbing chaplain, sa mga kanal, lumuluhod at nakikipagkamay sa mga nakalimutan, at ang mga nabigo. Ang aking pamana ay isang mapa ng tapang ng mga Amerikano, mula kay Samuel Fuller, ang Doktor ng Mayflower hanggang sa kidlat ni Ben Franklin. Pero hindi ko babalikan ang nakaraan—haharapin ko ang buong California, kung saan pakiramdam ng mga tao ay inabandona at tinraydor sila! Mayroon akong plano na PIGILAN ang mga ilegal na operasyon ng ICE; at puso ng chaplain na matatandaan kung sino ang pinaglilingkuran ng sistema. 100% akong tutol sa buwis na resulta ng itinakbong milya. Para Muling Gawing Maganda ang California, PROTEKTAHAN ANG MGA TAO! Habang nagtatalo ang mga dati nang partido sa kung sino ang puno't dulo ng problema; ako ang magbibigay sa inyo ng solusyon! Kaya naman ako ang dapat piliin para sa Gobernador ng California. • *www.DeMottForGovernor.com*

724 Terrace Dr., Redding, CA 96002 | Tel: (530) 921-1978
E-mail: demottforgovernor@gmail.com | X: https://x.com/realdemott | Instagram: https://instagram.com/realdemott

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## BISE GOBERNADOR

- Tinatanggap ang katungkulan at mga tungkulin ng Gobernador kung sakaling magkaroon ng impeachment, pagkamatay, pagbitiw sa tungkulin, pagtanggal sa katungkulan, o pagliban sa estado.
- Nagsisilbing presidente ng Senado ng Estado at may boto para magdeklara ng panalo mula sa tablang bilang.
- Tagapangulo sa Komisyon para sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya; miyembro ng Komisyon sa Mga Lupain ng Estado, at ng Konseho sa Proteksyon ng Karagatan; at kabilang sa mga lupon ng mga sistema ng unibersidad ng California.



### Janelle Kellman | DEMOKRATIKO

Si Janelle Kellman ay isang eksperto sa panganib ng klima, pinuno ng lokal na komunidad, at ehekutibong non-profit para sa paghahanda sa sakuna na nakatuon sa paglutas ng krisis sa mataas na halaga ng pamumuhay na kinakaharap ng California. Bilang isang abugado ng kapaligiran na may kadalubhasaan sa panganib ng klima, itinatag ni Janelle ang Center for Sea Rise Solutions upang tulungan ang mga pamahalaan at lokal na komunidad na bawasan ang panganib sa ekonomiya mula sa mga wildfire, pagbaha, at matinding lagay ng panahon—sa halip na ipasa ang mga gastos sa mga sakuna sa mga nagbabayad ng buwis. Bilang lokal na pinuno ng komunidad at Alkalde ng Sausalito, pinangunahan ni Janelle ang mga pagresponde sa pagbaha, pagtaas ng lebel ng dagat, at mga wildfire—na naglaan ng milyun-milyong dolyar upang patibayin ang lokal na imprastruktura, na nagresulta sa mas mababang premium sa insurance ng may-ari ng bahay. Sa halip na maghintay na may ibang umaksyon sa kawalan ng tirahan, bilang Alkalde, nagdeklara siya ng state of emergency para sa isang lokal na encampment at pinangunahan niya ang makataong pagresponde upang ilipat ang mga tao sa pabahay. Ang bilang ng mga lokal na walang matirhan ay bumaba nang mahigit kalahati simula noon. Ang Bise Gobernador ng California ay tumutulong sa pamamahala ng patakaran sa edukasyon, kapaligiran, at ekonomiya sa buong estado. Gagawin ni Janelle ang mga sumusunod: 1. Gagamitin ang kanyang kadalubhasaan sa klima upang bawasan nang kalahati ang mga singil sa kuryente sa susunod na dekada sa pamamagitan ng pagbago sa kung paano pinopondohan ang pag-iwas sa sunog; 2. Mamumuhunan sa mga programa sa paghahanda para sa sakuna upang i-stabilize ang insurance market; at 3. Palalawakin ang edukasyong bokasyonal at alinsunod sa career sa ating mga community college upang magawa ng bawat mag-aaral na mag-ambag sa teknolohiya sa klima, pabahay, serbisyo, at mga skilled trade ng California. Na magreresulta sa pagbawas sa singil sa kuryente, mas maliit na gastos sa insurance sa bahay, at pagiging libre ng mga community college para sa lahat ng residente ng California. *JanelleKellman.com*

PO Box 1688, Sausalito, CA 94965 | E-mail: janelle@janellekellman.com
Instagram: https://www.instagram.com/janellekellmanforltg | Facebook: https://facebook.com/janellekellmanforltg



### Michael Tubbs | DEMOKRATIKO

Tumatakbo ako para sa Bise Gobernador upang gawing mas abot-kaya ang California at patunayang may kakayahan ang pamahalaan na maghatid ng mga resulta, hindi lang mangako. Lumaki akong mahirap, at itinaguyod ako ng walang asawang ina. Tinuruan ako ng aking pamilya at komunidad ng katatagan at paglilingkod—mga pagpapahalagang nakatulong sa akin na mag-aral sa Stanford at maihalal na Alkalde ng Stockton sa edad na 26. Naluklok ako sa pwesto noong nasa krisis ang Stockton—ilang taon lang pagkatapos nitong mabangkarote. Sa pakikipagtulungan sa ating komunidad, nakabuo ako ng bagong landas. Salamat sa pakikipagtulungan sa pulisya, nabawasan natin ang mga homicide nang 40% at nakamit natin ang pinakamalaking pagbaba sa estado para sa mga pamamaril na kinasasangkutan ng mga pulis. Umabot sa halos pinakamababang antas ang kawalan ng trabaho. Ang Stockton ay hinirang bilang pangalawang lungsod na may pinakamaayos na pananalapi sa estado. Naglunsad ako ng pilot para sa garantisadong kita na nag-ahon sa mga tao mula sa kahirapan at ginaya na ng mahigit 150 lungsod. Nahaharap ang California sa matitinding hamon: puro usapan, at walang sapat na aksyon. Bilang Bise Gobernador, walang humpay kong pagtutuunan ang pagiging abot-kaya: Lalaban ako para mapababa ang gastos sa mas mataas na edukasyon—sa mga programang bokasyonal man o kolehiyo. Magpapakilala ako ng mga kakaibang ideya para makapagtayo ng abot-kayang pabahay nang sa gayon ay manatili ang mga taga-California sa estadong minamahal natin. At isusulong ko ang mga napatunayang solusyon tulad ng mga programa para sa garantisadong kita upang mawakasan ang kahirapan at maiwasan ang kawalan ng tirahan. Gagamitin ko ang katungkulan upang magsulong ng pananagutan at mapabilis ang mga epektibong solusyon. Isang karangalan para sa akin ang pag-eendorso ng SEIU California, California Working Families Party, at ng mga pinuno sa buong estado na naniniwalang kailangan ng California ng mga pinuno na marunong mamuno—at maghatid ng mga resulta. Simple lang ang aking hangarin: isang California na uubra lahat. *michaeltubbsforca.com*

E-mail: info@michaeltubbsforca.com
Instagram: instagram.com/michaeldtubbs | Facebook: facebook.com/stocktontubbs

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## BISE GOBERNADOR



### Ebie Lynch | REPUBLIKANO

Tagapagtaguyod, Beterano, Nars. Unahin ang California! (Alamin pa)
*www.ebielynchforcalifornia.com*

6261 Hazel Ave. #2943, Orangevale, CA 95662 | Tel: (916) 243-5448
E-mail: elynch@ebielynchforcalifornia.com | Facebook: ebielynch4caltgov | Instagram: ebielynch



### Alice Stek | KAPAYAPAAN AT KALAYAAN


Doktor, tagapagturo, at sosyalista. Sa aking 32 taon na career bilang OBGYN at espesyalista sa HIV sa pumapalyang sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng California, patuloy kong nakukumpirmang sosyalismo ang tanging lunas sa kapitalismo. Buuin natin ang California na para sa Mga Tao, hindi para sa mga bilyonaryo! Iboto ang Sosyalista at suportahan ang Left Unity Slate!

333 Washington Blvd. #355, Marina del Rey, CA 90292 | Tel: (323) 487-0931
E-mail: alicestek4ca@gmail.com | www.alicestek4ca.com | Instagram: alicestek4ca

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## BISE GOBERNADOR



### David Fennell | REPUBLIKANO

Kumusta California! Si David Fennell ay tumatakbo para sa Bise Gobernador upang ibalik ang kadakilaan ng estado! Dati nang sinisimbolo ng California ang American Dream, ngunit sa nakalipas na 20 taon, nasaksihan nating maglaho ang pangarap na iyon dahil sa palpak na pamumuno sa Sacramento. Kailangan natin ng mga bagong solusyon, hindi ng parehong dating mga solusyon. Bakit hindi tayo makapagtayo ng abot-kayang pabahay, magsimula ng mga bagong negosyo, o makapagtustos sa ating mga pamilya? Bakit umaalis patungong Texas ang mga kumpanya ng teknolohiya, ginagawa ang mga pelikula sa ibang bansa, at nahihirapan ang ating mga magsasaka sa tubig? Hindi ligtas ang ating mga kalye, at nasusunog ang ating mga kagubatan. Malinaw ang problema: hindi mahusay na pamumuno. Bilang inyong Bise Gobernador, aaksyon ako. Pangungunahan ko ang mga pag-audit upang alisin ang pag-aaksaya, panloloko, at pang-aabuso sa Sacramento, titiyakin ang matalinong paggastos ng inyong mga ibinabayad na dolyar sa buwis. Makikipagtulungan ako sa Komisyon sa Mga Lupain ng Estado at iba pang lupon upang matiyak na makukuha ng mga magsasaka ang tubig na kailangan nila at pamahalaan ang ating mga mapagkukunan, sa pamamagitan ng pagpigil sa mga wildfire at pagbangon mula sa mga ito. Ipaglalaban ko ang de-kalidad na edukasyon na maghahanda sa ating mga mag-aaral para sa kinabukasan ng California. Sa aking karanasan sa negosyo, pagsasaka, at teknolohiya, handa akong magdala ng tunay na pamamaraan sa Sacramento at pamunuan ang California pabalik sa kasaganaan. Iboto si David Fennell para sa Bise Gobernador! Hindi ko kayo bibiguin! Alamin pa sa *https://www.fennellforcalifornia.com*

500 Capitol Mall, Suite 2350, Sacramento, CA 95814 | Tel: (916) 305-6361 | E-mail: dave@fennellforcalifornia.com
Facebook: https://www.facebook.com/FennellForCalifornia | Instagram: https://www.instagram.com/fennellforcalifornia



### Josh Fryday | DEMOKRATIKO

Ako ay isang beterano ng Navy, dating alkalde, at Miyembro ng Gabinete ng Gobernador. Isa akong ama na may tatlong anak na nasa pampublikong paaralan, kasal sa isang guro sa ikalawang baitang sa pampublikong paaralan—at ipinagmamalaki ko na ako lang ang kandidatong ineendorso ng parehong unyon na kumakatawan sa mga guro at tagapagturo ng California. Tumatakbo ako dahil kailangan natin ng isang bagong henerasyon ng mga Demokratiko na magiging mas matatag at mas malakas—upang pigilan si Donald Trump at ang mga sakim na korporasyon na saktan ang mga taga-California. Bilang JAG na Opisyal sa Navy, nanindigan ako para sa Sistema ng Batas, ipinagtanggol ko ang mga detainee, at tumestigo ako sa harap ng Kongreso laban sa mga pang-aabuso sa karapatang pantao sa Guantanamo Bay. Bilang nag-iisang beterano na tumatakbo, mayroon akong karanasan upang pamunuan ang laban ng California kontra sa maling paggamit ni Trump sa ating national guard at militar—at protektahan ang ating mga pamilya, kapitbahay, at demokrasya mula sa hukbo ng ICE ni Trump. Sa Komisyon sa Baybayin at Komisyon sa Mga Lupain ng Estado, pipigilan ko si Trump at ang Big Oil sa mga bagong off-shore na paghuhukay para makakuha ng langis. Sa pagdoble sa ating produksyon ng malinis na enerhiya, mababawasan natin ang polusyon at mga gastos sa enerhiya para makatipid ka. Ipinanganak at lumaki sa California, lumipat ang pamilya ko nang 17 beses bago ako nakatapos ng high school. Personal para sa akin ang krisis sa pabahay at halaga ng pamumuhay. Haharapin ko ang mahihirap na laban na hindi kayang harapin ng mga matagal nang pulitiko—upang protektahan ang ating demokrasya at gawing mas abot-kaya ang California para sa mga nagtatrabahong pamilyang tulad sa akin. Ikararangal kong matanggap ang inyong boto. Alamin pa ang tungkol sa aking mga plano sa pabahay, enerhiya, at trabaho para sa California sa *www.joshfryday.com*.

Tel: (916) 550-3398 | E-mail: Josh@JoshFryday.com
Instagram: @josh_fryday | YouTube: @josh_fryday

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## BISE GOBERNADOR



### Tim Myers | DEMOKRATIKO

Ako si Tim Myers, Presidente ng Californians For Climate Change, co-founder at dating miyembro ng multi-platinum band na OneRepublic, at isang creator sa likod ng 16 na gold at platinum album. Nag-aral ako sa Harvard at ginugol ang aking buhay sa pagsasalubong ng pagkamalikhain, aktibismo, at serbisyo sa publiko. Bilang aktibista, pinangunahan ko ang mga protesta laban kay Trump at sa ICE sa buong California. Tumayo ako sa front line habang may mga nakatutok na sniper at pinapaputok na mga rubber bullet. Itinaya ko ang buhay ko dahil naniniwala ako sa katarungan, pagkakapantay-pantay, at ang kapangyarihan ng sama-samang pagbangon ng mga tao. Lumaki akong mahirap at nagpatuloy upang magpatayo ng Palladium Records, na gumawa ng daan-daang trabaho at oportunidad para sa mga artist at nagtatrabahong pamilya. Ngayon, isa akong asawa at ama ng dalawang batang babae, at ang aking laban ay talagang personal. Gusto kong magmana ang aking mga anak at ang bawat pamilya sa California ng isang estado na ligtas, abot-kaya, at puno ng posibilidad. Tumatakbo ako sa isang platapormang inuuna ang mga tao na nakatuon sa pagiging abot-kaya, pagwawakas sa kawalan ng tirahan, pagbalik sa mga trabaho sa teknolohiya, pagpapababa ng gastos, pagbabawas ng krimen, at pagtataas ng sahod. Buong pagmamalaki akong tumulong sa pagpasa sa Panukala 28, na nagpapalawak ng edukasyon sa musika at sining sa ating mga pampublikong paaralan. Wala akong kinuhang pera sa PAC dahil hindi dapat nabibili ang serbisyo sa publiko. Nawalan na ng koneksyon ang mga matagal nang pulitiko. Dapat wakasan ang katiwalian. Ang aking viral na mensahe ay nakarating na sa mahigit 16 na milyong taga-California na handa na para sa pagbabago. Hindi ko hahayaang mas marami pang pamilya ang mapaalis. Sama-sama tayong babangon at babawiin natin ang California para sa mga susunod na henerasyon at nagtatrabahong pamilya sa buong estado.

Tik Tok: timmyersmusic | Instagram: timmyersofficial



### Fiona Ma | DEMOKRATIKO

Ang California ay nasa isang sangandaan sa kasaysayan ng Amerika. Kailangan natin ng mga subok nang pinuno na may malinaw na misyon, na handang manindigan at lumaban para sa bawat taga-California. Ang pagtatanggol sa mga pinapahalagahan at mga tao ng California—lalo na sa mga babae at imigrante—ang magiging pangunahing prayoridad ko bilang inyong Bise Gobernador. Anak ako ng mga imigrante at walang lugar para sa takot o pananakot sa ating estado. *Poprotektahan ko ang pagkamamamayan mula sa kapanganakan* mula sa mga pang-aatake ni Trump, at *papanagutin ko ang ICE* para sa labis na karahasan. Ginugol ko ang buhay ko sa serbisyo sa publiko na naninindigan sa kababaihan. Bilang Tagaingat-Yaman ng Estado ng California, *pinondohan ko ang mga screening para sa kalusugan sa kakayahang magkaanak, pagpigil sa pagbubuntis, at cancer* nang bawasan ni Trump ang pondo para sa Title X. Bilang miyembro ng asembleya, pinamunuan ko ang Piling Komite sa Karahasan sa Tahanan upang *protektahan ang mga survivor*. Ang Bise Gobernador ay nagsisilbi sa Komisyon sa Baybayin at Mga Lupon ng UC at CSU. *Lalabanan ko ang plano ni Trump na muling buksan ang offshore na paghuhukay*, habang ipinagtatanggol ang mga unibersidad at pinoprotektahan ang kalayaan sa akademya. Boboto ako para *hindi itaas ang matrikula at para makayanan ng mga middle-class na pamilya ang kolehiyo*. Ang aking ina ay isang guro sa pampublikong paaralan. Kaya naman nakatuon ako sa paghahatid ng de-kalidad na edukasyon sa bawat mag-aaral ng California. Nabubuhay tayo sa isang hindi pa nagaganap na panahon—at dapat tahakin ng California ang landas pasulong—isang kinabukasan na yumayakap sa iisang paniniwala na magkaroon ng mas magandang California para sa lahat. Samahan kami, *ang California Professional Firefighters, California Federation of Teachers, National Union of Healthcare Workers, Building Trades, Carpenters, Bise Gobernador na si Eleni Kounalakis*, at ang mahigit 30 unyon sa trabaho sa aming kampanya sa *www.fionama.com*. Mahal ko ang California at mapagkumbaba kong hinihiling ang inyong boto para sa Bise Gobernador.

1032 Irving Street, #908, San Francisco, CA 94122
E-mail: Fiona@FionaMa.com | www.fionama.com | Facebook: Facebook.com/CA.FionaMa

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## KALIHIM NG ESTADO

- Bilang punong opisyal ng halalan ng estado, nangangasiwa sa halalan sa buong estado, at naghahatid sa publiko ng access sa kampanya at nagbabantay sa impormasyong pinansyal.
- Nagpapanatili ng ilang partikular na paghahain sa negosyo, nagpapatunay ng mga trademark, nangangasiwa ng mga pampublikong notaryo, at nagbibigay-kakayahan sa mga secure na creditor na protektahan ang kanilang mga pinansyal na interes.
- Pinapangalagaan ang kasaysayan ng California sa pamamagitan ng pagkuha, pangangalaga, at pagbabahagi sa mga makasaysayang yaman ng estado.



### Donald P. (Don) Wagner | REPUBLIKANO

Bilang Kalihim ng Estado, ibabalik ko ang tiwala ng mga taga-California sa ating sistema ng halalan at *poprotektahan* ko ang *pangunahing karapatan ng bawat botanteng Amerikano na lumahok sa ating demokrasya*. Bulok ang sistema ng halalan sa California. Tatlumpu't anim na estado at karamihan ng mga demokratikong bansa ang nag-aatas sa mga botante na kumpirmahin ang kanilang pagkakakilanlan sa mga botohan. Hindi ito ginagawa ng California. Napakahina ng seguridad sa halalan kaya may *isang aso na nakapagparehistro upang bumoto* sa California—at nabilang ang kanyang boto! Bagama't kaya ng ibang malalaking estado na tapusin ang pagbibilang ng boto at mag-anunsyo ng resulta sa Araw ng Halalan, sa California, inaabot ito nang 30 araw. Kadalasan, tayo ang huling estado sa bansa na humihinto sa pagbibilang at nag-uulat ng mga pinal na resulta. Iyon ay nakakahiya at hindi katanggap-tanggap. Karapat-dapat kayo sa isang mahusay na sistema ng halalan na *ligtas, mahusay, tama, at naa-access* ng mga kwalipikadong botante lang. Bilang Kalihim ng Estado, magsisikap akong gumawa ng mga reporma kasama ang: 1) *Manghingi ng ID ng Botante* sa mga botohan; 2) Hilinging ibalik ang mga balota sa mail sa Araw ng Halalan; 3) Ipagbawal ang "ballot harvesting" ng mga may bayad na canvasser. Ang Kalihim ng Estado ay mayroon ding tungkulin sa pag-aayos sa kondisyon ng negosyo ng California. Dapat gawing moderno at angkop sa negosyo ang opisina. Bilang Kalihim ng Estado, lalabanan ko ang hindi magandang mga patakaran sa negosyo na nagpapahirap sa California at nagppaalis sa ating mga pamilya, kaibigan, at employer. Mayroon akong karanasang maghatid. Naglingkod ako bilang miyembro ng Lehislatura ng California, Alkalde ng Irvine, Tagapangasiwa ng Orange County, at mayroon akong sariling negosyo. Nangangako akong poprotektahan ko ang inyong boto bilang Kalihim ng Estado. Alamin pa sa *WagnerforCalifornia.com*.

4100 MacArthur Blvd., Ste. 310, Newport Beach, CA 92660 | Tel: (714) 785-5949
E-mail: donwagner@WagnerForCalifornia.com | WagnerForCalifornia.com



### Shirley N. Weber | DEMOKRATIKO


*Hindi ako kailanman susuko sa pagprotekta sa inyong mga karapatan sa pagboto.* Wala tayo sa normal na panahon. Kailangan natin ng mga matatag na lider na sumuporta at lumaban kung ano tama at makatarungan. Ipinanganak ako sa timog ng Jim Crow, sa mga nagsasaka ng lupa na hindi makaboto. Malugod kaming tinanggap ng California at ito na ang naging tahanan ko mula noon. Dito unang bumoto ang mga magulang ko at ginamit pa nila ang sala namin bilang lugar ng botohan. Ang Amerika ang tanging bansa sa mundo kung saan sa loob ng isang henerasyon, ang isang pamilya ay maaaring magpatuloy mula sa pagkawala ng karapatan ng Jim Crow, hanggang sa pangangasiwa ng mga halalan sa pinakamalaking estado sa bansa. Malayo na ang narating natin, at nasaksihan ko na mismo. Gayunpaman, may mga taong gustong ihinto ang pag-unlad na iyon. Gusto nila ng mas maikling oras ng botohan, mas kaunting araw para bumoto, at alisin ang mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ang ilan sa kanila ay nagbanta pa sa buhay ng mga opisyal ng halalan noong naatalo ang gusto nilang kandidato. Hindi kukunsintihin ang ganitong pag-uugali sa California. Bilang Kalihim ng Estado, 28 pambuong-estado at espesyal na halalan ang matagumpay nang naisagawa. Nang atakihin ang ating mga karapatan sa pagboto, lumaban ako para sa atin sa mga hukuman, at nanalo. Isa akong tapat na pinuno dahil tiwala ang pinakamahalaga. Ang bawat karapat-dapat na taga-California ay dapat magparehistro upang bumoto at bumoto, nagkakasundo man tayo sa puliitika o hindi. Patuloy akong lalaban para siguraduhing walang humahadlang sa inyo at sa kahon ng balota. Iboto si Dr. Shirley N. Weber para sa Kalihim ng Estado. Bumisita sa *www.DrShirleyWeber.com* para matuto pa.

E-mail: info@drshirleyweber.com
Facebook: facebook.com/ShirleyWeber4SOS | X: x.com/drweber4ca

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## KALIHIM NG ESTADO



### Michael Feinstein | LUNTIAN

Ang California ay isang maganda, maraming diverse na halo ng mga tao, ideya, at pananaw. Pinakamahusay tayo kapag lahat ay naririnig at kinakatawan. Karapat-dapat ang lahat na magkaroon ng posisyon sa hanay ng ating demokrasya. Ang boto para sa dating alkalde ng Santa Monica na si Michael Feinstein ay isang boto para sa *Katipunan ng Mga Karapatan sa Demokrasya*: (1) *Pagboto nang Naka-rank ang Pagpili.* Bigyan ng kapangyarihan ang mga botante na magkaroon ng mas maraming boses laban sa mas maraming kandidato, positibong pangangampanya, at pagbuo ng ugnayan. (2) *Demokrasya ng Maraming Partido.* Sa halip na ating umiiral na sistemang 'lesser-of-evils', winner-take-all—*magpatupad ng proportional representation na halalan—kung saan ang mga botanteng may parehong pag-iisip ay makakatanggap ng representasyon na proporsyonal sa kanilang bilang, at makakatulong ang lahat ng botante na maghalal ng mga kandidatong tunay na kumakatawan sa kanilang mga pananaw*. Nananalo ang maraming pananaw bilang kinatawan mula sa parehong distrito. *Nakikinabang tayo mula sa karunungan ng ating pagkakaiba-iba.* (3) *Reporma sa Pananalapi ng Kampanya.* Itigil ang tiwaling impluwensya ng Big Money, siguraduhin ang ganap na pagsisiwalat. *Bawasan ang gastos sa pagtakbo para sa katungkulan, at tiyaking ang lahat ng botante ay may impormasyong kailangan upang gumawa ng mga desisyon na batay sa kaalaman.* Magbigay ng mga libreng pahayag ng kandidato sa mga opisyal na gabay sa botante, at gamitin ang aming mga pampublikong airwave upang ipaalam sa mga botante ang lahat ng pagpipilian sa halalan. *Bigyan ang mga kandidato ng malawak, grassroots base ng suporta mula sa clean money.* Tapatan ang mga kontribusyon ng maliliit na donor sa pamamagitan ng pampublikong pondo. Bigyan ng kapangyarihan ang mga residente gamit ang mga democracy voucher upang pondohan ang mga kandidato. *Nararapat lang na ipaglaban ang ating demokrasya.* (4) *Integridad sa Halalan. Dapat mabilang ang lahat ng boto—at mahalaga ang lahat ng boto.* Isulong ang transparency, accuracy, at pagiging katiwa-tiwala sa pamamagitan ng pag-aari ng publiko, open-source na kagamitan sa pagboto, mga balota sa papel, at makabuluhang pag-audit. (5) *Tiyakin ang Mga Karapatan sa Pagboto para sa lahat.* Panlahat na pagpaparehistro ng botante. Palawakin ang access sa wika. Mas padaliin ang pagboto sa pamamagitan ng pagdedeklara ng holiday ng estado sa mga araw ng halalan.

PO Box 5605, Santa Monica, CA 90409 | Tel: (310) 392-8450
E-mail: info@feinstein4sos.org | www.feinstein4sos.org | X: www.twitter.com/feinstein4sos



### Gary N. Blenner | LUNTIAN

Pagod ka na ba sa gobyerno na nakikinig lamang sa mga interes ng mayayaman kaysa sa mga nagtatrabaho? Ang sagot ay ayusin ang ating sistema ng halalan at palawakin ang demokrasya. Proporsyonal na Representasyon. Ranked Choice Voting. Pampublikong pagpopondo ng mga kampanya. Tapusin ang corporate personhood. Iboto ang Left Unity Slate sa Hunyo 2! *blenner4sos.org*

4540 American River Drive, Sacramento, CA 95864
E-mail: blenner4sos@gmail.com | Facebook: Gary Blenner For California Secretary of State

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## CONTROLLER

- Bilang punong opisyal sa pananalapi ng estado, nagsisilbi siyang accountant at bookkeeper ng lahat ng pampublikong pondo ng estado.
- Pinangangasiwaan niya ang sistema ng pagpapasahod ng estado at ang mga batas sa hindi nakuhang ari-arian at nagsasagawa ng mga pag-audit at pagsusuri sa mga pagpapatakbo ng estado.
- Naglilingkod siya sa Board of Equalization, Board of Control, at iba pang lupon at komisyon.



### Meghann Adams | KAPAYAPAAN AT KALAYAAN

Sa $4 trilyong ekonomiya ng California, bakit milyun-milyon sa atin ay umaasa lang sa sahod para mabuhay? Bilang presidente ng unyon ng mga driver ng school bus sa San Francisco, ang SMART 1741, mayroon akong ilang taon na karanasan sa pamamahala ng pananalapi ng unyon at track record ng pakikipaglaban para sa aking mga miyembro sa harap ng mga pag-atake ng mga bilyonaryo sa ating mga sistema ng paaralan. Bilang inyong Controller, lalaban ako upang malutas ang krisis sa pagiging abot-kaya, isara ang mga butas sa buwis ng mga korporasyon, at magpakilala ng Plano sa Muling Pamumuhunan ng California upang kunin ang mga pampublikong pensyon mula sa mga digmaan at ipamuhunan sa pabahay at enerhiya na mula sa mga natural na pinagkukunan. Panahon na para gamitin ang ating napakalaking yaman para sa mga nagtatrabahong tao na gumawa nito. Iboto ang Sosyalista—Sama-sama, mabubuo natin ang California para sa mga tao, hindi para sa mga bilyonaryo! *LeftUnitySlate.org Meghann4CA.com*

Tel: (510) 543-1789 | E-mail: info@meghann4ca.com
Instagram: @meghann4ca | https://www.meghann4ca.com/



### Malia M. Cohen | DEMOKRATIKO

Bilang Controller ng Estado ng California, si Malia Cohen ang nagsisilbing punong opisyal ng pananalapi ng estado, na siyang nangangalaga sa pananalapi ng ika-apat na pinakamalaking ekonomiya sa mundo. Tumatakbo siya para ihalal muli upang matiyak na pinamamahalaan sa tapat, responsable, at patas na paraan ang mga ibinabayad ng nagbabayad ng buwis. Ipinanganak at lumaki sa San Francisco, nauunawaan ni Malia ang pangako ng California at ang pangangailangang protektahan ito para sa mga susunod na henerasyon. Isang nagtatrabahong ina, matagal nang Demokratiko, at dedikadong naglilingkod sa bayan, naniniwala siyang ang mga badyet ay mga dokumentong moral na dapat sumasalamin sa ating mga pinapahalagahan at mamuhunan sa mga tao, hindi sa mga espesyal na interes. Bilang Controller, pinalakas ni Malia ang transparency sa pananalapi sa pamamagitan ng pagpapalawak ng pampublikong access sa datos sa pananalapi at payroll, na nagbibigay sa mga taga-California ng malinaw na pag-unawa sa kung paano ginagastos ang mga dolyar ng publiko. Naglabas siya ng mga napapanahong buwanang ulat ng pera upang makatulong na mapanatiling matatag ang pananalapi sa California sa panahon ng kawalan ng katiyakan sa ekonomiya, pinagsama-sama niya ang lahat ng 58 county na may milyun-milyong hindi nakuhang ari-arian, at kinilala niya ang mga lokal na pamahalaan para sa kahusayan sa tamang pag-uulat sa pananalapi. Isinulong din niya ang matagal nang dapat na modernisasyon ng sistema ng pagpapasahod ng California upang mas mahusay na mapaglingkuran ang mga pampublikong manggagawa sa buong estado. Sa panahon kung kailan higit na mahalaga ang tiwala sa pamahalaan, si Malia Cohen ay nakatuon sa pagprotekta sa kinabukasan ng pananalapi ng California at pagtupad sa California Dream para sa bawat komunidad. Samahan ang mga guro, nars, manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, inhinyero sa pagpapatakbo, tubero, pipefitter, manggagawa sa kuryente, at ang mga nagtatrabaho sa buong California sa pagsuporta kay Malia Cohen para sa Controller. Alamin pa sa: *MaliaCohenForCA.com*

Instagram: https://www.instagram.com/malia.cohen | Facebook: https://www.facebook.com/MaliaCohen

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## CONTROLLER



### Herb W Morgan | REPUBLIKANO

Handa na ang California para sa isang bagong panahon ng transparency sa pananalapi at modernong pangangasiwa. Bilang Controller ng Estado, magpapatupad ako ng radikal na transparency sa buong estado at mga subsidiary nito—ilalathala ko online ang paggastos sa antas ng transaksyon na may halos real-time na pag-uulat upang malinaw na makita ng bawat taga-California kung paano ginagamit ang mga pampublikong pondo. Kapag nakikita ng lahat ang impormasyon, natatapos ang mga debate tungkol sa paggastos at mas nagiging kumpiyansa sa pamahalaan. Ang aking pagtutuunan ng pansin ay modernisasyon at pananagutan. Gamit ang makabagong teknolohiya, mapapabilis natin ang mga operasyon, makakapagsimula tayo ng makabuluhang reporma, at masisiguro nating makakarating ang mga mapagkukunan sa mga silid-aralan, komunidad, at programa na pinakamahalaga. Taglay ang halos apat na dekadang karanasan sa pangangasiwa sa mga pamumuhunan at kumplikadong sistemang pampinansyal, magdadala ako ng disiplinadong pangangasiwa at praktikal na pamumuno sa Sacramento—papalakasin ko ang kultura ng malasakit sa California sa pamamagitan ng paggamit ng bawat dolyar ng publiko sa mas matalino, mas mabilis, at mas epektibong paraan para sa mga taong pinaglilingkuran nito.

E-mail: info@herbmorgan.com | X: @herb4controller | Instagram: @herb4controller

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## TAGAINGAT-YAMAN

- Bilang banker ng estado, pinapamahalaan ang mga pamumuhunan ng estado, at pinapangasiwaan ang pagbebenta ng mga bono at note ng estado.
- Naglilingkod sa maraming komisyon, karamihan ay nauugnay sa marketing ng mga bono.
- Binabayaran ang mga pondo ng estado kapag ginagastos ng Controller at iba pang ahensya ng estado.



### Eleni Kounalakis | DEMOKRATIKO

Ako ay isang negosyante, eksperto sa pananalapi at anak ng mga imigranteng Griyego. Naniniwala ako sa California dream at bilang Bise Gobernador, nagsikap akong suportahan ang maliliit na negosyo, edukasyon, at mga oportunidad para sa masisipag na pamilya. Tumatakbo ako bilang Tagaingat-Yaman ng Estado upang maging isang disiplinado at responsableng tagapamahala ng pananalapi ng California, na nakatuon sa pagprotekta sa mga nagtatrabahong pamilya, pagpapalakas ng ating ekonomiya, at paggawa ng matatalinong pamumuhunan na sumasalamin sa ating mga pinapahalagahan. Tumatakbo ako para sa Tagaingat-Yaman ng Estado upang: *Magtayo ng abot-kayang pabahay gamit ang pampublikong pananalapi. Labanan ang mga pang-aatake ni Trump sa ating pangangalagang pangkalusugan at mga imigrante. Protektahan ang mga pensyon ng masisipag na taga-California. Mamuhunan sa pinansyal na kinabukasan ng mga bata at pamilya.* Sinusuportahan ako nina Gobernador Gavin Newsom, Senador Alex Padilla, Senador Adam Schiff, at Tagapagsalita na si Emerita Nancy Pelosi. Mayroon din akong suporta at pag-endorso ng mahigit sa 450,000 guro sa California. Sinusuportahan din ng mga bumbero, unang tagaresponde, at mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ng California ang aking kandidatura at umaasa akong makukuha ko rin ang inyong suporta. Bilang negosyante, ilang dekada ang inilaan ko sa pagtatayo ng mga komunidad ng pabahay, paggamit ng pondo para sa imprastruktura, at paghahatid ng mga resulta. Bilang ika-50 Bise Gobernador ng California at dating diplomat ni Obama, nagdala ako ng totoong kadalubhasaan sa pananalapi sa ilan sa pinakamahihirap na hamon sa estado. Gumawa ako ng mga trabahong gumagamit ng malinis na enerhiya, namahala ako ng mga pampublikong lupain, at bumoto para aprubahan ang mahigit sa 60,000 bagong kama sa mga campus ng kolehiyo upang makatulong na mapababa ang mga gastos para sa mga mag-aaral at pamilya. Isa akong matapang na mandirigma para sa demokrasya. Nangunguna ako laban sa mga pang-aatake ni Donald Trump sa mga komunidad ng imigrante at sa kalayaan sa kakayahang mag-anak ng kababaihan—habang pinoprotektahan ang ating kapaligiran at ang mga pangunahing pinapahalagahan ng California. *EleniForCA.com*

2443 Fillmore Street #300, San Francisco, CA 94115 | E-mail: info@eleniforca.com
Instagram: @eleniforca | X: @eleniforca



### Glenn Turner | LUNTIAN

Alisin ang Genocide! Ang mga pondo ng pensyon ng estado (CalSTRS at CalPERS) ay namuhunan ng mahigit sa $3 bilyon sa mga kumpanyang nagnenegosyo sa Israel; Ang Tagaingat-Yaman ng California ay miyembro ng kanilang mga lupon. Dapat tayong humiwalay sa Israel, mga manufacturer ng armas, at mga fossil fuel. Kailangan natin ng buwis para sa mga bilyonaryo, jubilee sa utang ng mag-aaral, mas mataas na sahod, Pangangalagang Pangkalusugan para sa Lahat, mga pampublikong bangko upang tumulong sa pagpopondo ng pabahay, at isang safety net para sa 99%. Bilang retiradong may-ari ng maliit na negosyo (30+ taon), nagpaplano ako para sa susunod na 5–10 taon, at maingat kong sinusubaybayan ang pera. Magplano tayo para sa ating kinabukasan, hindi para sa pagtitipid. Bumoto sa *LeftUnitySlate.org* Para sa higit pa: *GlennTurner26.org*

P.O. Box 7005, Berkeley, CA 94707 | Tel: (510) 527-2855
E-mail: glennturnerforstatetreasurer@gmail.com

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## TAGAINGAT-YAMAN



### David Serpa | REPUBLIKANO

*Asawa. Ama. Beterano. Negosyante. Mamamayang Labis na Binubuwisan. www.serpaforCA.com*

Tel: (951) 691-7798 | E-mail: davidserpahomes@gmail.com
Facebook: https://www.facebook.com/DavidSerpaforThePeople?mibextid=wwXIfr
TikTok: tiktok.com/@davidserpaforcalifornia



### Jennifer Hawks | REPUBLIKANO


Hindi ako matagal nang pulitiko, at iyon mismo ang dahilan kung bakit ako tumatakbo para maging Tagaingat-Yaman ng Estado ng California. Isang residente ng Silicon Valley simula pa noong 1983, nasubaybayan ko ang paglago, pagbabago, at pagharap ng California sa mga tuluy-tuloy na kumplikadong hamon sa pananalapi. Dito ako nagkaroon ng pamilya, nagtrabaho sa malalaking organisasyon, at naglingkod ako sa komunidad at mga pampublikong lupon kung saan kailangang balansehin ang mga badyet at ang mga desisyon ay may tunay na kahihinatnan. Itinuro sa akin ng mga karanasang iyon na hindi sapat ang mga mabuting intensyon. Ang mahusay na pamamahala sa pananalapi ay nangangailangan ng disiplina, pagpapatuloy, at pananagutan. Ang mga hamon sa pananalapi ng California ay hindi nangyari nang magdamag. Bunga ang mga ito ng ilang taon na desisyong ginawa nang walang sapat na masusing pagsisiyasat o pangmatagalang disiplina. Ako ay detalyado at matiyaga, at naniniwala akong responsibilidad ng Tagaingat-Yaman na magtanong ng mahihirap na tanong, subaybayan ang daloy ng pera, at magbigay ng malilinaw na sagot sa publiko kapag may mukhang hindi tama. Ang katapatan, integridad, at transparency ay hindi mga slogan; ang mga ito ay mahahalagang tungkulin ng katungkulan na ito. Ang Opisina ng Tagaingat-Yaman ay dapat tumakbo nang may mahigpit na pangangasiwa, nasusukat na mga pamantayan sa pagganap, at ganap na transparency para sa mga nagbabayad ng buwis, lokal na pamahalaan, at mga mamumuhunan. Bilang Tagaingat-Yaman, uunahin ko ang masusing pag-audit, malinaw na pag-uulat, at praktikal na disiplina sa pananalapi upang palakasin ang pundasyong pampinansyal ng California. Ang opisinang ito ay umiiral upang pangalagaan ang pera ng publiko, nang hiwalay sa mga agenda ng pulitika. Ang aking pagtutuunan ay sa kung ano ang pinakamakakabuti sa mga tao ng California. Responsableng pangangasiwa, pananagutan, at pangmatagalang katatagan sa pananalapi. Iboto si Jennifer Hawks *www.hawksforus.com*

P.O. Box 60415, Palo Alto, CA 94306 | Tel: (650) 305-5003
E-mail: jennifergogop@yahoo.com

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## TAGAINGAT-YAMAN



### Tony Vazquez | DEMOKRATIKO

Habang nahaharap ang California sa ilan sa pinakamatitinding hamon, ang seguridad ng pananalapi ay ang nangungunang dapat bigyan ng prayoridad. Ang pangangasiwa ng ikaapat na pinakamalaking ekonomiya sa mundo ay nangangailangan ng matibay na pananagutan sa pananalapi, mga masusing pamamaraan at protokol, at determinasyon na maging patas sa lahat ng pagsusuri sa pananalapi. Sa nakalipas na 40 taon, inialay ko ang aking buhay sa ikabubuti ng California. Ako ay naging aktibo sa mga pundasyong pang-edukasyon at pangkomunidad, lokal at munisipal na pamamahala bilang miyembro ng Konseho ng Lungsod at Alkalde ng Santa Monica, at representasyon sa buong estado bilang miyembro ng Board of Equalization ng California. Sa loob ng maraming taon, naglingkod ako bilang Tagapangulo ng BOE at umupo ako sa Franchise Tax Board na kumakatawan sa mga nagbabayad ng buwis sa buong estado at sa Distrito 3, ang county na may pinakamalaking populasyon sa estado. Naniniwala ako na ang dapat unahin ngayon ng California ay ang abot-kayang pabahay. Upang harapin ang hamon na ito, sa BOE, sinimulan ko ang isang Proyekto sa Streamlining at Efficiency para sa aming mga proseso, kasanayan, at pamamaraan sa exemption, at nagpasimula ako ng kampanyang pang-edukasyon upang ipaalam sa mga aplikante ng pabahay na may mababang kita kung paano mag-claim ng exemption sa buwis sa ari-arian. Magdadala ako sa aking kandidatura ng isang natatanging pananaw tungkol sa kung ano ang pinakamakabubuti sa California. Mahal ko ang California. Ang natatanging kumbinasyon ng populasyon nito sa buong mundo at ang likas na kagandahan nito ay naging pang-akit sa lahat ng bumibisita. Kung maihahalal akong Tagaingat-Yaman ng Estado ng California, ilalaan ko ang aking buong atensyon sa tumpak na pangangasiwa sa pananalapi, mga malikhaing pamamaraan sa mga pangunahing hamon, at pagbuo ng isang mahusay na pangkat ng mga propesyonal upang matulungan ang California na matugunan at malampasan ang lahat ng hamon nito sa pananalapi.

12501 Imperial Hwy., Ste. 200, Norwalk, CA 90650 | Tel: (310) 664-8949
E-mail: vazquez4treasurer@tonyvazquez.org | Facebook: tonyvazquezca | X: @tonyvazquezca

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## ATTORNEY GENERAL

- Bilang punong opisyal ng batas ng estado, tinitiyak na naipapatupad ang mga batas ng estado at iniimbestigahan ang mga mapanloko o ilegal na aktibidad.
- Namumuno sa Kagawaran ng Hustisya, na nagbibigay ng mga serbisyo ng abogado ng pamahalaan ng estado at kumakatawan sa estado sa mga sibil at kriminal na kaso sa hukuman.
- Pinangangasiwaan ang mga ahensya sa pagpapatupad ng batas, kabilang ang mga abogado ng distrito at sheriff ng county.



### Marjorie Mikels | LUNTIAN

Ako ay isang Abugado, may Doctorate sa Batas sa UCLA, lisensyadong maging abugado sa California, Ninth Circuit at Korte Suprema ng Estados Unidos, at ineendorso ng Left Unity Slate at Partido Luntian. Itinataguyod ang Katarungan at Pananagutan, ito ang aking Mga Prayoridad: Suportahan ang Demokrasya at Usigin ang Mga Paglabag sa Karapatang Pantao; Protektahan ang Malayang Pananalita/Pigilan ang Censorship, sa mga silid-aralan/lahat ng lugar; Limitahan ang Pag-take Over ng Big Tech sa Media at ating Mga Buhay; Ipatupad ang Mabilis na Paglipat mula sa Mga Fossil Fuel/Nuclear patungo sa Mga Malinis na Renewable; Dagdagan ang Tunay na Seguridad para sa LAHAT ng Tao, LAHAT ng Karapatan; Itaguyod ang Pangkalahatang Pangangalagang Pangkalusugan, Mga Buwis sa Mga Bilyonaryo, at bawasan ang mga gastusin sa militar upang Wakasan ang Kahirapan; Itigil ang ICE at Imperyalismo; Labanan ang Fascism! Higit pang inspirasyon: <*marjoriemikels4justice.com*>

3542 Fruitvale Ave., #129, Oakland, CA 94602
E-mail: m4justice2026@gmail.com



### Michael E. Gates | REPUBLIKANO

Nararapat na maging ligtas muli ang mga pamilya sa California. Dumarami ang krimen, hindi na makontrol ang kawalan ng tirahan, laganap ang panloloko sa mga ibinabayad na dolyar ng nagbabayad ng buwis, at ang ating mga anak—lalo na ang mga batang babae—ay hindi napoprotektahan. Pagpapatupad ng batas at pagpapanatili sa kaligtasan ng mga pamilya, hindi paglalaro sa pulitika, ang dapat pagtuunan ng Opisina ng Attorney General. Ako ay isang asawa at ama ng lima, at tulad ng bawat magulang, gusto kong lumaki ang ating mga anak sa mga ligtas na komunidad. Kaya naman ang kaligtasan ng publiko ang palaging pangunahing binibigyan ko ng prayoridad. Bilang Abugado ng Lungsod para sa Huntington Beach, lumalaban ako para sa mga tao. Gumawa ako ng programa sa pag-uusig ng mga kriminal sa lungsod na naghatol sa mga krimen sa kalidad ng buhay at nakabawas ng krimen sa dobleng bilang. Napatunayan natin na kapag ipinapatupad ang batas, umuunlad ang mga komunidad. Bilang Attorney General, gagawin kong ilegal muli ang krimen sa pamamagitan ng pag-uusig sa lahat ng krimen, kasama ang pagpapatupad sa Panukala 36, at gagamitin ko ang batas upang tugunan ang kawalan ng tirahan sa pamamagitan ng pagpapanagot sa mga kriminal habang inaalis ang mga tao sa ating mga kalye at ipaggamot sila. Ipagtatanggol ko ang pulisya, susuportahan ko ang mga tagapagpatupad ng batas, at ipagtatanggol ko sila kapag sila ay inaatake nang hindi makatarungan. Magdadala rin ako ng mga napatunayan nang programa na nagpababa ng krimen at kawalan ng tirahan sa Huntington Beach sa mga lungsod sa buong California. Agresibo kong uusigin ang panloloko at katiwalian sa Sacramento, poprotektahan ko ang mga karapatan ng mga magulang, magpapatupad ako ng mga batas na pipigil sa mga batang lalaki na sumali sa sports ng mga babae, at susuportahan ko ang ID ng Botante. Seryosong katungkulan ito. Ipaglalaban ko ang mga ordinaryong taga-California at ibabalik ko ang pananagutan at kaligtasan sa California. Alamin pa sa *www.Gates4AG.com*.

E-mail: info@gates4ag.com | X: https://x.com/MichaelGatesESQ | Instagram: https://www.instagram.com/michael.e.gates/

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## COMMISIONER NG INSURANCE

- Pinamumunuan ang Kagawaran ng Insurance, na nagpapatupad sa mga batas sa insurance ng California at nagpapatibay ng mga regulasyon upang maipatupad ang mga batas.
- Nagbibigay ng lisensya, kumokontrol, at nagsusuri sa mga kumpanya ng insurance.
- Sinasagot ang mga tanong at mga reklamo ng publiko tungkol sa industriya ng insurance.



### **Patrick Wolff** | DEMOKRATIKO

Ang California ay nasa isang krisis sa insurance. Kailangan natin ng Commissioner ng Insurance na may malalim na kadalubhasaan sa insurance at pananalapi upang malutas ito—hindi isang tao na bahagi ng pulitika na ginawa ang problema. Hindi ako pulitiko, at kung mahalal ako, ito lang ang tanging katungkulan na tatakbo ako. Mula 2001–2005, nagtrabaho ako sa isang malaking bangko kung saan nagtayo ako ng insurance brokerage para sa tahanan at sasakyan. Mula noong 2005, nagtrabaho ako bilang pampinansyal na tagapagsuri kung saan, bukod sa iba pang sektor, sinuri ko ang mga insurance market at kumpanya ng insurance. Alam ko ang proseso ng insurance, at ginagawa ko ang lahat para maging patas, mahusay, at transparent ang ating sistema ng insurance. Ang Commissioner ng Insurance ay dapat maging kampeon para sa mga customer at tiyakin na *hindi kailanman* naiimpluwensyahan ng mga kumpanya ng insurance ang Departamento ng Insurance. Hindi tumatanggap ang aking kampanya ng anumang pera mula sa mga kumpanya ng insurance o kumpanya ng fossil fuel, at hindi ako kailanman tatanggap ng mga regalo mula sa mga korporasyon o espesyal na interes. Bago ako nagtapos ng kolehiyo noong 1997, isa akong kampeon na manlalaro ng chess: Naging grandmaster ako ng chess at dalawang beses na Kampeon sa US Chess. Alam ko kung paano lumaban at magtagumpay sa mahihirap, kumplikadong sitwasyon at gagamitin ko ang mga kasanayang iyon sa tungkulin bilang Commissioner ng Insurance. Mababasa ninyo ang aking detalyadong plano para ayusin ang krisis sa insurance sa *https://patrickwolff.com/my-plan*. Isang karangalan para sa akin na makuha ang inyong boto, at bilang inyong Commissioner ng Insurance, ako ay magiging Wolff sa *inyong* panig. *https://patrickwolff.com/*

3450 Sacramento St. #430, San Francisco, CA 94118 | Tel: (415) 323-6537 | E-mail: patrick@patrickwolff.com
Instagram: https://www.instagram.com/wolffonyourside/ | X: https://x.com/WolffOnYourSide

*Walang Isinumiteng Larawan*

### **Stacy A. Korsgaden** | REPUBLIKANO

Si Stacy Korsgaden ay isang lisensyadong propesyonal sa insurance (Lisensya #0750748), may-ari ng maliit na negosyo, at dati nang taga-California na tumatakbo para sa Commissioner ng Insurance upang maglunsad ng competitive na marketplace ng insurance na gumagana para sa mga consumer, hindi mga Bureaucrat. Sa loob ng halos 40 taon, siya ay direktang nakipagtulungan sa mga pamilya, nakatatanda, magsasaka, at maliliit na negosyo, at tumutulong na protektahan ang kanilang mga tahanan, kabuhayan, at kinabukasan. Nakita niya mismo kung paanong dahil sa labis na regulasyon, panghihimasok sa merkado, at pagkabigo sa pangangasiwa ay nagkaroon mas kaunting opsyon at mas mataas na mga presyo para sa mga consumer. Karanasan sa totoong mundo, hindi ideolohiya, ang dadahilhin ni Korsgaden sa trabaho. Bilang Commissioner ng Insurance, ipaglalaban ni Stacy ang isang malaya at patas na market na magpapanumbalik ng kumpetisyon. Simple lang ang kanyang layunin, mas mababang gastos, mas maraming pagpipilian, at isang maayos na insurance market na talagang akma para sa mga consumer. Magalang na hinihiling ni Stacy Korsgaden ang inyong boto upang maibalik ang kumpetisyon, pananagutan, at kaalaman sa insurance sa California.

PO Box 972, Grover Beach, CA 93483 | Tel: (805) 710-0732
E-mail: stacy@stacykorsgaden.com | X: @SKorsgaden | Facebook: Stacy Korsgaden for California Insurance Commissioner

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng ramdom na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## KOMISYONER NG INSURANCE



### Jane Kim | DEMOKRATIKO

Ang commisionerr ng insurance ay dapat gumagawa para sa inyo upang mapababa ang mga presyo, hindi para sa industriya upang mapalaki ang kita. Kaya nga hindi ako kailanman tatanggap ng kahit isang sentimo mula sa industriya ng insurance. Sa ngayon, bulok ang sistema ng insurance. Tinataasan ng mga kumpanya ng insurance ang ating mga rate, kinakansela nila ang ating coverage, at tinatanggihan nila ang ating mga claim habang kumikita sila nang malaki. Bilang Commisioner ng Insurance, *lilimitahan ko ang labis na kita* at *ifi-freeze ko ang inyong mga rate* kapag naghahain kayo ng claim. Gagawa ako ng pampublikong programang *Insurance para sa Lahat Kapag May Sakuna* para maprotektahan tayo kapag may sunog, baha, o lindol. Susupilin ko ang *ilegal na pagtatakda ng presyo*, pipigilan ko ang mga insurer na gumamit ng credit score na tanggihan ang coverage, at ipaglalaban ko ang *garantisadong pangangalagang pangkalusugan para sa bawat bata* sa California. Isa akong abugado para sa mga karapatang sibil, tagapag-organisa, at consumer advocate, at alam ko kung paano harapin ang malalaking hamon at magtagumpay para sa mga nagtatrabahong pamilya. Bilang naihalal na Tagapangasiwa ng San Francisco, nagtagumpay ako para sa *universal na walang matrikulang community college*, *kauna-unahang* $15 na minimum na sahod sa California, at *mga rekord na antas ng abot-kayang pabahay*. Nakamit ko ang suporta ng mga pinuno ng estado at bansa tulad nina Senador Bernie Sanders ng Estados Unidos, Controller Malia Cohen, mga guro, at manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan dahil alam nilang ipaglalaban ko *kayo*. Panahon na para sa isang sistema ng insurance na gagana para sa *lahat* ng nagtatrabahong pamilya, at ikagagalak kong makuha ang inyong boto. Bisitahin ang *JaneKim.org* para alamin pa.

371 Lakeport Blvd. #391, Lakeport, CA 95453
E-mail: info@janekim.org | Instagram: @janekim | Facebook: https://www.facebook.com/JaneKimCA



### Sean Lee | REPUBLIKANO

Si Sean Lee ay isang Ehekutibo ng Mga Serbisyong Pinansyal na nakatuon sa pagprotekta sa mga consumer, pamilya, may-ari ng bahay, nakatatanda, at maliliit na negosyo sa California. Sa loob ng mahigit dalawang dekada, natulungan ni Lee ang mga indibidwal at may-ari ng negosyo na maunawaan ang coverage ng insurance, pamahalaan ang mga panganib sa pananalapi, at gumawa ng matatalinong pasya. Dati na siyang nakikipagtulungan sa mga pamilyang nahaharap sa tumataas na premium, may-ari ng bahay na naghahanap ng maaasahang proteksyon, at nakatatanda na nag-aalala sa seguridad sa pananalapi. Nagsagawa si Lee, nang maaga sa kanyang karera, ng siyentipikong pananaliksik sa JPL / NASA sa pamamagitan ng Caltech, at bumuo siya ng disiplinado, nakabatay sa datos na pamamaraan sa pagsusuri ng mga kumplikadong problema. Kalaunan ay ginamit niya ang mga kasanayang iyon sa pagsusuri sa industriya ng insurance at mga serbisyong pinansyal. Naniniwala si Lee na ang Commissioner ng Insurance ay dapat isang hiwalay na regulator na nakatuon sa patas na rate ng insurance, malinaw na policy language, at malakas na proteksyon sa mga consumer. Sinusuportahan niya ang transparency, pananagutan, at epektibong sa mga kasanayan sa insurance. Sinusuportahan din ni Lee ang responsableng paggamit ng mga lumalabas na teknolohiya, kabilang ang artificial intelligence at InsurTech, upang mapaganda ang kahusayan at labanan ang pandaraya. *Kung mahalal, patuloy na magsisikap si Sean Lee na protektahan ang mga consumer at palakasin ang insurance marketplace ng California.*

300 Spectrum Center Drive, #400, Irvine, CA 92618 | Tel: (213) 568-5515 | E-mail: SeanLI@antai.us
Linkedin: www.linkedin.com/in/sean-lee-phd-0556624b/ | Facebook: www.facebook.com/ad.lee.39

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO


## COMMISSIONER NG INSURANCE



### Ben Allen | DEMOKRATIKO

Noong Enero 7, 2025, sumiklab ang Sunog sa Palisades ilang milya lang mula sa tirahan ko, na sumira sa isang komunidad na aking kinakatawan sa Senado ng Estado sa loob ng mahigit isang dekada. Ang pagtulong ko sa daan-daang nasasakupan ko na nawalan din sa sunog na matagumpay na makapag-file ng mga insurance claim ay nagbigay sa akin ng pagkakataong personal na masaksihan ang bulok na sistema ng insurance natin. Sa gitna ng usok, abo, at kawalan ng katiyakan, nakita ko kung ano ang hitsura ng pagkabigo. Dapat mas pagbutihin pa ng California. Iyon ang dahilan kung bakit ako tumatakbo para sa Commissioner ng Insurance: upang protektahan ang mga consumer, protektahan ang kapaligiran, at papanagutin ang pamahalaan sa mga taong pinaglilingkuran nito. Kailangan ng California ng mga pinuno na may determinasyon at rekord ng tagumpay upang makapaghatid ng mga resulta. Mayroon akong mahabang rekord ng tagumpay sa pagtatrabaho para sa kapakanan ng publiko: Sa Senado ng Estado, hinarap ko ang mga lobbyist sa industriya ng insurance, ipinasa ko ang ilan sa pinakamahihigpit na batas sa proteksyon ng consumer sa bansa, at pinangunahan ko ang mga pagsisikap na mamuhunan ng $10 bilyon sa pag-iwas sa sunog sa kagubatan, mga pagpapahusay sa imprastruktura ng tubig, at katatagan sa klima. Bilang Commissioner ng Insurance, ang aking #1 prayoridad ay unahin ang mga consumer. Ibig sabihin: *Pagpapanagot sa mga nagpaparumi: Pagbabayarin ko ang mga nagpaparuming korporasyon para sa mga pinsala sa klima na nagpapalaki ng gastos sa insurance. Patas na pakikitungo pagkatapos ng mga sakuna: Poprotektahan ko ang mga consumer at hihilingin ko sa mga insurer na pangasiwaan ang mas mabilis at matatag na pagbangon. Pag-iwas sa mga sakuna sa hinaharap: Papabilisin ko ang mga programa sa pamamahala ng mga halaman at kagubatan na magbabawas sa panganib ng sunog at magpapababa sa inyong mga gastos sa insurance. Malaya sa impluwensya ng industriya: Tinatanggihan ko ang mga kontribusyon sa kampanya ng industriya ng insurance.* Isang karangalan para sa akin na makuha ang suporta ng mga pinuno tulad ni Senador Adam Schiff ng U.S., at ng California Environmental Voters, California Professional Firefighters, at California Federation of Teachers. Umaasa rin akong makukuha ko ang suporta ninyo. *benallenca.com*

1700 Tribute Rd., Suite 201, Sacramento, CA 95815 | Tel: (805) 334-0154
E-mail: info@benallenca.com | Instagram: @benallenca | X: @BenAllenCA



### Robert P Howell | REPUBLIKANO


Ilang taon bago ang mga sunog sa Los Angeles, nagbabala ako na nabibigo ang sistema ng insurance ng California sa mga taong dapat nitong protektahan. Sa kasalukuyan, ang kabiguan na iyon ay nakakalungkot at hindi maikakaila. Bulok ang sistema ng insurance sa California, at hindi ito biglaang nangyari. Ilang taon nang nagpapatakbo ang mga kumpanya ng insurance nang walang gaanong pangangasiwa. Kinansela ang mga policy, binawasan ang mga scoverage, at tumaas ang mga premium, habang ang mga regulator ay nanatili lang sa tabi. Ginagawa ng mga taga-California ang tama. Binabayaran nila ang kanilang mga premium at sumusunod sila sa mga panuntunan. Ngunit kapag kailangan nila ng agarang coverage, binibigo sila ng sistema. Ang mga dati nang pulitiko na may utang na loob sa mga insider sa insurance ang gumawa ng mga problemang ito. Nangangako ako na *hinding-hindi* ako tatanggap ng mga donasyong pampulitika mula sa mga kumpanya ng insurance. Ako ay isang asawa, ama, at lolo. Isa akong may-ari ng negosyo na nakakaunawa ng pagiging abot-kaya sa totoong buhay. Bilang CEO ng kumpanyang gumagawa ng cybersecurity sa Silicon Valley, kumukuha kami ng mga manggagawa na American at namamahala kami ng mga bottom-line na badyet. Ang pagboto kay Robert Howell bilang Commissioner ng Insurance ay gagarantiya ng hiwalay na tagapagbantay para sa mga consumer. Papanagutin ko ang mga kumpanya ng insurance sa mga panuntunan at haharapin ko ang mga mapang-abusong kasanayan. Ipapatupad ko ang isang "Katipunan ng Mga Karapatan sa Mga Nagbabayad ng Insurance" upang protektahan ang mga policyholder mula sa mga hindi patas na pagkansela at hindi makatuwirang pagtaas ng rate. Karapat-dapat tayo sa isang Commissioner ng Insurance na nagpapatupad ng batas at sumasagot sa mga pangangailangan ng mga tao. Mga ordinaryong taga-California ang dapat unahin. Lubos kong sineseryoso ang responsibilidad na iyan. *Iboto si Robert Howell para sa Commissioner ng Insurance sa California*. Siya nga pala . . . mahigit 5.4 milyong taga-California ang bumoto kay Robert Howell para sa Commissioner ng Insurance noong 2022. Sa pagkakataong ito, sabay-sabay tayong manalo! *ElectRobertHowell.com CRAgop.org*

1145 Ardsley Ct., San Jose, CA 95120 | Tel: (408) 629-7600
E-mail: robert.howell@reagan.com | electroberthowell.org

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay pwedeng maging magkwalipikdong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## COMMISSIONER NG INSURANCE



### Eduardo “Lalo” Vargas | KAPAYAPAAN AT KALAYAAN

Taun-taon, mas mataas ang binabayarang premium ng insurance ng mga taga-California para sa mas kaunting coverage. Nangangako akong ifi-freeze ko ang mga rate ng insurance at papababain ko ang mga premium, iimbestigahan at papanagutin ko ang mga ehekutibo sa insurance para sa mga mapagsamantalang pamamaraan ng paghahabol, at lalaban ako para sa isang pampublikong sistema ng insurance na gumagarantiya ng ganap at patas na coverage para sa lahat. Bilang isang socialist, guro ng agham, tagapag-organisa ng unyon, dating bumbero, at EMT—malawak ang aking karanasan sa paglilingkod sa mga ordinaryong tao at inuuna ang kanilang mga interes. Iboto ang Socialist 2026! Iboto ang *LeftUnitySlate.org*.

Tel: (213) 770-8485 | E-mail: info@lalovargas4ca.com
lalovargas4ca.com | @lalovargas4ca



### Merritt Farren | REPUBLIKANO


Ako si Merritt Farren, isang nakaligtas sa sunog sa California, dating abogado ng Amazon, at dating pinuno ng mga operasyon sa batas, claim ng panauhin, at seguridad para sa Disneyland Resort. Nawalan ako ng tirahan sa sunog sa Pacific Palisades at nasaksihan ko kung gaano kabulok ang ating sistema ng insurance. Pagkatapos ng sunog, sumali ako sa mga pagdinig sa pagtaas ng rate ng State Farm upang kumatawan sa mga interes ng mga consumer. Ang California ay nasa isang krisis sa insurance. Milyun-milyon sa atin—mga indibidwal, pamilya, at negosyo—ang hindi makakuha ng insurance na kailangan natin. Ang mga nakakakuha ay nahaharap sa mabilis na tumataas na gastusin, at patuloy na lumalala ang pagtrato sa mga consumer. Posible ba ito? Ang California ang malaking sentro sa mundo para sa makabagong paglutas ng problema. Walang kapantay ang ating pribadong sektor. Ngunit pagdating sa reporma sa insurance, binigo tayo ng ating gobyerno. May karanasan ako sa dalawa sa mga pinakamakabago at pinakanakasentro sa customer na kumpanya sa mundo: ang Amazon at Disney. Pareho nilang nauunawaan na ang pagsasaalang-alang sa mga customer ay hindi nakakalimita sa tagumpay; ito ang pinakamahusay na paraan upang mapabilis ito. Gusto kong dalhin ang natutunan kong pagbabago na nakasentro sa customer sa regulasyon sa insurance ng California. Hindi unti-unting pagbabago. Tunay na reporma. Repormang magpapalawak sa inyong mga opsyon sa insurance, magpapababa sa inyong mga gastos, at magpapanatiling ligtas sa inyong pamilya. Ihalal ninyo ako bilang Commissioner ng Insurance, at makikita ninyo ang matapang na pag-iisip at mapagpasyang aksyon na kailangan natin—sa insurance sa tahanan, kalusugan, negosyo, at sasakyan. Ah, at itinuturing ko ang aking sarili na kandidato para sa Mga Prinsipyo ng California. Mahalaga sa akin ang mga bagay na pinakamahalaga sa mga taga-California: optimismo, pagkamalikhain, personal na responsibilidad, kaligtasan para sa ating mga komunidad, mga indibidwal na kalayaan, at malasakit para sa iba. Salamat, Merritt

26565 West Agoura Road, Suite 200, Calabasas, CA 91302 | E-mail: Merritt@MerrittFarrenca.com
@MerrittFarrenCA | Facebook: www.facebook.com/MerrittFarrenCA

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## KOMISYONER NG INSURANCE



### Steven Craig Bradford | DEMOKRATIKO


Si Steve Bradford ay tumatakbo para sa Commissioner ng Insurance ng California upang maibalik ang katatagan, pagiging patas, at pagiging abot-kaya sa marketplace ng insurance sa California. Isang dating Senador ng Estado at lingkod bayan, si Bradford ay may ilang dekada nang karanasan sa pamahalaan at paggawa ng patakaran sa kritikal na tungkuling ito, pati sa paglilingkod sa Komite sa Insurance ng Lehislatura ng Estado kung saan tumulong siya sa pagbuo ng kasunduan sa mga kumplikadong hamon sa regulasyon. Naniniwala si Bradford na walang taga-California ang dapat maharap sa matinding pinsala sa pinansyal kasunod ng isang sakuna na gawa ng tao o kalikasan, at makikipagtulungan siya sa mga insurer, regulator, lokal na pamahalaan, at consumer upang patatagin ang mga market, gawing mas abot-kaya ang insurance, at pigilan ang mga insurer na alisan hindi ma-cover ang mga taga-California. Kabilang sa plano ni Steve ang pagdadala ng transparency sa pagpepresyo ng insurance, pagbibigay-gantimpala sa mga taong nagpoprotekta sa kanilang mga tahanan, muling pagtatayo sa market ng insurance sa mga lugar na nasa malaking panganib, at pagsusulong ng mga makatuwirang rate. Susuportahan ni Bradford ang mga mas ligtas na hakbang para sa mga pinaka-nasa panganib, gagawin niyang moderno ang Departamento ng Insurance, at isasaalang-alang niya ang pagkakapantay-pantay. Sa buong karera niya, ipinaglaban ni Bradford ang mga nagtatrabahong pamilya, patas na access sa pangangalagang pangkalusugan, oportunidad sa ekonomiya, at proteksyon sa mga consumer. Sumulat siya ng batas upang palawakin ang access sa pangangalagang pangkalusugan, itaguyod ang literacy sa pananalapi, at protektahan ang mga komunidad sa buong estado, at napatunayan nang iniaangat niya ang mga taga-California na hindi sapat na napaglilingkuran. Kaya naman si Bradford ay ineendorso ng mga grassroot na Demokratiko, Teamsters, manggagawa sa konstruksyon, at ng mga lider tulad nina Kalihim ng Estado Shirley Weber, Tagaingat-Yaman ng Estado Fiona Ma, Kongresista Adam Gray, at Dating Presidente ng Senado ng Estado na si Toni Atkins—dahil kinikilala nila ang kanyang pamumuno, integridad, at walang humpay na pagtataguyod para sa pananagutan at isang maayos na insurance market. Sa Hunyo 2, iboto si Steve Bradford bilang Commissioner ng Insurance.
*Alamin pa sa www.bradfordforcalifornia.com*

E-mail: info@bradfordforcalifornia.com
X: https://x.com/stevebradford | Facebook: https://www.facebook.com/BradfordForCalifornia/

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA DISTRITO NG BOARD OF EQUALIZATION NG CALIFORNIA

## Mga County sa Bawat Distrito ng Board of Equalization




**Distrito 1**

Alpine, Amador, Butte, Calaveras, Colusa, El Dorado, Fresno, Glenn, Inyo, Kern, Kings, Lassen, Madera, Mariposa, Merced, Modoc, Mono, Nevada, Placer, Plumas, Sacramento, San Bernardino, San Joaquin, Shasta, Sierra, Siskiyou, Solano, Stanislaus, Sutter, Tehama, Tulare, Tuolumne, Yolo, Yuba

**Distrito 2**

Alameda, Contra Costa, Del Norte, Humboldt, Lake, Marin, Mendocino, Monterey, Napa, San Benito, San Francisco, San Luis Obispo, San Mateo, Santa Barbara, Santa Clara, Santa Cruz, Sonoma, Trinity, Ventura

**Distrito 3**

Los Angeles

**Distrito 4**

Imperial, Orange, Riverside, San Bernardino, San Diego


# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## BOARD OF EQUALIZATION

Naglilingkod sa Board of Equalization, ang inihalal na komisyon sa buwis ng estado, na:

- Nagtatasa sa ari-arian ng mga kinokontrol na riles ng tren at partikular na pampublikong utility, at nagtatasa at nangongolekta ng buwis sa pribadong railroad car.
- Nangangasiwa sa mga gawain sa pagtatasa ng 58 assessor ng county ng estado.
- Nagtatasa at nangongolekta ng buwis sa inuming alak, at kasamang namamahala sa buwis sa mga insurer.


## DISTRITO 1



### Donald E. Williamson | DEMOKRATIKO

35+ Taong Karanasan. Si Donald Williamson ay nakakuha ng 4 na Sertipikasyon mula sa Board of Equalization (B.O.E.) ng Estado. • Appraiser Certification • Permanent Appraisal Certification • B.O.E. Advanced Appraiser Certification • Instruktor ng B.O.E.—Nagtuturo ng Mga Klaseng Nagsesertipika ng Mga Appraiser • Consultant ng B.O.E. Deputy Assessor—B.O.E. Advanced Certified. Inihalal na Assessor ng San Bernardino County—3 Termino. #1 Prayoridad “Magandang Serbisyo Publiko”—Tinulungan ang Mahigit 30,000+ Biktima ng Sunog; Ang Assessor na si Williamson, ang Mahuhusay Niyang Tauhan ay nasa Evacuation Center at Field Araw-araw. Ginawaran ng Mga Opisyal na Akomodasyon. • Lumaban sa B.O.E.: Nanalo—Prinotektahan ang Mga Lungsod, Negosyo, Mobilehome/May-ari ng Bahay • Nagligtas ng 900+ Trabaho sa Victorville at Ontario • Tumulong ang Assessor na si Donald Williamson sa Mga Senior, Simbahan, Beteranong May Kapansanan, VFW—Matatanggap ng American Legions ang kanilang Ganap na Exemption. • Nag-sponsor ang Assessor na si Williamson ng Mga Nakatatanda/May Kapansanang May-ari ng Bahay—Madaragdagan ang Tulong sa Nangungupahan. Tumulong sa 10,000,000 Seniors sa Buong Estado. • Binawasan ang Lahat ng Labis na Pag-assess ng Buwis ayon sa Prop 8 at Kodigo ng Kita at Pagbubuwis R&T at Will Again. Ginawa ang Komite sa Pangangasiwa ng Badyet—Hindi Sumobra sa Badyet sa loob ng 12 Taon. Dating Pangulo: Central Southern California Assessor Association; Beterano: USMC—SEMPER FI, Kiwanis: Dating Tenyente Gobernador, Presidente 7 beses, Chairman: Programa sa Pagkain para sa Mga Pamilyang Nangangailangan, tumutulong sa Ronald McDonald House, Mga Convalescent Hospital, at Mag-aaral. Elks: Miyembro ng Karta, Miyembro ng American Legion. Kasal nang 49 Taon: Asawang si Martha. Mga Anak na Lalaki: Dale, James, at Donald II. Ineendorso ni: Presidente Mark Westwood—Yucaipa Mobilehome Residents Association. Inendorso ni Tim Prince Democratic Central Committee Parliamentarian. Sinusuportahan ng Mga Miyembro ng Unyon ng Teamsters AFL-CIO—iyon ay Mga Bumbero, HOD Carrier, Karpintero, Inhinyero,Trades, at Nars. Sinusuportahan ng: Mga Guro, Beterano, Senior, May-ari ng Bahay, at Nangungupahan. “Ako ang Magiging Tinig Ninyo sa Buong Estado” Iboto si Donald Williamson Distrito #1 ng Board of Equalization ng Estado

29102 Rosewood Lane, Highland, CA 92346 | Tel: (909) 709-9448 | E-mail: dwmson44@msn.com



### Nader F Shahatit | REPUBLIKANO

Ako si Nader Shahatit, isang consultant sa buwis at dedikadong advocate ng mga nagbabayad ng buwis na nakatuon sa pagbuo ng isang patas at pantay na sistema ng buwis para sa lahat ng taga-California. Poprotektahan ko ang Panukala 13 at maghahatid ako ng modernong pagbabago na pinapatakbo ng AI sa ating pangangasiwa ng buwis upang gawing mas simple, mas mabilis, at mas madaling ma-access ang mga serbisyo para sa mahigit 10 milyong residente ng Unang Distrito at sa buong California. Ang inyong boto ay ang inyong boses. Magalang kong hinihiling ang pagkakataong makuha ang inyong suporta, anuman ang inyong kinaaaniban sa pulitika.

28793 Beattie St., Highland, CA 92346 | Tel: (909) 936-0515
E-mail: shahatitnader@yahoo.com | shahatit4boe2026.com

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## BOARD OF EQUALIZATION

### DISTRITO 1



**Nelson Esparza** | DEMOKRATIKO

Si Nelson Esparza ay isang dedikadong public servant at subok nang kampeon para sa mga nagtatrabahong pamilya sa California. Lumaki sa Central Valley ng California, ang buhay at karera ni Nelson ay hinubog ng isang malalim na pangako sa oportunidad, pagiging patas, at kaunlarang pang-ekonomiya para sa lahat. Bilang isang matagal nang tagapagturo at propesor sa ekonomiya, dadalhin ni Nelson ang kadalubhasaan niya sa ekonomiya sa totoong buhay sa lupon ng buwis sa estado ng California. Sa Konseho ng Lungsod ng Fresno, nagsisilbi siyang Tagapangulo ng Komite sa Pananalapi at Pag-audit—kung saan siya ang humaharap sa mga kumplikadong isyu sa pananalapi araw-araw. Bukod pa rito, nakapaglaan na siya ng daan-daang milyong pamumuhunan para sa ating mga komunidad. Tumatakbo si Nelson para sa Board of Equalization ng Estado upang matiyak na patas ang sistema ng buwis ng California at nagbabayad nang tama ang mga korporasyon at mayayaman. Ipaglalaban ni Nelson ang pagsasara ng mga loophole sa pagbabayad ng buwis at pagsugpo sa mga umiiwas sa buwis, upang matiyak na magagawa ng ating mga lokal na pamahalaan na patuloy na mamuhunan sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, kaligtasan ng publiko, imprastruktura, at pag-unlad ng ekonomiya. Kasabay nito, tututulan niya ang mga bagong buwis sa mga middle class na pamilya at mga working class na pamilya na kinakapos sa panggastos. Ipaglalaban niya ang higit pang transparency sa ating sistema ng buwis, at ang patas at walang kinikilingang pag-assess ng buwis sa ari-arian. Si Nelson ay sinusuportahan ng mga guro, nars, tagapagpatupad ng batas, at maraming pinuno sa lokal, estado, at pederal na antas sa ating buong distrito—dahil alam nila na mayroon siyang karanasan at hangaring protektahan ang ating mga buwis at pampublikong serbisyo. Sa Hunyo 2, iboto si Nelson Esparza para sa Board of Equalization ng Estado—at alamin pa sa *nelsonesparza.com*.

E-mail: nelson@nelsonesparza.com
Facebook: facebook.com/esparzanelson | Instagram: @esparzaforBOE



**Shannon Grove** | REPUBLIKANO

Hindi ba't panahon na para magkaroon ng boses ang mga normal na tao kapag kailangan nila ng tulong mula sa ating pamahalaan ng estado sa Sacramento? Kaya nga ako tumatakbo para sa Board of Equalization. Ito ay isang opisina na maaaring hindi ninyo nababalitaan, na may tungkuling tumulong sa mga tao kapag sa tingin nila ay hindi patas ang pagbubuwis sa kanila ng gobyerno. Una, kaunting bagay tungkol sa akin. Lumaki ako sa Kern County. Pagkatapos ng high school, sumali ako sa U.S.Army, at pagkatapos ng aking serbisyo, nagsimula ako ng isang maliit na negosyo na tumutulong sa mga lokal na makahanap ng mga trabahong may magandang suweldo. Bilang may-ari ng negosyo, naranasan ko na rin ang mga walang katapusang regulasyon at red tape ng pamahalaan. Kalaunan, tumakbo at nanalo ako ng katungkulan sa Assembly, at pagkatapos, sa Senado ng Estado. Sa lehislatura, kilala ako bilang malakas, bipartisan na boses para sa kaligtasan ng publiko. Sa partikular, ako ang nanguna sa pagsisikap na gawing felony ang sex trafficking sa mga bata. Ito ay nilagdaan bilang batas at ngayon ay nakakatulong na sa pagprotekta sa mga pinaka-vulnerable na taga-California. Naging boses din ako para sa mga may-ari ng maliliit na negosyo, magsasaka, at rancher. Ang mga negosyong ito, na kadalasang pinapatakbo ng mga pamilya, ang siyang puso ng ating estado. Nagtrabaho ako nang husto upang mabawasan ang mga hindi patas na panuntunan, buwis, at bayarin, at gawing mas madali para sa mga negosyo na magsimula, lumago, at kumuha ng mas maraming tao. Bilang inyong kinatawan sa Board of Equalization, malinaw ang aking layunin: tiyaking mayroon kayong malalapitan kapag sa palagay ninyo ay hindi makatuwiran ang pagbubuwis sa inyo at kailangan ninyo ng tulong. Iyan ang pangako ko sa iyo.


E-mail: press@shannongroveca.com
Facebook: https://www.facebook.com/ShannonGroveForCA/ | Instagram: https://www.instagram.com/shannongrove4ca

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## BOARD OF EQUALIZATION

### DISTRITO 2



**John Pimentel** | DEMOKRATIKO

Nahaharap ang mga pamilya sa California sa tumataas na gastusin at hindi patas na sistema ng buwis. Kailangan natin ng praktikal, balanseng pamumuno na nakatuon sa pagiging patas, abot-kaya, at pananagutan. Isa akong Demokratikong gumagamit ng *sentido kumon* na: *Magwawakas sa buwis sa pagbebenta ng pagkain.* Ito ay lumalala at nagpapabigat sa mga nagtatrabahong pamilya, senior, at kabataan. *Isara ang mga loophole sa buwis* upang magbayad nang tama ang malalaking korporasyon at mayayaman. *Palakasin ang transparency at pananagutan* upang matiyak na karapat-dapat ang ating pamahalaan sa tiwala ng publiko. Naghatid ako ng mga resulta sa buong karera ko. Gumawa ako ng mahigit $1.5 bilyong proyekto sa renewable energy sa wind, solar, biofuel, at water recycling—na lumikha ng libu-libong trabaho sa unyon habang binabawasan ang mga gastos sa enerhiya. Bilang Deputy Secretary para sa Transportasyon ng California, nagpatupad ako ng mga makabagong kontratang nakabatay sa insentibo na mabilis na nagtayo muli ng mga freeway na napinsala ng lindol, nagbuklod ako ng mga ahensya upang maalis ang duplication, at pinalawak ko ang CHP upang mapabuti ang kaligtasan ng publiko. Bilang Tagapangasiwa ng community college, pinangunahan ko ang mga pagsisikap na gumawa ng Libreng Kolehiyo. Tumaas ang bilang ng mga nag-enroll nang 24% at 35,000 tao ang gumamit sa programa upang mabawasan ang gastos sa kolehiyo o mapahusay ang kanilang mga kasanayan at mapalaki ang kanilang kita. Ang aking kwento ay sumasalamin sa Pangako ng California. Ang lolo ko ay isang farmworker. Pumasok ang tatay ko sa kindergarten na hindi nagsasalita ng Ingles. Ang henerasyon ko ang unang nakapagtapos ng kolehiyo. Ako ay nag-aral sa community college sa Stockton, lumipat sa UC Berkeley, at nakatapos ng grad school sa Harvard. Binago ng pampublikong edukasyon ang aking buhay. Gusto ko itong suklian. Plano kong ayusin ang mga bulok na patakaran sa pagbubuwis at paggastos ng California, pababain ang gastos sa pamumuhay para sa mga nagtatrabahong pamilya, at tiyaking patas ang ating sistema ng pagbubuwis. *Buong galang kong hinihiling ang inyong boto.*

20 Park Road, Suite E, Burlingame, CA 94010 | Tel: (650) 210-6916 | E-mail: JPimentel2020@gmail.com
Facebook: https://facebook.com/JohnPimentelCA | Instagram: https://instagram.com/johnsmcccd/



**Sally J. Lieber** | DEMOKRATIKO

Isang karangalan para sa akin ang maglingkod bilang inyong kinatawan sa Board of Equalization ng Estado ng California, kung saan magsisikap ako na gawing mas responsable at transparent ang ating sistema ng buwis para sa mga taga-California. Sa Lupon, nagtrabaho ako upang palawakin ang abot ng tulong sa buwis sa ari-arian, palakasin ang access sa mga kredito sa buwis para sa Mga Beterano at pamilyang may mababang kita, dagdagan ang pampublikong impormasyon tungkol sa Panukala 19, at isulong ang mga proteksyon ng consumer para sa insurance ng mga may-ari ng bahay. Sinuportahan ko ang abot-kayang pabahay, mga proteksyon sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan para sa mga may-ari ng ari-arian, at tiniyak kong responsable at mahusay na tumutugon ang Lupon sa mga pagbabago sa batas sa buwis ng estado. Hindi ako tumatanggap ng mga kontribusyon mula sa mga komite sa mga PAC ng mga korporasyon at lagi kong igigiit na dapat magbayad nang tama ang mayayaman. Sa susunod na apat na taon, patuloy akong magsisikap para sa tama at patas na pag-assess ng buwis sa ari-arian, dagdag na tulong sa mga nagbabayad ng buwis, at mga patakarang sumusuporta sa abot-kayang pabahay, pagbangon mula sa sakuna, at katatagan ng ekonomiya para sa mga nagtatrabahong pamilya. Bilang miyembro ng Lupon, nanunumpa akong itataguyod ko ang Mga Konstitusyon ng Estados Unidos at California, kasama ang Panukala 13. Bago ako inihalal sa Lupon, naglingkod ako sa lokal, rehiyonal, at pang-estadong pamahalaan. Sa Assembly ng Estado ng California, ako ang sumulat ng batas upang itaas ang minimum na sahod sa buong estado, protektahan ang ating baybayin at ang San Francisco Bay, palawakin ang renewable energy, dagdagan ang mga scholarship ng Cal Grant, at nagsikap upang mapanatili ang libreng access sa community college sa buong estado. Ipinagmamalaki kong ineendorso ako ng mga guro at bumbero sa buong estado at mayroon akong panghabambuhay na 100% rating sa Planned Parenthood, Sierra Club, Congress of California Seniors, at Equality California. Ang pinakamahalaga, ipinagmamalaki kong paglingkuran kayo. Buong galang kong hinihiling ang inyong boto. *www.sallylieber.org*


333 W. San Carlos St., Suite 600, San Jose, CA 95110 | Tel: (650) 597-2587
E-mail: vote@sallylieber.org | Facebook: www.facebook.com/CAvoteSally

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## BOARD OF EQUALIZATION

### DISTRITO 2



**Bill Shireman** | REPUBLIKANO

Ang mga buwis sa California ay maaaring maging patas, madaling hulaan, at mapababa hangga't maaari—habang naghahatid ng tunay na halaga para sa mga pamilya, komunidad, at sa ekonomiya at kapaligiran. Ngunit kadalasan, sinasamantala at sinasayang ng mga power broker at mga may espesyal na interes ang ating pera. Ginugol ko ang aking karera sa pagtigil na iyon. Bilang isang bipartisan na lingkod bayan at pinuno ng negosyo, tumulong ako sa pagbuo sa modernong sistema ng pag-recycle ng California—na nakakabawas ng mga buwis, gumawa ng mga trabaho, at pumoprotekta sa ating baybayin at wildlife. Ang sistemang iyan ay nagbabayad para sa sarili nito at nakapag-recycle na ng mahigit kalahating trilyong lata, plastik, computer, at marami pa, nang hindi dumedepende sa mga buwis. Sa kasalukuyan, ang California ay nahaharap sa isang mas malalim na krisis sa pagiging abot-kaya. Umaalis ang mga pamilya dahil sa pabahay, upa, mga buwis, at insurance, na nagpapalawak sa hindi pagkakapantay-pantay, at nakakaapekto sa mga pampublikong paaralan. Ang Board of Equalization ay may napakahalaga ngunit nakakaligtaan na papel—pagprotekta sa mga may-ari ng bahay, pagpapatupad sa Panukala 13, at pagtiyak na ang mga buwis sa ari-arian ay patas at naaayon sa batas. Dapat protektahan—at gawing moderno—ang Panukala 13 upang muling makatulong ang California sa mga nagtatrabahong pamilya at maliliit na negosyo, hindi lang sa mga insider at bilyonaryo. Sa Board of Equalization, ako ay magiging isang konserbatibo sa pananalapi na may konsensya: • Pagtatanggol sa mga nagbabayad ng buwis mula sa mga hindi patas na pag-assess • Pagtataguyod ng abot-kayang pabahay at oportunidad • Pagtiyak na mahusay at transparent na napapangasiwaan ang mga buwis • Pag-aayos sa sistema para mabawasan at mabago ang mga buwis para mas marami tayong magawa gamit ang mas kaunting kita. Sa rekord ko, makikitang kaya nating bawasan ang mga buwis at maghatid ng dalawa hanggang apat na beses na mas mataas na halaga para sa bawat ginagastos na dolyar. Gawin nating kapaki-pakinabang muli ang California.

E-mail: Bill@SolutionCitizen.org | LinkedIn: linkedin.com/in/bill-shireman

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random n pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## BOARD OF EQUALIZATION


### DISTRITO 3



#### Yvonne Yiu | DEMOKRATIKO

Bilang inyong kinatawan sa Board of Equalization ng Estado, *gagamitin ko ang aking 25 taong karanasan sa pananalapi para magsilbi bilang tagapagbantay ng piskalya ng California, iingatan ko ang inyong mga dolyar na buwis, magsasagawa ako ng mga pag-audit para mahanap at maalis ang mga pag-aaksaya ng pamahalaan at gagamit ako ng teknolohiya para dagdagan ang transparency. Kasalukuyan akong naglilingkod sa Lokal na Lupon sa Pagpapayo sa Pamumuhunan ng Tagaingat-Yaman ng estado, kung saan tinutulungan ko ang mga komunidad na pamahalaan ang mga pamumuhunan, magbayad para sa mga pampublikong serbisyo tulad ng pulisya at bumbero, at mamuhunan sa kanilang imprastraktura*. Dumayo ako para manirahan sa U.S. mula sa Hong Kong noong ako ay 16 na taong gulang, pagkatapos ng pagkamatay ng aking ama. Sa pagsisikap ko, nakakuha ako ng *degree sa Economics sa UCLA*, *MBA sa Loyola Marymount University*, at kinilala ako bilang Certified Regulatory and Compliance Professional ng *Wharton Business School*. *Mayroon akong 10 securities license mula sa Federal Industry Regulatory Authority (FINRA)*. Pagkatapos magtrabaho sa mga nangungunang kumpanya sa pananalapi ng ating bansa, nagbukas ako ng sarili kong kumpanya ng pamumuhunan na may mahigit sa $1 bilyon na asset. Bilang Alkalde ng Monterey Park, sa aking karanasan sa pananalapi at payo, nakatipid ng mahigit $55 milyon, nabalanse ang ating mga badyet, at nabayaran ang mga serbisyo ng lungsod. Sa Board of Equalization, Poprotektahan ko *1) ang mga pananalapi ng California sa pamamagitan ng pagtiyak na may pananagutan at transparency, 2) Magsasagawa ng mga pag-audit para matuklasan at maalis ang mga pag-aaksaya ng pamahalaan, at 3) Bubuo ng mga programa para matulungan ang mga tao na magkaroon ng seguridad sa ekonomiya at maging abot-kaya ang California*. Bilang ina ng tatlong anak na lalaki, palagi akong lalaban para sa ating mga pamilya. Hindi ako pulitiko. *Isa akong reformer at ako ang tanging kandidato na may edukasyon, background at karanasan sa pampubliko at pribadong sektor para mapabuti ang pananalapi ng California, matiyak na maayos ang mga pamumuhunan, at matipid ang pera ng mga nagbabayad ng buwis.*

988 Kingsford Street, Monterey Park, CA 91754 | Tel: (951) 833-8185
E-mail: yvonneyiu@yahoo.com | www.yvonneyiu.com



#### Mike Gipson | DEMOKRATIKO

Ang Miyembro ng Asembleya na si Mike Gipson ay isang subok nang pinuno na may ilang dekada nang karanasan sa pakikipaglaban para sa mga nagtatrabahong pamilya. Tumatakbo siya para sa Board of Equalization upang ipaglaban ang pagiging patas, transparency, at pananagutan. Lalaban si Mike upang isara ang mga loophole sa buwis na sinasamantala ng mga bilyonaryo at korporasyon upang maiwasan ang pagbabayad ng kanilang patas na bahagi. Ipinanganak at lumaki sa Los Angeles, inialay ni Mike ang kanyang buong buhay sa serbisyo publiko. Nagtrabaho siya para sa mga unyon ng mga empleyado sa serbisyo at pampublikong tagapagturo, bilang lokal na miyembro ng konseho ng lungsod, dating lokal na opisyal ng pulisya, at kasalukuyang miyembro ng Assembly ng Estado ng California. Siya ang pinakamatagal na nanunungkulan bilang Demokratikong Caucus Chair ng Assembly sa kasaysayan ng estado. Bilang Miyembro ng Asembleya, isinulong ni Mike ang mga makabagong batas na nagpoprotekta sa mga bata at pamilya ng California mula sa ICE, mga batas na nag-aalis ng 3-D printed na “ghost gun” sa mga kalye at sa mga kamay ng mga kriminal, pagpopondo para sa mas malawak na access sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, at pangangalaga sa bata, at mga pamumuhunan sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip. Kaya sinabi ni Gobernador Gavin Newsom na, “Si Mike ay isang matapang na pinuno para sa mga tao ng ating estado.” Dating nagsilbi bilang Chief of Staff ng dating Chairman ng Board of Equalization, si Mike ay kasalukuyang naglilingkod bilang Chair ng Komite sa Kita at Pagbubuwis ng Assembly, na nangangasiwa sa Board of Equalization. Sa BOE, ilalaan ni Gipson ang mga pondong kailangan upang suportahan ang de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan, mahuhusay na paaralan, at mahahalagang serbisyong panlipunan na sumusuporta sa mga pamilya at komunidad sa buong estado. Sa Hunyo 2, iboto si Mike Gipson para sa Board of Equalization! Iniendorso ng mga nars, manggagawa sa konstruksyon, at guro sa silid-aralan. Bisitahin ang *mikegipson.net*


X: https://x.com/mgipson2014 | Facebook: https://www.facebook.com/MikeGipson4BOE

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## BOARD OF EQUALIZATION

### DISTRITO 4



### Cody Petterson | DEMOKRATIKO

Bilang Punong Kinatawan ng Board of Equalization sa Ikaapat na Distrito, si Cody Petterson ang pinakakwalipikadong kandidato sa balota. Tumutulong na siya sa pangangasiwa ng taunang pag-assess ng $167 bilyon sa mga ari-arian ng korporasyon at pag-assess ng buwis sa ari-arian sa 58 county ng California. "Tumatakbo ako upang ibalik ang naghihirap na middle class ng California, muling ayusin ang ating imprastruktura, muling mamuhunan sa ating mga paaralan, at pasiglahin ang produksyon at pagpapanatili ng pabahay para sa mga nagtatrabahong taga-California. Taglay ang kalahating dekadang karanasan sa BOE, ako ay may natatanging kwalipikasyon upang gamitin ang awtoridad ng Lupon upang matiyak na nagbabayad ang mga utility ng kanilang patas na bahagi para sa pampublikong edukasyon at iba pang serbisyo at gawing epektibo ang ating sistema ng buwis para sa mga nagtatrabahong pamilya." Bilang dating Presidente ng San Diego Unified School Board, binalanse ni Cody Petterson ang mahihirap na badyet at inuna niya ang kapakanan at akademikong pag-unlad ng ating mga anak. Tumulong si Cody sa pag-apruba ng mahigit 2,800 unit ng abot-kayang pabahay para sa mga guro at kawani—na triple ng kabuuan ng estado—at nagsisilbi siyang tagapagtatag na Tagapangulo ng San Diego Regional Housing Finance Authority. Sa Board of Equalization, siya ay nasa natatanging posisyon upang ipagpatuloy ang gawaing ito. Si Mike Schaefer, ang papalabas na Miyembro ng Lupon na papalitan sa posisyon ni Dr. Petterson, ay sinasabing, "Lubos kong iniendorso si Cody." Alam na alam niya ang trabaho at kayang-kaya niyang magsimula kaagad. Napakahusay ng mga ginawa niya para sa akin at magiging mahusay rin siya para sa mga nagbabayad ng buwis sa California."

Tel: (858) 314-8229 | E-mail: codypettersonsd@gmail.com
www.codyforequalization.com | Instagram: codyforequalization



### Gardner C. Osborne | LIBERTARIAN

Sa aking 25 taon na paglilingkod sa buwis bilang Enrolled Agent, na kumakatawan sa mga indibiduwal at maliliit na negosyo at 45 taon na residente, ang aking mga alalahanin ay ang labis na paggastos ng estado at ang pagprotekta sa Prop 13. Bilang mamamayang may katungkulan, lalaban sa pang-aabuso ng Lehislatura tulad ng pagbuo ng CDTFA na nag-alis ng pananagutan sa pagbubuwis sa hinalal na posisyong ito noong 2017, na pinalitan ng nakahiwalay na burukrasya. *Walang* mangyayaring *pagbabago* kung wala ang inyong *Boto* para kay *Osborne4Equalization.com*


1545 Grand Ave., San Diego, CA 92109 | Tel: (858) 733-5095
E-mail: gardner@osborne4equalization.com | osborne4equalization.com | Facebook: osborne4equalization

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## BOARD OF EQUALIZATION

### DISTRITO 4



**Martín Arias** | DEMOKRATIKO

Samahan ang Mga Bumbero ng California sa pagboto kay Martín Arias para sa Board of Equalization ng Estado ng California! "Ang Tagapagtaguyod ng Mga Nagbabayad ng Buwis na si Martín Arias ang tanging kwalipikadong kandidato at sertipikadong eksperto ng Board of Equalization ng Estado na pinagkakatiwalaan ng Mga Bumbero. Nakita natin ang magandang rekord ni Martín sa pagprotekta sa mga survivor ng wildfire mula sa hindi patas na buwis sa ari-arian at mga multa kapag muling itinatayo ang kanilang mga tahanan."—CAL FIRE Local 2881. *Bilang inyong Tagapagtaguyod ng Mga Nagbabayad ng Buwis, sa tulong ni Martín Arias, "nakatipid ng milyun-milyon ang mga nagbabayad ng buwis," at magbibigay din siya sa inyo ng bawas sa buwis!* Gamit ang mga programa sa pagtitipid sa buwis ng Board of Equalization ng Estado ng California, sa tulong ni Martin, NAKATIPID ANG MGA MAY-ARI NG BAHAY ng $31.8 milyon; NAKATIPID ANG MGA MATANDA ng $5.7 milyon; NAKATIPID ANG MGA NABALDANG BETERANO ng $36.8 milyon; at NAKATIPID ANG MGA SIMBAHAN, NON-PROFIT, ABOT-KAYANG PABAHAY, MALILIIT NA NEGOSYO, AT NANGUNGUPAHAN NG $228 milyon sa bawas sa buwis. Tinitiyak ni Martín ang transparency at pagiging patas—pinoprotektahan niya ang mga nangungupahan at may-ari ng bahay gamit ang natitipid sa buwis sa Prop 13. Bilang maipagmamalaking anak ng mga imigranteng nagtatrabaho, nauunawaan ni Martín ang mga paghihirap na kinakaharap ng maraming taga-California na nagtatrabaho mabuti at nagbabayad ng buwis ngunit nahihirapan pa ring magkaroon ng sariling bahay. Kaya naman lumalaban si Martín upang gawing mas abot-kaya ang California, poprotektahan niya kayo at ang inyong pamilya mula sa labis na pagbubuwis!
Si Martín ay nagtapos sa San Diego State University, ama ng dalawa, at asawa ng isang kahanga-hangang asawa at nagtatrabahong ina. Si Martín ay naglilingkod sa pamunuan ng USS MIDWAY at YMCA. Iniendorso ng mga bumbero, guro, kapitbahay, may-ari ng maliliit na negosyo, *Miyembro ng Board of Equalization ng Estado ng California na si Tony Vazquez*, at mga pinuno ng komunidad mula sa San Diego County, Orange County, Riverside County, Imperial County, at San Bernardino County, pati na rin ng mga Senador at Miyembro ng Kapulungan ng California Latino Legislative Caucus. "Isang karangalan para sa akin na makuha ang inyong boto at patuloy na ipaglaban kayo."—Martín Arias, Cell: (619) 483-1122 Alamin pa sa *www.VoteMartinArias.com*

3288 Adams Ave #16713, San Diego, CA 92176 | Tel: (619) 483-1122
E-mail: martin@votemartinarias.com | Facebook: martinarias.ca | Instagram: @martinarias.ca



**Tom Umberg** | DEMOKRATIKO

Tumatakbo ako para sa Board of Equalization upang maging inyong tagapagbantay—lumalaban upang gawing patas at pantay ang ating sistema ng buwis para sa mga ordinaryong taga-California habang tinitiyak na nagbabayad nang tama ang malalaking mayayamang korporasyon. Ang Board of Equalization ay nagbibigay ng pananagutan para sa bilyun-bilyong dolyar na buwis sa ari-arian, na nagpopondo ng mahahalagang lokal na serbisyo kabilang ang mga paaralan, ospital, aklatan, parke, at pagresponde sa emergency. Ako ang magiging boses ninyo para sa pagiging patas sa buwis, poprotekta sa mga may-ari ng bahay, nangungupahan, at maliliit na negosyo habang lumalaban sa mayayaman na lumalabag sa mga patakaran. Makikita sa rekord ko na mayroon akong malasakit sa mga nagtatrabahong pamilya at alam ko kung paano siguruhin ang pananagutan sa Board. Sa Senado ng Estado, isinulat ko ang batas na "Walang Hari" upang pigilan si Donald Trump na muling lumitaw sa balota ng California at sinuportahan ko ang mga batas na humihingi ng pananagutan mula sa ICE habang pinoprotektahan ang mga karapatang sibil para sa lahat ng taga-California. Bilang pederal na tagausig at opisyal ng Army JAG, hinatulan ko ang mga pulitiko at manggagawa ng gobyerno ng pandaraya, pang-aabuso, at katiwalian, pinanagot ko ang mga tiwaling dayuhang pamahalaan para sa mga pang-aabuso sa mga karapatang pantao, at inimbestigahan ko ang pananakot ng Partido Republikano sa mga botanteng Latino gamit ang mga bantay sa botohan sa araw ng halalan. Kamakailan, sumulat ako ng hakbang upang supilin ang impluwensya ng mga espesyal na interes sa ating mga halalan. Bilang isang maliit na negosyante, naiintindihan ko ang mga hamong kinakaharap ng ating mga negosyo at mga manggagawa. Ipinagmamalaki ko na sinusuportahan ako nina Gobernador Gavin Newsom, Senador ng U.S. na si Adam Schiff, Senador Steve Padilla ng California, Mga Propesyonal na Bumbero ng California, at mga unyon sa trabaho na kumakatawan sa mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, mga tagapagturo, at nars. Ikararangal kong matanggap ang inyong boto.

PO Box 1630, Sunset Beach, CA 90742 | Tel: (949) 679-0052
E-mail: Info@TomUmberg.com | www.TomUmberg.com

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## BOARD OF EQUALIZATION

### DISTRITO 4



**Denis Bilodeau** | REPUBLIKANO

Nararapat sa mga nagbabayad ng buwis sa Southern California ang isang pamahalaan na nagpoprotekta sa mga pamilya mula sa mas malaking gastos at sa maliliit na negosyo mula sa mga regulasyong nag-aalis ng mga trabaho. Tumatakbo ako upang maghatid ng malakas na proteksyon sa mga nagbabayad ng buwis at hiwalay na pangangasiwa sa $8.7 trilyong sistema ng buwis sa ari-arian ng California. Lumagda ako sa pangako ng *Howard Jarvis Taxpayers Association* na protektahan ang Panukala 13 at tutulan ang pagtaas ng buwis. Ako ay iniendorso ng *Reform California* at lalabanan ko ang iminumungkahing buwis sa itinakbong milya ng sasakyan. Bilang Presidente ng *Orange Taxpayers Association*, nilalabanan ko ang pag-aaksaya ng pamahalaan at humihiling ako ng transparency. Dala ko ang 25 taon ng serbisyo publiko, kabilang ang pamumuno sa Orange County Water District, kung saan binabalanse ko ang mga badyet, nagdadala ng pinakamataas na kalidad ng inuming tubig sa California, at pinoprotektahan ko ang kapaligiran. Bilang Miyembro ng Konseho ng Lungsod, nakatuon ako sa pagpapanatiling ligtas ng ating mga lugar at sa pagwawakas sa kawalan ng tirahan. Sa Board of Equalization, magsisikap akong bawasan ang mga gastos para sa lahat ng bagay mula sa mga singil sa kuryente at gasolina hanggang sa mga grocery at mga inireresetang gamot. Sinusuportahan ko ang matalinong pag-unlad na nagpoprotekta sa mga lugar at nagbibigay sa susunod na henerasyon ng patas na pagkakataon na magkaroon ng sariling bahay. Poprotektahan ko ang mga may-ari ng bahay mula sa mas mataas na buwis sa ari-arian na hahantong sa mas mataas na upa. Ako ay magiging walang kinakatigang boses para sa mga nagbabayad ng buwis. Iboto si *Denis Bilodeau para sa Board of Equalization*.

P.O. Box 1871, Orange, CA 92862 | Tel: (858) 633-3352
E-mail: info@BilodeauForBOE.com | BilodeauForBOE.com

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SUPERINTENDENTE NG PAMPUBLIKONG PAGTUTURO (INIHALAL NA POSISYON)

- Bilang puno ng mga pampublikong paaralan ng estado, nagbibigay ng instruksyon sa patakaran sa edukasyon sa mga lokal na distrito ng paaralan, at nakikipagtulungan sa komunidad ng edukasyon upang mapahusay ang akademikong pagganap.
- Pinamumunuan ang Departamento ng Edukasyon at nagpapatupad sa mga patakarang itinakda ng Lupon ng Edukasyon ng Estado.
- Naglilingkod bilang ex-officio na miyembro ng mga namamahalang lupon ng sistema ng mas mataas na edukasyon ng estado.



### Josh Newman

Ang California ang tahanan ng ikaapat na pinakamalaking ekonomiya sa mundo, na nangunguna sa buond mundo pagdating sa pagbabago at oportunidad. Dapat ipakita ng ating pampublikong sistema ng edukasyon ang katayuang iyan, ngunit karamihan sa mga estudyante sa California ay hindi nakakatugon sa mga pamantayan sa pagbasa, matematika, o agham na nasa antas ng baitang. Isa itong malinaw na senyales na ang ating sistema ay hindi nakahanay para sa tagumpay. Bilang beterano, negosyante, tagapagturo sa silid-aralan, at dating Senador ng Estado na namuno sa Komite sa Edukasyon ng Senado, nakita ko ang pambihirang potensyal ng mga mag-aaral ng California at ang mga istruktural na hadlang na pumipigil sa kanila. Ang malawak at desentralisadong sistema ng paaralan ng California, na may milyun-milyong estudyante at bilyun-bilyong dolyar ng buwis, ay kulang sa koordinasyon at pamumuno na kinakailangan upang matiyak na ang bawat mag-aaral, anuman ang heograpiya o pinagmulan, ay makakatanggap ng mataas na kalidad na pampublikong edukasyon na nararapat sa kanila. Tumatakbo ako para sa Superintendent ng Estado dahil kaya ng California na paghusayin pa at nararapat lang na pagbutihin pa nito. Sa Senado, ako ang sumulat ng mga pangunahing batas na nagpapabago sa mga paaralan, nagpapalakas ng suporta sa mga mag-aaral, nagpapalawak ng mga landas sa trabaho-teknikal, at nagpapabuti ng paghahanda para sa mga guro. Ako ay nakabuo ng mga koalisyon, nakalutas ng mga kumplikadong problema, at nakapaghatid ng mga resulta, at ipinagmamalaki ko na malaki ang nakuha kong suporta mula sa mga tagapagturo, magulang, tagapagpatupad ng batas, mga organisasyon ng negosyo, at mga unyon ng manggagawa sa buong California. Bilang Superintendent, dadalhin ko ang pagkakahanay at pakikipagtulungan na agarang kailangan ng ating sistema ng edukasyon, na nakatuon sa pagpapalawak ng mga suporta sa kalusugan ng pag-iisip, pagpapalakas ng pakikipagtulungan sa mga manggagawa at industriya, pag-ayon ng araw ng pasukan sa araw ng trabaho, at pagtiyak na epektibong inihahanda ng ating mga paaralan ang mga mag-aaral para sa isang mabilis na nagbabagong ekonomiya at ganap na pakikilahok sa ating demokrasya. Ang kinabukasan ng California ay nakasalalay sa lakas ng ating mga pampublikong paaralan. Nararapat lang na mapabuti pa ang ating mga mag-aaral.
*www.newmanforspi.com*

1400 N. Harbor Blvd., Suite 505, Fullerton, CA 92835 | Tel: (310) 463-5257
E-mail: josh@newmanforca.com | Facebook: joshnewmanca | Instagram: newmanforca



### Ainye Long

Si Bb. Long ay isang ikatlong henerasyong mag-aaral sa pampublikong paaralan sa California at ikalimang henerasyong guro sa pampublikong paaralan na nakatuon sa pagpapalakas ng California sa pamamagitan ng kabataan at edukasyon. Sa loob ng 19 na taon, siya ay naging pinuno na nagtuturo ng matematika sa Oakland, Richmond, Los Angeles, at San Francisco, na naglilingkod sa magkakaibang komunidad sa buong estado. Siya rin ay namuno bilang Direktor ng Pakikipag-ugnayan ng Pamilya at Komunidad, Presidente ng Lupon, at Superintendent ng Rehiyon, na bumubuo ng matibay na pakikipagtulungan sa pagitan ng mga paaralan at mga pamilya. Kasalukuyang guro ng matematika sa ika-8 baitang at Tagapangulo ng Departamento sa Willie L. Brown Middle School sa SFUSD, nagbabahagi siya ng kaalaman sa mga tagapagturo at itinataguyod niya ang kahusayan sa pagtuturo. Matapos maging tanging guro sa pampublikong paaralan sa halalan noong 2022, patuloy siyang namumuno nang may tunay na karanasan sa silid-aralan.

Tel: (445) 204-7284 | E-mail: Info@AinyeLong4CA.com | Instagram: @AinyeLong4CA | AinyeLong4CA.com

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SUPERINTENDENTE NG PAMPUBLIKONG PAGTUTURO (INIHALAL NA POSISYON)



### Frank Lara

Bilang pinuno ng unyon at guro sa pampublikong paaralan nang mahigit sampung taon, nasaksihan ko ang totoong nangyayari sa ating mga paaralan. Ang California ang ikaapat na pinakamalaking ekonomiya sa mundo, pero siksikan ang mga silid-aralan, luma na ang mga gusali ng paaralan, at kulang ang serbisyo sa mga mag-aaral. Bilang VP ng United Educators of San Francisco, nakita ko ang kapangyarihan ng mga manggagawang sama-samang lumalaban para sa isang mas mahusay na sistema. Itutulak ko na buwisan ang mga korporasyon at bilyonaryo para magkaroon ng kumpletong kawani ang mga paaralan at gawing moderno ang mga pasilidad. Ipaglalaban ko ang mas maliliit na klase, de-kalidad na espesyal na edukasyon, mga paaralang malaya sa ICE, mga pag-aaral na etniko, at libreng pangangalaga sa bata at kolehiyo para sa lahat. Iboto ang Sosyalista. Iboto ang *LeftUnitySlate.org*

4121 Montgomery St., Oakland, CA 94611 | Tel: (510) 626-0126
E-mail: info@frank4caschools.com | Instagram: frank4caschools | TikTok: frank4caschools



### Sonja Shaw


Binibigo ng mga pampublikong paaralan ng California ang ating mga anak. Wala pang kalahati ang nakakabasa o nakakasulat sa grade level. Inaatake ang sports ng mga babae, at nawawalan ng medalya at scholarship ang mga babaeng atleta. Marami pa nga ang nagbibihis sa kanilang sasakyan bago mag-ensayo dahil pakiramdam nila ay hindi sila ligtas sa mga locker room. Hindi ito katanggap-tanggap. Bilang ina ng dalawang anak na babae, ako ay inihalal na Presidente ng Lupon Paaralan ng Chino Valley Unified dahil humihingi ang mga magulang ang pagbabago. Isinakatuparan namin. Nang maupo ako sa pwesto noong 2022, naharap ng aming distrito ang mga problemang nakikita sa buong California: mababang marka, pagbaba ng mga marka sa pagsusulit, mga abalang pampulitika sa mga silid-aralan, at hindi pagiging patas at pribado sa mga batang babae. Pumili kami ng ibang landas. Nagtuon ulit kami sa pagbabasa, pagsusulat, at matematika. Mga protektadong sports at pribadong lugar para sa mga batang babae. Pigilan ang bureaucracy. Ibinalik ang mga mapagkukunan sa mga silid-aralan, kung saan nararapat ang mga ito. Hindi maikakaila ang mga resulta. Bumuti ang mga resulta ng mga mag-aaral, at kinilala ng hiwalay na pananaliksik ang aming distrito bilang modelo para sa pagbangon sa akademiko pagkatapos ng COVID. Ang tagumpay na iyon ay hindi nagmula sa mga kautusan ng Sacramento. Nagmula ito sa mga magulang na nagtulungan at nanindigan para sa sentido kumon. Bilang Superintendent ng Estado, dadalhin ko ang parehong pamumuno sa buong estado. Ako ay magiging hiwalay na advocate para sa mga mag-aaral at pamilya, hindi para sa mga taong may kinalaman sa pulitika. Simple lang ang plano ko: ibalik ang mataas na pamantayang pang-akademiko sa pagbasa, pagsusulat, at matematika; protektahan ang Titulo IX, na tumitiyak ng pagiging patas at ligtas para sa mga batang babae; bigyan ang mga magulang ng tunay pagkaroon boses sa paggawa ng mga desisyon; suportahan ang mahuhusay na guro; at alisin ang maaksayang bureaucracy. Ang blueprint ay umiiral sa lokal na antas. Napatunayan namin na epektibo ito. Maghatid tayo ng mga resulta para sa bawat mag-aaral ng California. Alamin pa sa *ShawForCA.com*.

6939 Schaefer Avenue, Suite D #119, Chino, CA 91710 | Tel: (949) 495-1310
E-mail: info@shawforca.com | X: @realSonjaShaw | Instagram: @SonjaShaw2026

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO


## SUPERINTENDENTE NG PAMPUBLIKONG PAGTUTURO (INIHALAL NA POSISYON)



### Gus Mattammal

Lumaki ako sa isang lugar na may hindi maayos na pampublikong paaralan, at nasaksihan ko ang isang buong henerasyon ng mga batang may mababang kita, karamihan ay mga Black at kayumanggi, na maapektuhan nito. Malaki ang sakripisyo ng mga magulang ko para mabigyan ako ng mas magandang pagkakataon, at ang edukasyon ang naging daan ko tungo sa mas magandang buhay. Sa California, ang ating mga mag-aaral na may mababang kita, na karamihan ay mga mag-aaral na may kulay, ay nabibigong makakuha ng edukasyong nararapat sa kanila. Hindi sila natutulungan. Malapit sa pinakamababa ang rank ng California sa US sa mga resulta sa kabila ng pagiging nasa top 20 sa paggastos. Taun-taon ay nagpapatuloy ang kawalang-katarungang ito, at ating mga anak ang magdurusa. Bilang Superintendent, babaguhin ko iyan. Ako ay 23 taon nang full-time na tagapagturo, at nakikipagtulungan sa mahigit 1,000 mag-aaral na may iba't ibang pinagmulan. Gumugol ako ng 19 na taon bilang senior executive ng isang kumpanya ng edukasyon na kinikilala sa buong bansa. Ako ay isang inihalal na kinatawan at ang may-akda ng isang aklat na nagbibigay ng isang matapang na agenda ng reporma para sa mga paaralan ng California at layunin para sa tungkulin ng Superintendent. Ako lang ang tanging kandidato na makakapagbigay sa inyo ng lawak at lalim ng karanasan sa edukasyon at sa inihalal na katungkulan upang matiyak na ang bawat mag-aaral, anuman ang pinagmulan, ay makakabasa ng libro, makakapag-math, at makakakuha ng trabaho. Hindi kailangan ng partisan ang edukasyon. Maaari nitong pagbuklurin ang mga tao, dahil gusto nating lahat na makakuha ng mahusay na edukasyon ang ating mga anak. Samahan ang mga mambabatas ng estado, mga guro, superintendent, magulang, at mag-aaral mula sa iba't ibang larangan ng pulitika sa pagsuporta sa akin. Madaling tandaan: *iboto natin si Gus!*

1900 S. Norfolk St., Suite 350, San Mateo, CA 94403 | Tel: (650) 451-5335
E-mail: gus@gusforca.com | Instagram: @theonetruegus | X: @theonetruegus



### Al Muratsuchi

Ako ay isang tagapagturo, dating presidente ng lokal na lupon ng paaralan, magulang sa pampublikong paaralan, at Chair ng Komite sa Edukasyon ng Assembly ng California, na may subok nang rekord ng pakikipaglaban para sa mga paaralan ng California sa loob ng ilang dekada. Tumatakbo ako para sa Superintendent ng Public Instruction dahil gusto kong maging pinakamahusay sa bansa ang mga pampublikong paaralan ng California. Bilang anak ng mga imigrante, produkto ng mga pampublikong paaralan, at isang unang henerasyong nagtapos sa kolehiyo mula sa Berkeley at UCLA, masigasig ako sa pakikipaglaban para sa pantay na pagkakataon sa edukasyon para sa lahat. Bilang Chair ng Edukasyon sa Lehislatura ng California, pinangunahan ko ang laban upang lubos na pondohan ang ating mga paaralan, bawasan ang laki ng mga klase, magbigay ng mas maraming sining at musika pati na rin ang teknikal na edukasyon sa karera, palawakin ang de-kalidad na mga programa sa preschool at pagkatapos ng eskwela, magbigay ng mga pagkain sa paaralan para sa lahat, at suportahan ang kalusugan ng pag-iisip at kapakanan ng mga mag-aaral. Para pahusyahin ang mga marka sa pagsusulit sa pagbasa, ako ang isa sa mga sumulat ng isang batas at naglaan ng pondo para sa mas maraming pagtuturo sa pagbasa na nakabatay sa phonics at batay sa agham ng pagbasa. Nang nagbanta ang mga pagsalakay ng imigrasyon sa ating mga mag-aaral, isinulat ko ang Safe Haven Schools Act ng California, upang pigilan ang ICE na makapasok sa ating mga paaralan. At upang ayusin ang ating mga luma at hindi ligtas na pasilidad ng paaralan sa buong estado, isinulat ko ang Panukala 2, ang $10 bilyong bono ng paaralan ng estado na inaprubahan ng mga botante ng California noong 2024. Ipinagmamalaki kong ineendorso ako ng mahigit 370,000 guro at kawani ng paaralan na kinakatawan ng California Federation of Teachers at ng California School Employees Association. Sa Hunyo 2, iboto si Al Muratsuchi para sa Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo. Bisitahin ang *www.AlforCaliforniaSchools.com*

P.O. Box 4375, Torrance, CA 90510 | E-mail: info@alforcaliforniaschools.com
X: www.x.com/AMuratsuchi | Instagram: www.instagram.com/almuratsuchi

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SUPERINTENDENTE NG PAMPUBLIKONG PAGTUTURO (INIHALAL NA POSISYON)



### Richard Barrera

Isang karangalan ang maglingkod bilang Senior Advisor ng Superintendent of Public Instruction ng Estado na si Tony Thurmond, at ang iendorso ng California Teachers Association (CTA), na kumakatawan sa mahigit 300,000 guro sa silid-aralan, nars, tagapayo, at tagapagturo. Mga Guro ng Taon sa California na sina Tammy Reina at Zenaida Rosario: “Nagtitiwala kami kay Richard na ipaglalaban niya ang aming mga mag-aaral at tagapagturo. Nagawa niya iyon sa loob ng 18 taon!” Bilang Presidente ng Distrito ng Unified School ng San Diego, ang pangalawa sa pinakamalaki sa estado, binago ko ang isang distrito na nasa krisis tungo sa isang pambansang modelo ng tagumpay. Sa lahat ng malalaking distrito ng lungsod, nasa ika-1 pwesto na tayo ngayon sa Pagbasa at Matematika sa “The Nation's Report Card.” Sa California, nangunguna kami sa Pagbasa, Matematika, Agham, Antas ng Nagsisipagtapos at pagiging handa sa Kolehiyo/Career. Nakamit natin ang tagumpay sa pamamagitan ng pagbabawas ng pag-aaksaya at bureaucracy, at direktang pamumuhunan sa ating mga mag-aaral, pamilya, at tagapagturo. Matagumpay kong hiniling sa mga botante nang 4 na beses na palitan ang 60 taong gulang na mga gusali ng mga makabago, napapanatiling paaralan na nakakapagpanatili ng kapaligiran. Itinaas namin ang mga suweldo ng mga tagapagturo nang 40%, nagbigay ng kumpletong pangangalagang pangkalusugan para sa pamilya at lumikha ng libu-libong abot-kayang tahanan para sa ating mga pamilya at mga tagapagturo. Lumaban ako para protektahan ang mga mag-aaral mula sa walang pusong administrasyong Trump: hindi pagpasok ng ICE sa ating mga paaralan, paninindigan para sa mga mag-aaral na LGBTQ, at pagpapatotoo sa Kongreso laban sa matinding pagbawas ni Trump sa edukasyon. Iniendorso ako ng mga pinaka-responsable sa tagumpay ng mga mag-aaral—mula sa mga guro sa silid-aralan ng CTA hanggang sa mga punong-guro ng paaralan ng United Administrators of Southern California, at ni Cindy Marten, ang Pangalawang Kalihim ng Edukasyon ni Pangulong Biden. Kasalukuyang Superintendent ng Public Instruction, si Tony Thurmond: “Walang kapantay ang rekord ng tagumpay ni Richard Barrera sa mga mag-aaral. Kaya nga niyaya ko siyang sumama sa amin sa Departamento ng Edukasyon ng California. Kaya sinusuportahan ko siya sa halalang ito." *BarreraforEdu.com*

1732 Granada Avenue, San Diego, CA 92102 | Tel: (619) 937-8619
E-mail: rbcoi@yahoo.com | Facebook: Richard Barrera | Instagram: richardbarrera2026



### Anthony Rendon

Binago ng pampublikong sistema ng edukasyon sa California ang buhay ko. Hindi ako naging mabuting mag-aaral noong high school. Halos hindi ako makapagtapos at nagtrabaho sa mga bodega at konstruksyon. Pero natuklasan ko ang aking hilig sa pag-aaral sa community college, nagtapos sa Cal State Fullerton, at nakakuha ng Ph.D. sa UC Riverside. Sa huli, ako ang naging Speaker ng Assembly ng Estado—isa sa mga matataas na opisyal ng publiko sa California—isang makabuluhang tagumpay para sa apo ng mga imigranteng Mehikano. Tumatakbo ako para sa Superintendent ng Public Instruction upang ipagpatuloy ang aking panghabambuhay na misyon na magbigay sa bawat bata, anuman ang kanilang pinagmulan, ng access sa mataas na kalidad na pampublikong edukasyon. Noong nagpatakbo ako ng mga programa sa early childhood na edukasyon sa maagang pagkabata para sa mga batang mahihirap, nakita ko ang mapaminsalang epekto ng mga pagbawas sa badyet ng estado. Kaya bilang Speaker ng Assembly, dinagdagan ko ang pondo sa edukasyon ng 50 porsyento, pagkatapos ay ipinatupad ang pinakamalakas na batas sa pangangasiwa sa edukasyon sa bansa, at matagumpay na nanindigan laban sa Administrasyong Trump upang protektahan ang ating mga paaralan at mga karapatang sibil. Sa kasalukuyan, ang mga paaralan ay hindi lamang nangangailangan ng mas maraming pamumuhunan kundi pati na rin ng tunay na reporma. Dapat na nakatuon ang ating mga paaralan sa mga pangunahing kasanayang kailangan ng mga bata upang magtagumpay. Dapat tayong mag-ingat sa labis na paggamit ng teknolohiya na sumisira sa kakayahan ng mga mag-aaral na matuto at umunlad. Ang pakikipagtulungang pamumuno sa pagitan ng mga magulang, tagapagturo, at mga paaralan ay mahalaga sa paglalagay ng naaangkop na mga hadlang kaugnay ng teknolohiya sa silid-aralan. Mas kaunti dapat ang mga abala sa mga mag-aaral sa klase. Hindi dapat makipagkumpitensya ang mga guro sa mga bilyon-bilyong dolyar na tech algorithm para ituro ang mga pangunahing kaalaman sa pagbasa, pagsusulat, matematika, agham, at sibika. Ang aking karanasan sa buhay ang nagbibigay sa akin ng mga tool upang maghatid ng makabuluhang pagbabago. Wala nang iba pang nararapat sa ating mga anak.
*www.anthonyrendon.org/*

249 E. Ocean Blvd., Ste. 814, Long Beach, CA 90802 | Tel: (916) 251-9380 | E-mail: info@anthonyrendon.org
Facebook: facebook.com/AnthonyRendonCA | Instagram: instagram.com/anthonyrendonca

Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay mula mismo sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng random na pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensya ang kawastuhan. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwedeng maging kwalipikadong lumabas sa balota.

## Motor Voter sa California

Sa programang Motor Voter sa California, mas napapadali at ligtas ang pagpaparehistro upang bumoto sa Departamento ng mga Motor Vehicle (DMV) ng California. Ang lahat ng kwalipikadong indibidwal na nagsasagawa ng mga transaksyon sa lisensya sa pagmamaneho, ID card, o pagpapalit ng address online, sa pamamagitan ng koreo, o nang personal sa DMV ay awtomatikong mairerehistro upang bumoto maliban na lang kung pipiliin nilang "mag-opt-out (hindi sumali)" sa awtomatikong pagpaparehistro ng botante.

Ang programang Motor Voter sa California ay para sa mga taga-California na 18 taong gulang o mas matanda pa at nakakatugon sa lahat ng sumusunod na pamantayan:

- Mamamayan ng Estados Unidos.
- Residente ng California.
- Hindi kasalukuyang nakakulong sa isang bilangguan ng estado o pederal para sa hatol na felony.
- Hindi kasalukuyang itinuturing ng hukuman na walang kakayahan para bumoto dahil sa kalagayan ng isip.

Maaaring maagang magparehistro para sa mga nasa edad na 16 at 17 taon. Awtomatikong magiging aktibo ang kanilang pagpaparehistro bilang botante kapag sila ay naging 18 taong gulang.

Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa *motorvoter.sos.ca.gov*.

Para magparehistro upang bumoto online, bumisita sa *registertovote.ca.gov*.

---

# Impormasyon sa Pagiging Pribado ng Pagpaparehistro ng Botante

**Ligtas sa Tahanan na Kumpidensyal na Pagpaparehistro ng Botante:** Ang ilang partikular na botanteng nahaharap sa mga sitwasyong nagbabanta sa buhay ay maaaring kwalipikado para sa katayuang kumpidensyal na botante kung sila ay mga aktibong miyembro ng programang Ligtas sa Tahanan. Kabilang dito ang mga biktima at survivor ng karahasan sa tahanan, pag-stalk, sekswal na pang-aatake, human trafficking, pagdukot sa bata, at pang-aabuso sa matanda/dependent na nasa hustong gulang, pati na rin ang mga empleyado/kontratista ng pampublikong entity na natatakot para sa kanilang kaligtasan dahil sa kanilang trabaho para sa isang pampublikong entity, at mga provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa kakayahang mag-anak, mga empleyado, boluntaryo, at pasyente na natatakot para sa kanilang kaligtasan dahil sa kanilang kaugnayan sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan para sa kakayahang mag-anak. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa programang Ligtas sa Tahanan ng Kalihim ng Estado nang walang bayad sa (877) 322-5227 o bumisita sa *sos.ca.gov/safeathome*.


**Pagiging Pribado ng Impormasyon ng Botante:** Ang impormasyon sa inyong affidavit ng pagpaparehistro ng botante ay gagamitin ng mga opisyal ng halalan upang magpadala sa inyo ng opisyal na impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto, gaya ng lokasyon ng inyong lugar ng botohan, at ang mga panukala at kandidato na lalabas sa balota. Ang pangkomersiyong paggamit ng impormasyon sa pagpaparehistro ng botante ay ipinagbabawal ng batas at itinuturing na maliit na pagkakasala. Maaaring ibigay ang impormasyon ng botante sa isang kumakandidato para sa katungkulan, komite ng panukala sa balota, o ibang tao para sa mga layuning nauugnay sa halalan, pag-aaral, pamamahayag, pulitika, o pamahalaan, alinsunod sa mapagpapasyahan ng Kalihim ng Estado. Ang lisensya sa pagmamaneho at mga numero ng social security, o ang inyong lagda na nasa inyong card ng pagpaparehistro ng botante, ay hindi maaaring i-release para sa mga layuning ito. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o kung gusto ninyong mag-ulat ng hinihinalang maling paggamit sa nasabing impormasyon, tumawag sa walang bayad na Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

# BABALA: IPINAGBABAWAL ANG ELECTIONEERING!

Maaaring magresulta ang mga paglabag sa mga multa at/o pagkakabilanggo.

## SAAN:

- Ipinagbabawal ang mga sumusunod na aktibidad malapit sa isang taong nakapila upang bumoto sa balota o na nasa loob ng 100 talampakan mula sa pasukan ng lugar ng botohan, pagboto sa gilid, o drop box ng balota.



## MGA IPINAGBABAWAL NA AKTIBIDAD:

- **HUWAG** hilingin sa isang taong iboto o hindi iboto ang sinumang kandidato o anumang panukala sa balota.
- **HUWAG** ipakita ang pangalan, larawan, o logo ng isang kandidato.
- **HUWAG** harangan ang access o tumambay nang malapit sa anumang drop box ng balota.
- **HUWAG** magbigay ng anumang materyal o maririnig na impormasyong pabor o laban sa sinumang kandidato o anumang panukala sa balota nang malapit sa anumang lugar ng botohan, sentro ng boto, o drop box ng balota.
- **HUWAG** magpaikot ng anumang petisyon, kasama ang para sa mga inisyatiba, referendum, recall, o mga nominasyon ng kandidato.
- **HUWAG** mamahagi, magpakita, o magsuot ng anumang gamit (sumbrero, shirt, karatula, button, at sticker) na may kasamang pangalan, larawan, logo ng isang kandidato, na sinusuportahan o tinututulan ang sinumang kandidato o anumang panukala sa balota.
- **HUWAG** magpakita ng impormasyon o makipag-usap sa isang botante tungkol sa pagiging kwalipikado ng botante na bumoto.

Ang mga pagbabawal sa electioneering na nakabuod sa itaas ay nakasaad sa Artikulo 7 ng Kabanata 4 ng Dibisyon 18 ng Kodigo ng Halalan ng California.

# BABALA: IPINAGBABAWAL ANG KATIWALIAN SA PROSESO NG PAGBOTO!

Maaaring magresulta ang mga paglabag sa mga multa at/o pagkakabilanggo.

## MGA IPINAGBABAWAL NA AKTIBIDAD:

- **HUWAG** magsagawa o sumubok na magsagawa ng panloloko sa halalan.
- **HUWAG** magbigay ng anumang uri ng kabayaran o suhol, sa anumang anyo o anumang paraan, upang impluwensyahan o subukang impluwensyahan ang isang tao na bumoto o hindi bumoto.
- **HUWAG** ilegal na bumoto.
- **HUWAG** subukang bumoto o tumulong sa iba na bumoto kapag hindi kwalipikadong bumoto.
- **HUWAG** makibahagi sa electioneering, kunan ng larawan o i-record ang isang botante na pumapasok o lumalabas sa isang lugar ng botohan, o humarang sa ingress, egress, o paradahan.
- **HUWAG** kuwestyunin ang karapatan ng isang taong bumoto o pigilan ang mga botanteng bumoto; iantala ang proseso ng pagboto; o mapanlokong abisuhan ang sinumang hindi siya kwalipikado o rehistrado na bumoto.
- **HUWAG** subukang hulaan kung paano bumoto sa balota ang isang botante.
- **HUWAG** magdala o magpadala sa isang tao ng armas malapit sa lugar ng botohan, nang may ilang pagbubukod.
- **HUWAG** pumunta o magpapunta ng taong nakauniporme ng opisyal ng kapayapaan, guwardiya, o tauhan na panseguridad malapit sa lugar ng botohan, nang may ilang pagbubukod.
- **HUWAG** i-tamper o pakialamanan ang anumang bahagi ng sistema ng pagboto.
- **HUWAG** i-forge, ipeke, o i-tamper ang returns ng halalan.
- **HUWAG** baguhin ang returns ng halalan.
- **HUWAG** i-tamper, sirain, o baguhin ang anumang listahan para sa pagboto, opisyal na balota, o lalagyan ng balota.
- **HUWAG** magpakita ng anumang hindi opisyal na lalagyan para sa pangongolekta ng balota na posibleng manlinlang sa isang botante para maniwala siyang isa itong opisyal na kahon para sa pangongolekta.
- **HUWAG** i-tamper ang kopya ng mga resulta ng pagboto.
- **HUWAG** pilitin o linlangin ang isang taong hindi nakakapagbasa o ang isang matanda na bumoto nang pabor o laban sa isang kandidato o panukala na salungat sa kanyang intensyon.
- **HUWAG** kumilos bilang opisyal ng halalan kung hindi naman.

HINDI MAGAGAWA NG MGA **EMPLOYER** na atasan o hilingin sa kanilang mga empleyado na dalhin sa trabaho ang kanilang balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, o hilingin sa kanilang mga empleyado na bumoto sa balota habang sila ay nasa trabaho. Sa panahon ng pagbibigay ng sahod o suweldo, hindi puwedeng maglakip ang mga employer ng mga materyales na sumusubok na mang-impluwensya sa mga pulitikal na opinyon o pagkilos ng kanilang empleyado.

Hindi maaaring subukan ng **MGA MIYEMBRO NG LUPON NG PRESINTO** na tukuyin kung paano bumoto ang isang tao o, kapag natuklasan ang impormasyong iyon, ihayag kung paano bumoto ang isang botante sa kanyang balota.

Ang mga pagbabawal sa aktibidad na nauugnay sa katiwalian sa proseso ng pagboto na nakabuod sa itaas ay nakasaad sa Kabanata 6 ng Dibisyon 18 ng Kodigo ng Halalan ng California.

# ID ng Botante sa California at Mga Kinakailangan sa Pagpaparehistro

## Sino ang Maaaring Magparehistro upang Bumoto sa California?

**Upang makapagparehistro, kayo ay dapat:**

- Mamamayan ng Estados Unidos at residente ng California
- May edad na 18 taon o pataas sa Araw ng Halalan (o 16 o 17 taong gulang upang maagang magparehistro)
- Hindi kasalukuyang nakakulong sa isang bilangguan ng estado o pederal para sa felony
- Hindi kasalukuyang itinuturing ng hukuman na walang kakayahan para bumoto dahil sa kalagayan ng isip.

## Kailangan Ko Bang Magpakita ng ID Upang Makaboto sa California?

Kadalasan, HINDI. Hindi karaniwang hinihiling ng California sa mga botante na magpakita ng kanilang pagkakakilanlan sa mga botohan.

## Kailan Kayo MAAARING Hingan ng ID?

Maaaring hingan kayo ng ID kung naaangkop lang ang LAHAT ng sumusunod:

- Ito ang unang beses na boboto kayo sa isang pederal na halalan
- Nagparehistro kayo upang bumoto sa koreo o online, AT
- Hindi ninyo ibinigay ang inyong ID o Numero ng Social Security (SSN) sa CA nang magparehistro kayo

Aabisuhan kayo nang maaga kung naaangkop ito sa inyo.

**Hihingi lang ng ID ang mga manggagawa sa halalan kung malinaw na nakasaad sa listahan ng botante na kailangan ito.**

**Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa *vote.ca.gov* o tawagan ang aming Hotline para sa Botante sa (800) 339-2957.**

## Anong mga Uri ng ID ang Tinatanggap (kung kinakailangan)?

**Maaari kayong magpakita ng ID na may larawan o wala, pati ng:**

- Lisensya sa Pagmamaneho sa California o ID card sa Estado
- Pasaporte ng U.S.
- ID ng Mag-aaral o Militar
- Opisyal na sulat mula sa isang ahensya ng pamahalaan
- Sweldo o tseke mula sa pamahalaan
- Bayarin sa utility o bank statement

Para sa kumpletong listahan, tingnan ang: *www.sos.ca.gov/elections/hava-id-standards*

Hindi kinakailangan ng photo ID, isa lang ito sa maraming valid na opsyon. Ang ID ay hindi kailangang may address ninyo o inisyu ng pamahalaan.

## Walang ID Kapag Bumoboto?

Maaari pa rin kayong gumamit ng pansamantalang balota. Bibilangin ang inyong balota kapag nakumpirma na ng mga opisyal ng halalan na nakarehistro kayo upang bumoto sa county na iyon at hindi pa kayo nakakaboto sa halalang iyon.

## Tingnan ang Inyong Katayuan Bilang Botante Online

Bisitahin ang page na Aking Katayuan Bilang Botante (My Voter Status) ng Kalihim ng Estado sa *voterstatus.sos.ca.gov* upang malaman ang inyong katayuan bilang botante, mahanap ang inyong lugar ng botohan o sentro ng boto, at marami pang iba.

Upang malaman ang inyong katayuan bilang botante, kakailanganin ninyong ilagay ang inyong pangalan, apelyido, petsa ng kapanganakan, at lisensya sa pagmamaneho o numero ng card ng pagkakakilanlan sa California, o ang huling apat na digit ng inyong numero ng social security.

Bumisita sa *voterstatus.sos.ca.gov* para sa mahahalagang detalye ng botante.

# Malayuang Naa-aacess na Sistema ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Ang malayuang naa-access ng sistema ng pagboto sa pamamagitan ng koreo (RAVBM) ay isang online na tool na nagbibigay-daan sa lahat ng botante, pati sa may kapansanan, na ma-access, mabasa, at mamarkahan ang kanilang mga napili sa balota gamit ang anumang device. Dahil dito, ang mga botanteng may mga kapansanan ay nabibigyan ng pagkakataong basahin at markahan ang kanilang mga napili sa balota nang pribado at malaya gamit ang mga sarili nilang assistive technology.

Mahalagang tandaan na ang RAVBM ay HINDI isang uri ng pagboto sa internet.

Bagama't maaaring markahan online ang mga napili sa balota gamit ang sistemang RAVBM, kailangan ay i-print at ibalik ng botante ang kanyang mga napili sa aktwal na balota sa opisyal ng halalan sa kanyang county.

## Paano Gumagana ang RAVBM?

Maaaring i-access at markahan ng mga botante ang kanilang mga napili sa balota gamit ang anumang computer na may access sa internet. Ang sistema ay puwede sa mga screen reader. Dapat i-print ng botante ang mga may markang napili sa balota, at ibalik niya ito bago magsara ang mga botohan nang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi maaaring ibalik ang mga napili sa balota sa RAVBM sa pamamagitan ng email. Ilang botante lang ayon sa Batas sa Absentee na Pagboto ng Mga Nakauniporme at Nasa Ibang Bansa na Mamamayan (UOCAVA) ang maaaring magbalik nito sa pamamagitan ng fax.

Upang matiyak ang pagiging pribado ng mga napili ng bawat botante, hindi sino-store ng sistemang RAVBM ang mga napili ng botante o hindi ipinapadala ang mga ito sa pamamagitan ng internet. Ang bawat county ay nangangasiwa ng RAVBM nang may kaunting pagkakaiba-iba. Gayunpaman, karaniwang inilalarawan ng sumusunod na limang hakbang ang proseso ng RAVBM sa buong California:

## Paano Ako Makakaboto Gamit ang Sistemang RAVBM?

1. **Maghanap o humiling ng link sa pag-access ng RAVBM sa inyong county.** Makipag-ugnayan sa Opisina ng Halalan ng inyong county sa pamamagitan ng telepono, email, o sa pamamagitan ng website ng halalan ng inyong county upang humiling ng link sa pag-access ng RAVBM.

2. **Sundin ang link upang ma-access ang mga instruksyon at markahan ang inyong mga napili sa balota.** Dadalhin kayo ng link sa pag-access sa isang certification page. Pagkatapos mapatunayan ang inyong pagkakakilanlan, maaari na ninyong suriin ang mga instruksyon ng inyong RAVBM. Pagkatapos ay magpapatuloy kayo sa pagmamarka ng inyong mga napili sa balota sa sarili ninyong device, gamit ang sarili ninyong assistive technology, kung kinakailangan. Naglathala ang Disability Rights California ng video na nagpapakita ng sistemang RAVBM.

3. **Suriin at i-print ang inyong mga napili sa balota sa RAVBM.** Suriin ang inyong mga napili sa balota at gumawa ng mga pagwawasto kung kinakailangan. Pagkatapos makumpleto, sundin ang mga instruksyon para sa pag-print ng inyong mga napili sa balota.

4. **Ilagay sa sobre ang inyong mga napili sa balota sa RAVBM.** Lagdaan at sarhan ang sobre. Kung nakatanggap kayo ng balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, dapat ay mayroon itong kasamang opisyal na return envelope para sa balota. Gamitin ang sobreng ito upang ibalik ang inyong mga naka-print na napili sa balota sa RAVBM. Tandaang lagdaan ang likod ng sobre, sarhan ang sobre, at lumagda sa pagitan ng 2 butas.

   **Paalala:** Kung wala kayong opisyal na return envelope para sa balota, makipag-ugnayan sa Opisina ng Halalan sa inyong county upang humiling ng kapalit. Kung walang sapat na oras bago ang Araw ng Halalan upang makatanggap ng kapalit na sobre, tingnan ang mga instruksyon sa pagbabalik tungkol sa paggamit ng karaniwan, hindi opisyal na sobre. Maaaring kailanganin ninyong i-print ang isang bahagi ng sobre, o ng isang "deklarasyon," mula sa mga materyales na ibinigay nang i-access ninyo ang sistemang RAVBM.

5. **Ibalik ang inyong mga napili sa balota sa RAVBM sa nilagdaan at sinarhang sobre.** Ibalik ang inyong mga napili sa balota sa RAVBM sa pamamagitan ng koreo, o sa anumang drop box ng balota sa inyong county, anumang lugar ng botohan o sentro ng boto sa inyong county, o sa Opisina ng Halalan sa inyong county. Kung may ibang taong magbabalik ng mga napili ninyo sa balota para sa inyo, siguraduhing kasama sa sobre ang kanyang pangalan, kaugnayan (sa inyo), at lagda. Para sa karagdagang gabay sa kung paano maibabalik ang inyong mga napili sa balota sa RAVBM, tingnan ang mga instruksyon sa pagbabalik o tawagan ang Opisina ng Halalan sa inyong county.

# Tulong sa Mga Botanteng May Kapansanan

Nangangako ang California sa pagtiyak na makakaboto ang bawat botante nang pribado at mag-isa.

Para sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa kung anong tulong ang ibinibigay ng inyong county sa mga botanteng may mga kapansanan, tingnan ang inyong Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County, o makipag-ugnayan sa opisyal ng halalan sa inyong county. Makikita ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng county sa *sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices*.

## Pagboto sa Lugar ng Botohan o Sentro ng Boto

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagmamarka ng inyong balota, maaari kayong pumili ng hanggang dalawang tao upang tumulong sa inyo. Ang taong ito ay hindi maaaring:

- Inyong employer o sinumang taong nagtatrabaho para sa inyong employer
- Ang pinuno ng inyong unyon sa trabaho o sinumang nagtatrabaho para sa inyong unyon sa trabaho

Ang *pagboto sa gilid* ay magbibigay-daan sa inyong iparada ang inyong sasakyan nang malapit sa lugar ng botohan hangga't maaari. Dadalhin sa inyo ng mga opisyal ng halalan ang isang listahan na dapat ninyong lagdaan, isang balota, at iba pang materyal sa pagboto na maaaring kailanganin ninyo, nasa gilid man kayo ng daan o nasa sasakyan.

Ang lahat ng lugar ng botohan at sentro ng boto ay dapat nagagamit ng mga botante na may mga kapansanan at magkakaroon dito ng mga madaling magamit na machine sa pagboto.

## Pagboto sa Tahanan

Ang malayuang naa-access na sistema ng pagboto sa pamamagitan ng koreo (RAVBM) ay nagbibigay ng nagagamit na opsyon para sa mga botanteng may mga kapansanan na matanggap ang kanilang mga balota sa tahanan at mamarkahan ang mga ito nang mag-isa at pribado bago ipadala ang mga ito pabalik sa mga opisyal ng halalan. Makipag-ugnayan sa opisyal ng halalan sa inyong county para sa higit pang impormasyon.

## Audio at Malaking Print na Patnubay sa Impormasyon ng Botante

Available ang gabay na ito sa audio at malaking print na bersyon sa Ingles, Chinese, Hindi, Japanese, Khmer, Korean, Spanish, Tagalog, Thai, at Vietnamese nang walang bayad.

Para mag-order:


Bumisita sa *vote.ca.gov*

Tumawag sa walang bayad na hotline para sa botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957

Mag-download ng audio na bersyong MP3 sa *voterguide.sos.ca.gov/tl/audio*

# MGA PETSANG DAPAT TANDAAN!

★★★★★★★★★★★★★★★★★★★★★★★★★★★★★★★★★★



## Huwag nang Ipaantala, Bumoto Na Agad!

**Ibalik ang inyong balota pagkatapos ninyo itong matanggap.**

**Ang panahon ng maagang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay magsisimula sa Mayo 4, 2026.**

**Bukas ang mga botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Hunyo 2, 2026, ang Araw ng Halalan!**

### MAYO

| Lin | Lun | Mar | Miy | Huw | Biy | Sab |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | 1 | 2 |
| 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 |
| 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 |
| 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 |
| 24 | 25 | 26 | 27 | 28 | 29 | 30 |
| 31 | | | | | | |

**Mayo 4**
Sisimulan ng mga opisyal ng halalan ng county na ipadala ang mga balota sa koreo sa o bago ang petsang ito.

**Mayo 4—Hunyo 2**
Panahon ng pagboto para ibalik ang balota.

**Mayo 5**
Magbubukas ang mga ligtas na drop box ng balota.

**Mayo 18**
Huling araw ng pagpaparehistro upang bumoto. Available ang pagpaparehistro ng botante sa parehong araw sa opisina ng halalan o lokasyon ng pagboto sa inyong county pagkalipas ng deadline ng pagpaparehistro ng botante, na hanggang sa at kasama ang Araw ng Halalan.

**Mayo 23**
Unang araw na magbubukas ang mga sentro ng boto sa mga county na may Batas sa Pagpipilian ng Botante para sa personal na maagang pagboto.

**Mayo 30**
Magbubukas ang mga lokasyon para sa personal na maagang pagboto sa buong California sa Sabado, Mayo 30. Bumisita sa *caearlyvoting.sos.ca.gov* para maghanap ng mga lokasyon at oras ng pagboto.

### HUNYO

| Lin | Lun | Mar | Miy | Huw | Biy | Sab |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
| 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 |
| 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 |
| 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 |
| 28 | 29 | 30 | | | | |

### Martes, Hunyo 2, 2026

Huling araw para bumoto nang personal o magpadala ng balota bago mag-8:00 p.m.

Bukas ang mga botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m.

Ibalik ang inyong balota pagkatapos ninyo itong matanggap. Dapat ma-postmark ang mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo nang hindi lalampas sa Hunyo 2.

**Hunyo 9**
Huling araw na maaaring makatanggap ang mga county ng mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo na naka-postmark bago ang Araw ng Halalan.

**Hunyo 24**
Huling araw para ayusin ang mga isyu sa lagda sa sobre ng balota bago mag-5:00 p.m.

**California Secretary of State**
**Elections Division**
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

NONPROFIT
U.S. POSTAGE
PAID
CALIFORNIA
SECRETARY
OF STATE

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service ®

HUNYO 2, 2026

# PANGUNAHING HALALAN

## MGA PETSANG DAPAT TANDAAN

**Mayo 4**
Sisimulan ng mga opisyal ng halalan ng county na ipadala ang mga balota sa koreo sa o bago ang petsang ito. Ibalik ang inyong balota pagkatapos ninyo itong matanggap.

**Mayo 4 – Hunyo 2**
Ang panahon ng maagang pagboto sa pamamagitan ng koreo.

**Mayo 5**
Magbubukas ang mga ligtas na drop box ng balota.

**Mayo 18**
Huling araw ng pagpaparehistro upang bumoto. Available ang pagpaparehistro ng botante sa parehong araw sa opisina ng halalan o lokasyon ng pagboto sa inyong county pagkatapos ng deadline ng pagpaparehistro ng botante, na hanggang sa at kasama ang Araw ng Halalan.

**Mayo 23**
Magbubukas ang mga sentro ng boto para sa unang araw sa mga county na may Batas na Pagpipilian para sa Botante para sa personal na maagang pagboto.

**Mayo 30**
Magbubukas ang mga lokasyon para sa personal na maagang pagboto sa buong California sa Sabado, Mayo 30. Bumisita sa *caearlyvoting.sos.ca.gov* para maghanap ng mga lokasyon at oras ng pagboto.

**Martes, Hunyo 2, 2026**
Huling araw para bumoto nang personal o magpadala ng balota bago mag-8:00 p.m. Bukas ang botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. Dapat ma-postmark ang mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo nang hindi lalampas ng Hunyo 2.

**Para sa mga karagdagang kopya ng Patnubay na Impormasyon para sa Botante na nasa alinman sa mga sumusunod na wika, mangyaring tumawag sa:**

**English:** (800) 345-VOTE (8683)

**Español/Spanish:** (800) 232-VOTA (8682)

**中文/Chinese:** (800) 339-2857

**हिन्दी/Hindi:** (888) 345-2692

**日本語/Japanese:** (800) 339-2865

**ខ្មែរ/Khmer:** (888) 345-4917

**한국어/Korean:** (866) 575-1558

**Tagalog:** (800) 339-2957

**ภาษาไทย/Thai:** (855) 345-3933

**Việt ngữ/Vietnamese:** (800) 339-8163

**TTY/TDD:** 711

**Madaling makita sa cellphone I-SCAN AKO**

**Nakapagrehistro ba kayo upang bumoto? Tingnan dito: *voterstatus.sos.ca.gov***

Sa pagsisikap na mabawasan ang mga gastos sa halalan, pinahintulutan ng Lehislatura ng Estado ang Estado at mga county na iisang patnubay lang ang ipadala, sa pamamagitan ng koreo, sa bawat sambahayang boboto. Maaari kayong humingi ng mga karagdagang kopya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa opisyal ng halalan ng inyong county o pagtawag sa (800) 339-2957.

OSP 26 161307